
ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW • HULYO 2018

Liahona



Isang Pamana ng Pagkamatapat para sa Salinlahi, p. 44

Ating Layunin: Ibahagi ang Ebanghelyo sa 100 Tao, p. 18

Mas Malakas Pa Kaysa sa Lindol, Apoy, o Buhawi, p. 20

Mga Pioneer: Ano ang Nagtulak sa Kanila? p. 24



Mula sa “Pananampalataya na Sumulong,” pahina 24.

Liahona, Hulyo 2018



TAMPOK NA MGA ARTIKULO

12 ***Mga Banal:*** **Ang Kuwento ng Simbahan—Kabanata 5: Nawala na ang Lahat**
Matapos simulan ang pagsasalin ng mga lamina sa tulong ni Martin Harris, hinarap ni Joseph Smith ang mga bunga ng pagkakawala niya sa manuskrito.

18 **Paano Kami Nagtagumpay sa Pagbabahagi ng Ebanghelyo**
Ni Never Chikunguwo

20 **Huwag Tayong Mabigo na Makaramdam**
Ni Elder Jorge F. Zeballos
Sa mundo kung saan walang tigil ang ingay, tayo ay dapat makinig sa marahan at banayad na tinig upang malaman ang kagustuhan ng ating Ama sa Langit.

24 **Pananampalataya na Sumulong**
Ni Elder Ronald A. Rasband
Ang ating mga ninunong pioneer ay dumanas ng matinding paghi-hirap habang hinahangad nilang magtipon sa Sion.

30 **Pananatili ng Pananampalataya Kahit Nag-iisa**
Ni Ryan W. Saltzgiver
Sa kabila ng kawalan ng kapilya o kahit ward, ang mga Banal ay nagtrabaho nang husto upang itatag ang Simbahan sa kanilang inang-bayan.

36 **Ang Aklat ni Mormon ay Nakakapagpabago ng mga Buhay**
Ibinahagi ng mga bagong binyag kung paano sila tinulungan ng Aklat ni Mormon na tanggapin ang ebanghelyo.

MGA BAHAGI

4 **Mga Larawan ng Pananampalataya: Victor Barbinyagra**

6 **Mga Alituntunin ng Paglilingkod: Tumulong nang may Habag**

10 **Sa Pulpito: Pag-alam Kung Sino Ka—at Kung Sino Ka Noon Pa**
Ni Sheri L. Dew

40 **Mga Tinig ng mga Banal sa mga Huling Araw**

80 **Hanggang sa Muli Nating Pagkikita: Ang Aklat ni Mormon ay Naghahatid ng Kasaganaan**
Ni Pangulong Ezra Taft Benson



SA PABALAT
Ppaglalarawan ni David Green.

MGA YOUNG ADULT



44 Tatlong Paglalakbay ng mga Modernong Pioneer
Ni Sarah Keenan
Katulad ng mga sinaunang pioneer, ang pagsapi sa Simbahan ngayon ay nangangailangan ng lakas-ng-loob at sakripisyo.

48 Pakiramdam Mo Ba ay Nawawalan Ka ng Koneksyon? Subukan Mong Magdahan-dahan
Ni Charlotte Larcabal
Napagtanto ko na inilalayo ako sa Diyos ng aking mabilis at magulong paraan ng pamumuhay.



Tingnan kung makikita mo ang nakatagong Liahona sa isyung ito. Hint: Ano ang trabaho ng iyong lolo?

MGA KABATAAN

50 Pagharap sa Mahihirap na Tanong: Tatlong Alituntunin na Makakatulong
Ang pagtatanong ay isang mahu-say na paraan upang mapatatag ang iyong patotoo, at sa paglapit sa Panginoon para sa mga sagot matutulungan ka Espiritu.

54 Nang Maging Mahirap ang Paglilingkod
Ni Lyka T. Valdez
Ang pagsisilbi sa aking lolo ay hindi masaya—hanggang sa binago ko ang aking saloobin.

56 7 Payo sa Pagbibigay ng Mensahe
Ni Sarah Hanson
Maaaring nakakatakot ang pagsa-salita sa simbahan! Ngunit maaari mong gamitin ang mga tip na ito upang maghanda at makapag-bahagi ng makatawag-pansin na mensahe.

58 Paghahanda sa Buhay: Ano ang Ginagawa Natin sa Templo?

60 Isang Kaso ng Nakakalungkot na Sabbath
Ni Alyssa Nielsen
Natutuhan ko kung paano maka-kaluguran ang araw ng Sabbath sa halip na katakutan ito.

62 Poster: Mga Bracket

63 Ang Huling Bilin: Maaari Kang Maging Karapat-dapat sa Templo
Ni Elder Quentin L. Cook



MGA BATA



64 Ang Paglalakbay ni Isabelle
Ni Jessica Larsen
Mahaba ang paglalakbay, ngunit alam ng pamilya ni Isabelle na masusulit ang pagpunta sa templo.

66 Butihing Lolo at Lola
Ni Jenna Koford
Kinakabahan si Andrew sa Bring-a-Parent-to-School Day ng kanyang klase.

68 At Naging Walang-Hanggang Pamilya
Ni Jane McBride
Gustung-gusto ni Mia ang dam-damin na naramdaman niya sa bahay ng kaibigan niyang si Zoey.

70 Paningningin ang Iyong Liwanag: Isang Kaibigan at Isang Missionary

72 Nagpapatotoo ang mga Apostol tungkol kay Cristo
Ni Elder Gary E. Stevenson

73 Samahan ng mga Nagbabasa ng Aklat ni Mormon: Helaman 5:12

74 Ang Ating Pahina

75 Kard ng Bayani sa Lumang Tipan

76 Mga Kuwento sa Banal na Kasulatan: Ana at Samuel
Ni Kim Webb Reid

79 Pahinang Kukulayan: Kaya Kong Magbahagi sa Iba

HULYO 2018 TOMO 21 BLG. 7
LIAHONA 14798 893

Internasyonal na magasin ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw na inilimbag sa Tagalog

Ang Unang Panguluhan: Russell M. Nelson, Dallin H. Oaks, Henry B. Eyring

Ang Korum ng Labindalawang Apostol: M. Russell Ballard, Jeffrey R. Holland, Dieter F. Uchtdorf, David A. Bednar, Quentin L. Cook, D. Todd Christofferson, Neil L. Andersen, Ronald A. Rasband, Gary E. Stevenson, Dale G. Renlund, Gerrit W. Gong, Ulisses Soares

Patnugot: Hugo E. Martinez
Mga Assistant na Patnugot: Randall K. Bennett, Carol F. McConkie
Mga Tagapayo: Brian K. Ashton, Bonnie H. Cordon, LeGrand R. Curtis Jr., Edward Dube, Sharon Eubank, Donald L. Hallstrom, Douglas D. Holmes, Erich W. Kopischke

Namamahalang Direktor: Richard I. Heaton
Direktor ng mga Magasin ng Simbahan: Allan R. Loyborg
Business Manager: Garff Cannon

Namamahalang Patnugot: Adam C. Olson
Assistant na Namamahalang Patnugot: Ryan Carr
Publications Assistant: Francisca Olson
Writing at Editing Team: Maryssa Dennis, David Dickson, David A. Edwards, Matthew D. Flitton, Lori Fuller, Garrett H. Garff, LaRene Porter Gaunt, Jon Ryan Jensen, Charlotte Larcabal, Michael R. Morris, Eric B. Murdock, Sally Johnson Odekirk, Joshua J. Perkey, Jan Pinborough, Richard M. Romney, Mindy Selu, Chakell Wardleigh, Marissa Widdison

Namamahalang Direktor sa Sining: J. Scott Knudsen
Direktor sa Sining: Tadd R. Peterson
Disenyo: Jeanette Andrews, Fay P. Andrus, Mandie Bentley, C. Kimball Bott, Thomas Child, David Green, Colleen Hinckley, Eric P. Johnsen, Susan Lofgren, Scott M. Mooy, Emily Chieko Remington, Mark W. Robison, Brad Teare, K. Nicole Walkenhorst

Intellectual Property Coordinator: Collette Nebeker Aune
Tagapamahala sa Produksyon: Jane Ann Peters
Production Team: Ira Glen Adair, Julie Burdett, Thomas G. Cronin, Bryan W. Gygi, Ginny J. Nilson, Derek Richardson
Bago Ilimbag: Joshua Dennis, Ammon Harris

Direktor sa Paglilimbag: Steven T. Lewis
Direktor sa Pamamahagi: Troy R. Barker

Pagsasalin: Maria Paz San Juan

Ipadala ang mga suskrisyon at mga katanungan sa Manila Distribution Center, at ang mga balita para sa Dateline Philippines sa Liahona sa Area News Editorial Committee, Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, Temple Drive, Greenmeadows Subdivision, Quezon City 1110, Metro Manila, Pilipinas o sa PO Box 1505, Ortigas Center, Emerald Avenue, Pasig 1600, Metro Manila, Pilipinas. Numero ng telepono 635-9183. Halaga ng suskrisyon sa Pilipinas, P86.40 bawat taon; P4.00 bawat sipi, maliban sa mga natatanging labas.

Ipadala ang mga manuskrito at tanong online sa liahona.lds.org; sa pamamagitan ng koreo sa *Liahona*, Rm. 2420, 50 E. North Temple St., Salt Lake City, UT 84150-0024, USA; o mag-e-mail sa: liahona@ldschurch.org

Ang *Liahona* (salitang galing sa Aklat ni Mormon na ibig sabihin ay "kompas" o "panuro ng direksyon") ay inilalathala sa wikang Albanian, Armenian, Bislama, Bulgarian, Cambodian, Cebuano, Chinese, Chinese (pinasimple), Croatian, Czech, Danish, Dutch, Espanyol, Estonian, Fijian, Finnish, German, Griego, Hapon, Hungarian, Icelandic, Indonesian, Ingles, Italyano, Kiribati, Koreano, Latvian, Lithuanian, Malagasy, Marshallese, Mongolian, Norwegian, Polish, Portuges, Pranses, Romanian, Russian, Samoan, Slovenian, Swedish, Swahili, Tagalog, Tahitian, Thai, Tongan, Ukrainian, Urdu, at Vietnamese. (Ang dalas ng paglalathala ay nagkakaiba ayon sa wika.)

© 2018 ng Intellectual Reserve, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan. Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika.

Impormasyon tungkol sa karapatang-sipi: Maliban kung iba ang nakasaad, maaaring kumopya ng materyal ang mga indibiduwal mula sa *Liahona* para sa personal at di-pangkalakal na gamit (pati na para sa mga calling sa Simbahan). Ang karapatang ito ay maaaring bawiin anumang oras. Ang visual material ay hindi maaaring kopyahin kung may nakasaad na mga pagbabawal sa credit line sa gawang-sining. Ang mga tanong tungkol sa karapatang-sipi ay dapat ipadala sa Intellectual Property Office, 50 E. North Temple St., FL 13, Salt Lake City, UT 84150, USA; email: cor-intellectualproperty@ldschurch.org.

For Readers in the United States and Canada:
July 2018 Vol. 21 No. 7. LIAHONA (USPS 311-480) Tagalog (ISSN 1096-5165) is published monthly by The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, 50 East North Temple, Salt Lake City, UT 84150. USA subscription price is $10.00 per year; Canada, $12.00 plus applicable taxes. Periodicals Postage Paid at Salt Lake City, Utah. Sixty days' notice required for change of address. Include address label from a recent issue; old and new address *must* be included. Send USA and Canadian subscriptions to Salt Lake Distribution Center at address below. Subscription help line: 1-800-537-5971. Credit card orders (Visa, MasterCard, American Express) may be taken by phone or at store.lds.org. (Canada Poste Information: Publication Agreement #40017431)

POSTMASTER: Send all UAA to CFS (see DMM 507.1.5.2). NONPOSTAL AND MILITARY FACILITIES: Send address changes to Distribution Services, Church Magazines, P.O. Box 26368, Salt Lake City, UT 84126-0368, USA.

MARAMI PANG IBA ONLINE



Magbasa ng mga artikulo at magsumite ng sarili mong artikulo sa **liahona.lds.org**

Maghanap ng nakasisigla at maibabahaging mga mensahe (sa English, Portuguese, at Spanish) sa **facebook.com/liahona**





Magpadala ng feedback sa **liahona@ldschurch.org**

Mag-subscribe sa **store.lds.org**
O bumisita sa isang distribution center, magtanong sa mga lider ng ward, o tumawag sa 1-800-537-5971 (U.S. at Canada)



MGA ICON MULA SA GETTY IMAGES

MGA PAKSA SA ISYUNG ITO

Ang mga numero ay kumakatawan sa unang pahina ng artikulo.

Aklat ni Mormon, *12, 36, 73, 80*
Ama sa Langit, *20, 48*
Araw ng Sabbath, *56, 60*
Binyag, *74*
Espiritu Santo, *20, 68*
Gawaing misyonero, *18, 70*
Halimbawa, *40, 41, 70*
Jesucristo, *60, 72*
Joseph Smith, *12*
Kaligayahan, *4*
Kasaysayan ng Simbahan, *12*
Katapatan, *30, 75*
Katotohanan, *50*
Mga Templo, *58, 62, 63, 64, 74*
Pag-aaral ng banal na kasulatan, *48, 50*
Pagbabahagi, *79*
Pagbabalik-loob, *18, 36, 42, 44*
Paghihirap, *24, 43*
Pag-ibig sa Kapwa-Tao, *6*
Pagkakaibigan, *68, 70, 75*
Paglilingkod, *6, 54*
Pagsisisi, *63*
Pamilya, *62, 64, 66, 68*
Panalangin, *20, 48, 50, 76*
Pananampalataya, *30, 40, 43*
Pioneer, mga, *24, 30, 44*
Sakripisyo, *44, 64*
Tiwala, *10*



Napaaga ang pagsilang kay Victor nang tatlong buwan. Dahil dito, mayroon siyang ilang mga kapansanan at hindi nakapaglakad hanggang sa siya ay pitong taong gulang. Sa kabila ng mga hamon na kanyang kinakaharap, pinili ni Victor na maging masaya. Nakadarama siya ng kaligayahan sa pagtulong at pagpapakita ng pagmamahal sa ibang tao.

LESLIE NILSSON, RETRATISTA

Victor Barbinyagra

Kharkiv, Ukraine

Mayroon akong mga problema, tulad ng ibang tao. Hindi mas malaki o maliit ang mga ito, at kahit hindi natin malutas ang mga ito nang 100 porsyento, alam ko na makakayanan natin ang ating mga problema at makakikilos nang pasulong.

Dahil sa Simbahan, alam ko na maaari tayong maging masaya kahit ano pa ang mangyari, dahil ang plano ng Diyos ay isang plano ng kaligayahan. Naniniwala ako na ang kaligayahan ay nasa loob natin, hindi sa labas.

Ang kaligayahan ay nagmumula sa pagkakaroon ng pananam-palataya, pagtitiwala sa Diyos, at pamumuhay ng ebanghelyo. Tinutulungan tayo nito na mag-karoon ng tamang saloobin at gamitin kung ano ang mayroon tayo upang mapabuti ang ating mga sarili.


HANAPIN ANG IBA PA

Alamin pa ang tungkol sa paglalakbay ni Victor nang may pananampalataya sa **liahona.lds.org**.

Bisitahin ang "Plan of Salvation" sa lds.org/topics upang malaman kung paano tayo tinutulungan ng plano ng kaligtasan na makahanap ng kaligayahan.

Mga Alituntunin ng Paglilingkod

TUMULONG NANG MAY HABAG



Sa pagsunod mo sa halimbawa ng pagkahabag ng Tagapagligtas, makikita mo na makagagawa ka ng kaibhan sa buhay ng ibang tao.

Ang pagkahabag ay pagkakaroon ng kamalayan sa pagkabalisa ng ibang tao na may kaakibat na hangaring pagaanin o ibsan ito. Ang tipan na sundin ang Tagapagligtas ay isang tipan ng pagkahabag na "magpasan ng pasanin ng isa't isa" (tingnan sa Mosias 18:8). Ang atas na bantayan ang iba ay isang pagkakataon upang maglingkod na gaya ng Panginoon: nang may "kahabagan" (Judas 1:22). Iniutos ng Panginoon, "Magpakita ng kaawaan at ng kahabagan ang bawa't isa sa kaniyang kapatid" (Zacarias 7:9).

Ang Pagkahabag ng Tagapagligtas

Ang pagkahabag ang puwersang nagtulak sa paglilingkod ng Tagapagligtas (tingnan sa sidebar: "Isang Mahabaging Tagapagligtas"). Ang Kanyang pagkahabag sa Kanyang kapwa-tao ang naging dahilan para tulungan Niya ang mga nasa paligid Niya sa maraming pagkakataon. Dahil nalalaman ang mga pangangailangan at hangarin ng mga tao, napagpapala Niya sila at natuturuan sila sa mga paraan na pinakamahalaga sa kanila. Ang hangarin ng Tagapagligtas na iangat tayo para mawala ang pagkabalisa ay humantong sa pagpapakita ng habag: ang Kanyang Pagbabayad-sala para sa mga kasalanan at pagdurusa ng sangkatauhan.

Ang Kanyang kakayahang tumugon sa mga pangangailangan ng mga tao ay isang bagay na mapagsisikapan natin habang naglilingkod tayo. Sa pamumuhay natin nang matwid at sa pakikinig sa mga pahiwatig ng Espiritu, mabibigyan tayo ng inspirasyon na tumulong sa makabuluhang mga paraan.

Ang Ating Tipan ng Pagkahabag

Nais ng Ama sa Langit na maging mahabagin ang Kanyang mga anak (tingnan sa I Corinto 12:25–27). Upang maging mga tunay na disipulo, kailangan tayong magkaroon at magpakita ng habag sa iba, lalo na sa mga nangangailangan (D at T 52:40).

Sa pagtataglay sa ating sarili ng pangalan ni Jesucristo sa pamamagitan ng ating tipan sa binyag, sumasaksi tayo na handa tayong magpakita ng habag. Itinuro ni Pangulong Henry B. Eyring, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, na tinutulungan tayo



YOUR FAITH HAS MADE YOU WHOLE,
NI JORGE COCCO

Ang mga alituntunin ng paglilingkod ay nilayong tulungan tayong magmalasakit sa bawat isa—hindi para ibahagi gaya ng isang mensahe. Kapag nakikilala natin ang mga pinaglilingkuran natin, ipapahiwatig sa atin ng Espiritu Santo na malaman kung anong mensahe ang maaaring kailangan nila bilang karagdagan sa ating pangangalaga at habag.


ng kaloob na Espiritu Santo na gawin ito: “Kayo ay miyembro ng tipan ng Simbahan ni Jesucristo. . . .

“Kaya nga nadarama ninyo na gusto ninyong tulungan ang taong nahihirapan sa mabibigat na pasanin at pighati. Nangako kayong tutulungan ang Panginoon na mapagaan ang kanilang mga pasanin at mapanatag. Binigyan kayo ng kapangyarihang tulungan na mapagaan ang mga pasaning iyon nang matanggap ninyo ang kaloob na Espiritu Santo.”[1]

Halimbawa, isang sister sa Russia ang nagkaroon ng mahirap na situwasyon sa pamilya na humadlang sa pagdalo niya sa simbahan nang mahigit isang taon. Isa pang sister sa branch ang may habag na tumulong sa kanya tuwing Linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa kanya para sabihin ang tungkol sa mga mensahe, lesson, mga tawag sa misyon, sanggol na isinilang, at iba pang balita sa branch. Nang malutas ang sitwasyon sa pamilya ng sister na ito na nasa bahay lamang, nadama niyang bahagi pa rin siya ng branch dahil sa lingguhang pagtawag ng kanyang kaibigan. ■

TALA

1. Henry B. Eyring, “Ang Mang-aaliw,” *Liahona,* Mayo 2015, 18.



ISANG MAHABAGING TAGAPAGLIGTAS

Isiping pag-aralan ang ilan sa mga talatang ito para makita kung paano inudyukan si Jesucristo ng Kanyang pagkahabag na pagalingin, basbasan, at turuan ang mga taong nakapaligid sa Kanya noong Kanyang ministeryo: Mateo 9:35–38; 14:14; 18:27, 33; 20:30–34; Marcos 1:40–42; 5:19; 6:30–42; 9:22; Lucas 7:13; 10:33; 15:20.

GO AND DO LIKEWISE: THE GOOD SAMARITAN, NI JORGE COCCO

Apat na Mungkahi sa Pagkakaroon ng Habag

Bagaman madalas madagdagan ang pagkahabag matapos tayong dumanas ng mga pagsubok, may ilang bagay tayong maga-gawa ngayon para magkaroon ng pagkahabag. Mag-isip ng apat na paraan na maisasagawa mo ang apat na alituntuning ito.

1. Panalangin

Ipanalangin ito. Sa pagsamo mo sa Ama sa Langit, bubuksan Niya ang iyong puso, at "makadarama ka ng tapat na pagmamalasakit sa walang hanggang kapakanan at kaligayahan ng ibang tao" (*Mangaral ng Aking Ebanghelyo: Isang Gabay sa Paglilingkod ng Misyonero* [2004], 135; tingnan din sa Moroni 7:48).

2. Isagawa

Ipamuhay ito. Makapagpapakita ka ng habag sa pamamagitan ng pakikinig at pag-unawa. Ilagay mo ang sarili mo sa kanilang katayuan at isipin kung ano kaya ang maaaring nadarama nila. Kung angkop sa situwasyon at oras, maaari kang mag-alok na ibsan ang hirap, dusa, o pagkabalisa.

AWA, HABAG

3. Mga Pahiwatig

Sundin ang mga pahiwatig. Ang Panginoon ay makapaghahayag sa atin ng mga paraan para magpakita ng habag na maaaring hindi natin napupuna. Kapag nadama mo ang pahiwatig mula sa Espiritu na tulungan ang iba, huwag mag-atubiling kumilos ayon dito.

4. Pagkakaibigan

Maging personal na kaibigan. Ang pagpapakita ng habag ay maaaring kasing-simple ng pagpapakita ng tunay na interes sa buhay ng mga tao. Matutong makinig na mabuti (tingnan sa "Mga Alituntunin ng Paglilingkod: Limang Bagay na Ginagawa ng Mababuting Tagapakinig," *Liahona,* Hunyo 2018, 6–9). Madaragdagan ang pagmamahal mo para sa kanila, at magiging mas madaling makilala ang mga paraan para ipakita ang pagmamahal na iyon.

PAG-ALAM KUNG SINO KA—AT KUNG SINO KA NOON PA

Ni Sheri L. Dew

Ang bagong seryeng ito ay nagtatampok sa buhay ng matatapat na kababaihan at sa kanilang mga mensahe, na sinipi mula sa aklat na *At the Pulpit: 185 Years of Discourses by Latter-day Saint Women* (2017).

Kamakailan, ang aking 16 na taong gulang na pamangkin na babaeng si Megan at dalawa sa kanyang mga kaibigan ay pumunta sa bahay upang makitulog. Habang nagkukuwentuhan kami nang gabing iyon, ang isa sa kanila ay nagtanong sa akin kung ano ang pakiramdam na lumaki sa isang sakahan noong unang panahon. . . . Sinabi ko kay Megan at sa kanyang mga kaibigan na "noong unang panahon," masyado akong mahiyain at walang tiwala sa sarili.

"Paano ninyo napaglabanan ang pakiramdam na iyon?" tanong ni Megan. Isang maikling sagot ang ibibigay ko sana nang matigilan ako at naramdaman na ang mga kahanga-hangang young women na ito ay nagnanais ng sagot na higit pa rito. Kaya sinabi ko na ito ay dahil sa isang espirituwal na dahilan: Nagbago lamang ang pananaw ko sa sarili ko at sa buhay nang naintindihan ko ang pagtingin sa akin ng Panginoon. Mabilis silang nagtanong: Paano ko *nalaman* ang pagtingin ng Panginoon? At paano nila malalaman ang pagtingin Niya sa kanila?

Sa loob ng ilang oras, hawak ang mga banal na kasulatan, pinag-usapan namin ang tungkol sa kung paano makinig sa tinig ng Espiritu, tungkol sa kaluguran ng Panginoon na ipaalam ang kaalaman na nakatagong mabuti sa loob ng ating mga kaluluwa na may kinalaman sa kung sino tayo at ano ang misyon natin, at ang tungkol sa nakakapagpabago ng buhay na pagkakaibang nagagawa ng kaalamang ito.

. . . Walang bagay na mas mahalaga pa sa ating tagumpay at kaligayahan dito kaysa sa matutong makinig sa tinig ng Espiritu. Ang Espiritu ang nagbubunyag sa atin ng ating pagkatao—na hindi lamang kung sino tayo ngayon kundi kung sino tayo noon pa. At kapag nalaman natin



TUNGKOL KAY SISTER DEW

Si Sheri Linn Dew ay ipinanganak sa Ulysses, Kansas, USA, noong 1953. Siya ang pinakamatanda sa limang magkakapatid, at sa panahong natapos niya ang Grade 5, nagmamaneho na siya ng traktora sa sakahan ng kanyang pamilya. Tuwing Linggo ang kanyang lola na si Maudie Dew ay susunduin siya nang maaga upang magsimba, na ginagawa sa isang inupahang bulwagan. Wawalisin nila ang mga upos ng sigarilyo at lata ng beer upang ihanda ang silid para sa pagsamba. Ang pakikilahok sa isang maliit na branch ay nangangahulugang madalas siyang magsalita at magturo. Naging branch pianist siya noong dalagita siya at naglingkod sa Primary presidency ng branch nang siya ay 16 na taong gulang.

Nang makatapos ng history degree sa Brigham Young University noong 1978, nagtrabaho siya bilang editor sa Bookcraft. Nagsimula siyang magtrabaho sa Deseret Book noong 1988, at naging executive vice president noong 2000.

Siya ay 35 taong gulang nang mapabilang sa Relief Society general board noong panahon na si Barbara W. Winder ang pangulo nito. Siya ay 43 taong gulang lamang nang siya ay maging Pangalawang Tagapayo ni Mary Ellen W. Smoot sa Relief Society General Presidency noong 1997.

Hinikayat ni Sister Dew ang kababaihan na unawain ang kanilang kahalagahan sa kanyang diskurso sa 2001 BYU Women's Conference, na sinipi dito (naka-standardize ang pagbabantas).

ito, nagkakaroon ang buhay natin ng layunin na nakamamangha na hindi na tayo maaaring maging tulad ng dati.

. . . Ang ating mga kaluluwa ay lubos na nagnanais na matandaan ang katotohanan tungkol sa kung sino tayo, dahil ang pagtingin natin sa ating sarili, ang ating pagkatao, ay naaapektuhan lahat ng ginagawa natin. . . . Naaapektuhan nito ang paraan ng pamumuhay natin. Kaya, ngayon, iniimbita ko kayo na pagnilayan sa isang bagong paraan hindi lamang kung sino kayo ngayon kundi sino kayo noon pa man.

. . . Naisip ba ninyo na ang Diyos, na nakakikilala sa atin nang lubos, ay inireserba tayo na maparito ngayon, kung saan mas malaki ang nakataya at ang oposisyon ay higit na mas matindi? Kung kailan kakailanganin niya ang kababaihan na tutulong upang iangat at pamunuan ang isang piniling henerasyon sa pinakadelikadong espirituwal na kapaligiran? Naisip ba ninyo na pinili Niya tayo dahil alam Niya na tayo ay walang takot na magtatatag ng Sion?

. . . Marangal at dakila. Matapang at determinado. Puno ng pananampalataya at walang takot. Iyan ang kung sino kayo, at kung sino kayo noon pa. Ang pagkaunawa sa katotohanan na ito ay makapagpapabago ng inyong buhay, dahil ang kaalaman na ito ay nagdadala ng kumpiyansa na hindi maaaring gayahin sa kahit ano pang paraan.

. . . Kapag naunawaan ninyo na *kayo* ay pinili at inireserba para sa panahon ngayon, at kung kayo ay mamumuhay nang tapat sa misyon na iyon, kayo ay magiging mas masaya nang higit pa sa nadama na ninyo.

. . . Ang Diyos ang ating Ama, at ang Kanyang Bugtong na Anak ay si Cristo. Nawa'y magalak tayo na muling matikas na nakatayo para sa Tagapagligtas at naglilingkod nang may giting at lakas sa Kanyang ubasan. At nawa'y maging matapang tayo sa pagtataguyod ng Sion ng ating Diyos—dahil alam natin kung sino tayo ngayon at noon pa man. ■



KUWADRO MULA SA GETTY IMAGES





KABANATA 5

Nawala na ang Lahat

Ito ang kabanata 5 ng bagong apat-na-tomong salaysay ng kasaysayan ng Simbahan na pinamagatang Mga Banal: Ang Kuwento ng Simbahan ni Jesucristo sa mga Huling Araw. *Ang aklat na ito ay ililimbag sa 14 na wika, sa bahaging Church History ng Gospel Library app, at makukuha online sa saints.lds.org. Ang susunod na ilang kabanata ay ilalathala sa mga susunod na isyu hanggang ang tomo 1 ay mai-release bago magtapos ang taong ito. Ang mga kabanatang iyon ay mababasa sa 47 wika sa Gospel Library app at sa saints.lds.org.*

Matapos maiuwi ni Joseph ang mga gintong lamina, ilang linggong pinagtangkaang nakawin ng mga naghahanap ng kayamanan ang mga ito. Upang manatiling ligtas ang talaan, kailangan niyang ilipat-lipat ito ng lugar, itinatago ang mga lamina sa ilalim ng dapugan, sa ilalim ng sahig ng gawaan ng kanyang ama, at sa mga ilalim ng bungkos ng butil. Hindi siya dapat maging kampante.

Dumadaan sa bahay ang mga mausisang kapitbahay at nakikiusap sa kanya na ipakita sa kanila ang talaan. Palaging tumatanggi si Joseph, kahit na may nag-alok na magbayad sa kanya. Determinado siyang pangalagaan ang mga lamina, nagtitiwala sa mga pangako ng Panginoon na kung gagawin niya ang lahat ng kanyang makakaya, ang mga ito ay pangangalagaan.[1]

Ang mga paggambalang ito ay madalas humadlang sa kanya na masuri ang mga lamina at matutuhan pang lalo ang tungkol sa Urim at Tummim. Batid niya na ang mga pansalin ay makatutulong sa kanya na isalin ang mga lamina, ngunit hindi pa niya nagagamit ang mga bato ng tagakita para magbasa ng sinaunang wika. Sabik siyang simulan ang gawain, ngunit hindi malinaw sa kanya kung paano gawin ito.[2]

Habang sinusuri ni Joseph ang mga lamina, isang respetadong nagmamay-ari ng mga lupain sa Palmyra na nagngangalang Martin Harris ang naging interesado sa kanyang gawain. Halos kasing-edad na ni Martin ang ama ni Joseph at minsan nang nagtrabaho sa kanyang sakahan si Joseph. Nabalitaan ni Martin ang tungkol sa mga gintong lamina ngunit hindi gaanong pinansin ang tungkol dito hanggang sa imbitahan siya ng ina ni Joseph na kausapin ang kanyang anak.[3]

Nasa trabaho si Joseph nang dumaan si Martin, kaya ang tinanong niya ay si Emma at iba pang mga kapamilya tungkol sa mga lamina. Nang dumating sa bahay si Joseph, hinawakan siya ni Martin sa braso at nagtanong pa ng mga karagdagang detalye. Sinabi sa kanya ni Joseph ang tungkol sa mga laminang ginto at ang mga tagubilin ni Moroni na isalin at ilathala ang nakasulat sa mga ito.

"Kung ito ay gawain ng diyablo," sabi ni Martin, "ayokong magkaroon ng kinalaman dito." Ngunit kung ito ay gawain ng Panginoon, nais niyang tulungan si Joseph na ipahayag ito sa buong mundo.

Hinayaan ni Joseph na buhatin ni Martin ang mga lamina na nasa lockbox. Masasabi ni Martin na may mabigat na bagay sa loob nito, ngunit hindi siya kumbinsido na isang set ito ng mga gintong lamina. "Hindi mo ako masisisi kung hindi kita lubos na pinaniniwalaan," sabi niya kay Joseph.

Nang makauwi si Martin nang lampas hatinggabi, tahimik siyang nagtungo sa kanyang kuwarto at nagdasal, nangangako sa Diyos na ibibigay niya ang lahat ng kanyang makakaya kung malalaman lamang niya na ang ginagawa ni Joseph ay banal na gawain.

Habang nagdarasal si Martin, naramdaman niya na may marahan at banayad na tinig na kumausap sa kanyang kaluluwa. Nalaman niya noon na ang mga lamina ay mula sa Diyos—at alam niyang kailangan niyang tulungan si Joseph na ibahagi ang mensahe ng mga ito.[4]

Sa huling bahagi ng 1827, nalaman ni Emma na siya ay nagdadalang-tao at sumulat sa kanyang mga magulang. Halos isang taon na mula nang magpakasal sila ni Joseph ngunit masama pa rin ang loob ng kanyang ama at ina. Subalit pumayag ang mga Hale na bumalik ang mag-asawa sa Harmony upang makapanganak si Emma malapit sa kanyang pamilya.

Bagama't mapapalayo siya sa kanyang sariling mga magulang at mga kapatid, handang umalis si Joseph. Tinatangka pa rin ng mga tao sa New York na nakawin ang mga lamina, at ang paglipat sa bagong lugar ay magbibigay ng kapayapaan at katahimikan na kailangan niya upang magawa ang gawain ng Panginoon. Sa kasamaang-palad, mayroon siyang utang at walang perang magagamit sa paglalakbay.[5]

Umaasang maisasaayos ang kanyang pananalapi, nagpunta si Joseph sa bayan upang bayaran ang ilan sa kanyang mga utang. Habang siya ay nasa isang tindahan upang magbayad, lumapit sa kanya si Martin Harris. "Heto, Ginoong Smith, ang limampung dolyar," sabi niya. "Ibinibigay ko ito sa iyo upang magawa mo ang gawain ng Panginoon."

Nangamba si Joseph na tanggapin ang pera at nangakong babayaran ito, subalit sinabi ni Martin na huwag itong alalahanin. Ang pera ay regalo, at hiniling niya sa lahat ng naroon na maging saksi na ibinigay niya ito nang walang kapalit.[6]

Hindi naglaon, nabayaran ni Joseph ang kanyang mga utang at kinargahan ang bagon. Siya at si Emma ay umalis patungong Harmony dala ang mga gintong lamina na itinago sa isang bariles ng patani.[7]

Sa pagtingin sa mga karakter, nakakita si Professor Anthon ng pagkakapareho sa salitang Egipto at sinabi kay Martin Harris na tama ang pagsasalin.

Dumating ang mag-asawa sa maluwang na bahay ng mga Hale makalipas ang isang linggo.[8] Hindi nagtagal, nagpumilit ang ama ni Emma na makita ang mga laminang ginto, ngunit sinabi ni Joseph na maipakikita niya lamang ang kahon kung saan niya itinago ang mga ito. Nayamot, dinampot ni Isaac ang lockbox at naramdaman ang bigat nito, subalit nanatili siyang nag-aalinlangan. Sinabi niyang hindi maaaring itago ito ni Joseph sa bahay hangga't hindi ipinapakita sa kanya kung ano ang nasa loob.[9]

Habang ang ama ni Emma ay nasa paligid, hindi magiging madali ang pagsasalin, ngunit sinubukan ni Joseph ang lahat ng kanyang makakaya. Sa tulong ni Emma, kinopya niya ang marami sa mga kakaibang karakter mula sa mga lamina sa papel.[10] Pagkatapos, sa loob ng ilang linggo, pilit niyang isinalin ang mga ito gamit ang Urim at Tummim. Ang proseso ay nangangailangan ng higit pa sa pagtingin sa mga pansalin. Kailangan niyang magpakumbaba at sumampalataya habang pinag-aaralan niya ang mga titik.[11]

Makalipas ang ilang buwan, dumating sa Harmony si Martin Harris. Sinabi niya na naramdaman niyang tinawag siya ng Panginoon na maglakbay pasilangan hanggang sa Lunsod ng New York upang sumangguni sa mga eksperto sa mga sinaunang wika. Umasa siyang magagawa nilang isalin ang mga titik.[12]

Kumopya si Joseph ng marami pang mga titik mula sa mga lamina, isinulat ang kanyang salin, at iniabot ang papel kay Martin. Pagkatapos ay minasdan nila ni Emma ang kanilang kaibigan nang umalis ito patungo ng silangan upang sumangguni sa mga bantog na iskolar.[13]

Pagdating ni Martin sa Lunsod ng New York, pinuntahan niya si Charles Anthon, isang propesor ng Latin at Griyego sa Columbia College. Mas bata si Propesor Anthon—mga labinlimang taon ang tanda ni Martin sa kanya—at pinakabantog sa paglalathala ng popular na encyclopedia tungkol sa kulturang Griyego at Romano. Nagsimula na rin siyang magtipon ng mga kuwento tungkol sa mga American Indian.[14]

Si Anthon ay isang mahigpit na iskolar na ayaw na ayaw na naiistorbo, ngunit malugod niyang tinanggap si Martin at pinag-aralan ang mga titik at salin na ibinigay ni Joseph.[15] Bagama't hindi alam ng propesor ang wikang Egipcio, nakabasa na siya ng ilang mga pag-aaral tungkol sa wika at alam ang hitsura ng titik nito. Habang tinitingnan niya ang mga titik, nakakita siya ng mga pagkakatulad sa wikang Egipcio at sinabi kay Martin na tama ang pagsasalin.

Ipinakita sa kanya ni Martin ang mga karagdagang titik, at sinuri iyon ni Anthon. Sinabi niya na naglalaman ang mga ito ng mga titik mula sa maraming sinaunang wika at binigyan niya si Martin ng katibayan na nagpapatunay na totoo ang mga ito. Inirekomenda rin niya na ipakita ang mga titik sa isa pang iskolar na nagngangalang Samuel Mitchill, na dating nagtuturo sa Columbia.[16]

"Napakarami niyang alam sa mga sinaunang wikang ito," sabi ni Anthon, "at wala akong duda na makatutulong siya sa iyo kahit paano."[17]

Inilagay ni Martin ang katibayan sa kanyang bulsa, ngunit nang paalis na siya, tinawag siyang muli ni Anthon. Nais nitong malaman kung paano natagpuan ni Joseph ang mga gintong lamina.

"Isang anghel ng Diyos," sabi ni Martin, "ang nagpakita nito sa kanya." Pinatotohanan niya na ang pagsasalin ng mga lamina ay magpapabago sa mundo at maililigtas ito mula sa pagkagunaw. At ngayong mayroon na siyang katibayan na totoo ang mga ito, balak niyang ibenta ang kanyang sakahan at iambag ang pera upang maipalimbag ang salin.


"Patingin ng katibayan," sabi ni Anthon.

Kinuha ito ni Martin sa kanyang bulsa at iniabot ito. Pinunit ni Anthon ang papel at sinabing wala nang gayong bagay na tulad ng mga paglilingkod ng mga anghel. Kung nais ni Joseph na maisalin ang mga lamina, maaari niyang dalhin ang mga ito sa Columbia at hayaang maisalin ang mga ito ng isang iskolar.

Ipinaliwanag ni Martin na may bahagi ng mga lamina na selyado at hindi pinahihintulutan si Joseph na ipakita ang mga ito kahit kanino.

"Hindi ako makababasa ng isang aklat na mahigpit na nakasara," sabi ni Anthon. Binalaan niya si Martin na marahil ay nililoko siya ni Joseph. "Mag-ingat sa mga taong manloloko," sabi niya.[18]

Nilisan ni Martin si Propesor Anthon at pinuntahan si Samuel Mitchill. Magalang na tinanggap niya si Martin, nakinig sa kanyang kuwento, at tiningnan ang mga titik at pagsasalin. Hindi niya maintindihan ang mga ito, ngunit sinabi niya na naalala niya rito ang mga heroglipiko ng mga taga Egipto at ang mga ito ay mga sulatin ng isang bansang nalipol na.[19]



Paksimile ng mga karakter mula sa mga lamina ng Aklat ni Mormon.

Kalaunan ay nilisan ni Martin ang lunsod at nagbalik sa Harmony, mas kumbinsido kaysa noon na nasa pag-iingat ni Joseph ang mga sinaunang gintong lamina at may kapangyarihang isalin ang mga ito. Ikinuwento niya kay Joseph ang tungkol sa pakikipag-usap niya sa mga propesor at ikinatwiran na kung ang ilan sa mga pinakaedukadong tao sa Amerika ay hindi kayang isalin ang aklat, kailangang gawin ito ni Joseph.

"Hindi ko kaya," sabi ni Joseph na nalulula sa gawain, "dahil wala akong pinag-aralan." Ngunit alam niya na inihanda ng Panginoon ang mga pansalin upang kanyang maisalin ang mga lamina.[20]

Sumang-ayon si Martin. Balak niyang bumalik sa Palmyra, asikasuhin ang mga dapat ayusin, at bumalik sa lalong madaling panahon upang magsilbi bilang tagasulat ni Joseph.[21]

Noong Abril 1828, sina Emma at Joseph ay nakatira sa isang tahanan sa kahabaan ng Ilog Susquehanna, di kalayuan sa bahay ng mga magulang ni Emma.[22] Ngayo'y mabigat na sa kanyang ipinagbubuntis, madalas gumanap si Emma bilang tagasulat ni Joseph nang sinimulan niyang isalin ang talaan. Isang araw, habang siya ay nagsasalin, biglang namutla si Joseph. "Emma, may pader ba sa paligid ng Jerusalem?" tanong niya.

"Oo," sabi niya, ginugunita ang paglalarawan nito sa Biblia.

"Ah," sinabi ni Joseph na nakahinga nang maluwag, "natakot ako na nagkamali ako."[23]

Namangha si Emma sa kanyang asawa na ang kakulangan nito ng kaalaman sa kasaysayan at banal na kasulatan ay hindi naging hadlang sa pagsasalin. Hindi halos makasulat nang may saysay na liham si Joseph. Subalit oras-oras ay tinatabihan niya ito habang idinidikta niya ang tala nang walang tulong ng anumang aklat o manuskrito. Alam niya na tanging Diyos lamang ang makapagbibigay-inspirasyon sa kanya na magsalin tulad ng ginawa niya.[24]

Sa paglipas ng panahon, bumalik si Martin mula sa Palmyra at pumalit bilang tagasulat, na nagbibigay kay Emma ng pagkakataong makapagpahinga bago siya manganak.[25] Ngunit hindi naging madali ang kanyang pagpapahinga. Ang asawa ni Martin, si Lucy, ay nagpumilit na sumama sa kanya sa Harmony, at ang mag-asawang Harris ay kapwa may malakas na personalidad.[26] Nagduda si Lucy sa pagnanais ni Martin na suportahan si Joseph sa mga gastusin at nagalit siya na nagtungo ang asawa sa Lunsod ng New York nang hindi siya kasama. Nang sabihin ni Martin sa kanya na pupunta ito ng Harmony upang tumulong sa pagsasalin, nagpilit siyang sumama, determinadong makita ang mga lamina.

Humihina na ang pandinig ni Lucy, at kapag hindi niya maintindihan ang sinasabi ng mga tao, iniisip niya kung minsan na pinipintasan siya ng mga ito. Halos wala rin siyang paggalang sa pribadong buhay ng ibang tao. Matapos tumanggi si Joseph na ipakita sa kanya ang mga lamina, nagsimula siyang halughugin ang bahay, hinahalungkat ang mga kahon, aparador, at baul ng pamilya. Walang magawa si Joseph kundi ang itago sa kakahuyan ang mga lamina.[27]

Kalaunan, nilisan ni Lucy ang bahay at nakitira sa isang kapitbahay. Na kay Emma na muli ang kanyang mga kahon at aparador, ngunit ngayon naman ay sinasabi ni Lucy sa mga kapitbahay na si Joseph ay isang impostor na ang habol lamang ay ang pera ni Martin. Matapos ang ilang linggong panggugulo, umuwi si Lucy sa Palmyra.

Ngayong nanumbalik na ang kapayapaan, mabilis na nakapagsalin sina Martin at Joseph. Nasasanay na si Joseph sa kanyang banal na tungkulin bilang tagakita at tagapaghayag. Gamit ang mga pansalin o isa pang bato ng tagakita, nagagawa niyang magsalin kaharap man niya ang mga lamina o nakabalot ang mga ito sa isa sa mga linen na tela ni Emma sa ibabaw ng mesa.[28]

Sa buong Abril, Mayo, at mga unang araw ng Hunyo, pinakinggan ni Emma ang ritmo ng tinig ni Joseph habang nagdidikta ng tala.[29] Mabagal, ngunit malinaw siyang nagsasalita, humihinto lamang paminsan-minsan upang hintayin si Martin na sabihing "naisulat na" matapos siyang makahabol sa mga sinasabi ni Joseph.[30] Humahalili rin si Emma bilang tagasulat at namamangha kung paanong sa kabila ng mga paghinto at pahinga, nagagawa pa rin ni Joseph na magpatuloy mula sa kung saan siya nahinto nang hindi kinakailangang paalalahanan.[31]

Di nagtagal at dumating na ang oras ng panganganak ni Emma. Ang salansan ng mga pahina ng manuskrito ay kumapal na, at kumbinsido si Martin na kung magagawa niyang ipabasa sa kanyang asawa ang salin, makikita niya ang kahalagahan nito at hihinto na sa panggugulo nito sa kanilang gawain.[32] Umasa rin siya na ikagagalak ni Lucy kung paano niya ginugol ang kanyang oras at salapi upang makatulong sa pagpapalaganap ng salita ng Diyos.



Ang tahanan nina Joseph at Emma Smith sa Harmony, Pennsylvania.

Isang araw, humingi si Martin ng permiso kay Joseph na dalhin ang mga manuskrito sa Palmyra nang ilang linggo.[33] Naaalala kung paano kumilos si Lucy Harris nang bumisita siya sa bahay, nag-alinlangan si Joseph sa ideyang iyon. Ngunit nais niyang masiyahan si Martin, na naniwala sa kanya samantalang nagduda ang napakarami sa kanyang salita.[34]

Hindi tiyak ang gagawin, nagdasal si Joseph upang humingi ng gabay, at sinabi sa kanya ng Panginoon na huwag hayaang dalhin ni Martin ang mga pahina.[35] Subalit nakatitiyak si Martin na kapag naipakita niya ito sa kanyang asawa ay magbabago ang lahat, at nagmakaawa siya kay Joseph na magtanong muli. Nagtanong muli si Joseph, ngunit gayon pa rin ang sagot. Iginiit pa rin ni Martin na magtanong ulit si Joseph sa ikatlong pagkakataon, at sa pagkakataong ito pinahintulutan sila ng Panginoon na gawin kung ano ang gusto nila.

Sinabi ni Joseph kay Martin na maaari nitong dalhin ang mga pahina sa loob ng dalawang linggo kung ipapangako niya na pananatilihin niyang nakatago ang mga ito at ipakikita lamang ito sa ilang kapamilya. Nangako si Martin at bumalik sa Palmyra, dala ang manuskrito.[36]

Pagkaalis ni Martin, nagpakita si Moroni kay Joseph at kinuha ang mga pansalin mula sa kanya.[37]

Isang araw matapos ang paglisan ni Martin, dumanas si Emma ng matinding hirap sa panganganak at nagsilang ng isang batang lalaki. Ang sanggol ay mahina at sakitin at hindi nagtagal ay pumanaw. Dahil sa matinding pagsubok na naranasan, humina ang katawan ni Emma at napuno ng pagdadalamhati, at may pagkakataon na inakala ring siya ay mamamatay na. Walang kapaguran siyang inalagaan ni Joseph, na palaging nasa kanyang tabi.[38]

Makaraan ang dalawang linggo, nagsimulang bumuti ang kalusugan ni Emma, at naisip niya si Martin at ang manuskrito. "Nababagabag ako," sabi niya kay Joseph, "kaya hindi ako mapapanatag at hindi mapapakali hangga't hindi ko nalalaman kung ano na ang ginawa ni Ginoong Harris (sa manuskrito)."

Hinimok niya si Joseph na hanapin si Martin, ngunit ayaw ni Joseph na iwanan siya. "Ipasundo mo ang aking ina," sabi niya, "at sasamahan niya ako habang wala ka."[39]

Sumakay si Joseph sa isang karwahe patungo sa hilaga. Kaunti lamang ang kanyang kinain at itinulog sa biyahe, natatakot na ginalit niya ang Panginoon sa hindi pakikinig nang sinabihan siyang huwag hayaan si Martin na dalhin ang manuskrito.[40]

Bukang-liwayway na nang dumating siya sa tahanan ng kanyang mga magulang. Ang mga Smith ay naghahanda ng almusal at pinadalhan ng imbitasyon si Martin na mag-almusal kasama nila. Pagsapit ng alas-otso, nakahain na ang pagkain sa mesa, ngunit wala pa si Martin. Nagsimula nang mabagabag si Joseph at ang kanyang pamilya habang hinihintay nila ito.

Sa wakas, matapos ang mahigit apat na oras, nakita si Martin sa may kalayuan, mabagal na naglalakad patungo sa bahay, nakatitig sa lupang nilalakaran niya.[41] Sa tarangkahan ay huminto siya, naupo sa bakod, at tinakpan ng sumbrero ang kanyang mga mata. Pagkatapos ay pumasok siya at naupo upang tahimik na kumain.

Nagmasid ang pamilya habang kinukuha ni Martin ang kanyang mga kubyertos, na tila handang kumain, at bigla itong binitawan. "Ipinahamak ko ang aking kaluluwa!" sigaw niya, idinidiin ang mga kamay sa kanyang mga sintido. "Ipinahamak ko ang aking kaluluwa."

Biglang napatayo si Joseph. "Martin, nawala mo ba ang manuskrito?"

"Oo," sagot ni Martin. "Wala na ito, at hindi ko alam kung nasaan."

"O, Diyos ko, Diyos ko," himutok ni Joseph, kuyom ang kanyang mga kamao. "Nawala na ang lahat!"

Nagsimula siyang magpalakad-lakad. Hindi niya alam kung ano ang gagawin. "Bumalik ka," ang utos niya kay Martin. "Hanapin mong muli."

"Wala nang saysay." sagot ni Martin. "Hinanap ko na sa buong kabahayan. Nilaslas ko na nga ang mga kama at mga unan, at alam kong wala ito roon."

"Ganito bang balita ang sasabihin ko sa aking asawa sa pag-uwi ko?" Natakot si Joseph na ikamatay ni Emma ang balita. "At paano ako haharap sa Panginoon?"

Sinubukan ng kanyang ina na panatagin siya. Sinabi niya na marahil ay patatawarin siya ng Panginoon kung magsisisi siya nang may pagpapakumbaba. Subalit humahagulgol na si Joseph, galit sa kanyang sarili sa pagsuway sa Panginoon noong una pa lang. Hindi siya halos makakain sa buong araw. Pinalipas niya ang magdamag at umalis kinaumagahan pabalik sa Harmony.[42]

Habang minamasdan ni Lucy ang pag-alis ni Joseph, puno ng kalungkutan ang kanyang puso. Tila ang lahat ng kanilang inasam bilang isang pamilya—lahat ng nagdulot sa kanila ng kaligayahan noong mga nakaraang taon—ay naglaho sa isang iglap.[43] ■

Ang kumpletong listahan ng mga babasahing nabanggit ay makukuha sa English sa saints.lds.org.

Ang salitang *Paksa* sa mga tala ay nagpapahiwatig ng karagdagang impormasyon sa internet sa mgabanal.lds.org.

MGA TALA

1. Joseph Smith—History 1:59; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 8, sa *JSP,* H1:236–38 (banghay 2); Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [1]–[2]; Knight, Reminiscences, 3.
2. Knight, Reminiscences, 3–4; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [1]–[3]; Joseph Smith History, circa Summer 1832, 1, sa *JSP,* H1:11.
3. "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Ago. 1859, 167–68; Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [3]–[4]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 8, sa *JSP,* H1:238 (banghay 2). **Topic:** Witnesses of the Book of Mormon.
4. "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Ago. 1859, 168–70.
5. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 8–9, sa *JSP,* H1:238 (banghay 2); Knight, Reminiscences, 3; "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Ago. 1859, 170.
6. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [6]; Lucy Mack Smith, History, 1845, 121.
7. "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Ago. 1859, 170.
8. "Mormonism—No. II," *Tiffany's Monthly,* Ago. 1859, 170; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:240 (banghay 2).
9. Isaac Hale, Affidavit, Mar. 20, 1834, sa "Mormonism," *Susquehanna Register, and Northern Pennsylvanian,* Mayo 1, 1834, [1].
10. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:240 (banghay 2); Knight, Reminiscences, 3.
11. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [3]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:240 (banghay 2); "Letter from Elder W. H. Kelley," *Saints' Herald,* Mar. 1, 1882, 68; tingnan din sa Doktrina at mga Tipan 9:7–8 (Revelation, Apr. 1829–D, sa josephsmithpapers.org).
12. Joseph Smith History, circa Summer 1832, 5, sa *JSP,* H1:15; Knight, Reminiscences, 3. **Paksa:** Pagsasalin ng Aklat ni Mormon
13. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:238–40 (banghay 2); Joseph Smith History, circa Summer 1832, 5, sa *JSP,* H1:15.
14. MacKay, "Git Them Translated," 98–100.
15. Bennett, "Read This I Pray Thee," 192.
16. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:240 (banghay 2); Bennett, Journal, Ago. 8, 1831, sa Arrington, "James Gordon Bennett's 1831 Report on 'The Mormonites,'" 355.
17. [James Gordon Bennett], "Mormon Religion—Clerical Ambition—Western New York—the Mormonites Gone to Ohio," *Morning Courier and New-York Enquirer,* Set. 1, 1831, [2].
18. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:240–42 (banghay 2); Jennings, "Charles Anthon," 171–87; Bennett, "Read This I Pray Thee," 178–216.
19. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:244 (banghay 2); Bennett, Journal, Ago. 8, 1831, sa Arrington, "James Gordon Bennett's 1831 Report on 'The Mormonites,'" 355; Knight, Reminiscences, 4. **Topic:** Martin Harris's Consultations with Scholars
20. Joseph Smith History, circa Summer 1832, 5, sa *JSP,* H1:15; Isaias 29:11–12; 2 Nephi 27:15–19.
21. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [8]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:244; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 289–90.
22. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:244 (banghay 2); Isaac Hale, Affidavit, Mar. 20, 1834, in "Mormonism," *Susquehanna Register, and Northern Pennsylvanian,* Mayo 1, 1834, [1]; Agreement with Isaac Hale, Abr. 6, 1829, sa *JSP,* D1:28–34.
23. Briggs, "A Visit to Nauvoo in 1856," 454; tingnan din sa Edmund C. Briggs to Joseph Smith, Hunyo 4, 1884, *Saints' Herald,* Hunyo 21, 1884, 396.
24. Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 289–90; Briggs, "A Visit to Nauvoo in 1856," 454.
25. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:244 (banghay 2); Isaac Hale, Affidavit, Mar. 20, 1834, sa "Mormonism," *Susquehanna Register, and Northern Pennsylvanian,* Mayo 1, 1834, [1].
26. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [8].
27. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [3]–[5], [8]–[9].
28. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [9]–[10]; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 289–90.
29. Sa isang tala na ayon sa kanyang alaala, sinabi ni Emma Smith na nagtrabaho siya sa parehong silid kung saan tinatapos nina Joseph at Oliver Cowdery ang pagsasalin noong 1829, at malamang na naroon din siya habang ginagawa ang pagsasalin noong 1828. (Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 290.)
30. William Pilkington, Affidavit, Cache County, UT, Abr. 3, 1934, sa William Pilkington, Autobiography and Statements, Church History Library; "One of the Three Witnesses," *Deseret News,* Dis. 28, 1881, 10.
31. Briggs, "A Visit to Nauvoo in 1856," 454; Joseph Smith III, "Last Testimony of Sister Emma," *Saints' Herald,* Okt. 1, 1879, 289–90.
32. Tingnan sa Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [10]; Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:244; Joseph Smith History, circa Summer 1832, 5, sa *JSP,* H1:15; Knight, Reminiscences, 5; at Historical Introduction to Preface to the Book of Mormon, circa Aug. 1829, sa *JSP,* D1:92–93.
33. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9, sa *JSP,* H1:244 (banghay 2); Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [10].
34. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 6, [10]–[11]; book 7, [1].
35. Joseph Smith History, circa Summer 1832, 5, sa *JSP,* H1:15.
36. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9–10, sa *JSP,* H1:244–46 (banghay 2); Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [1]; Knight, Reminiscences, 5.
37. Joseph Smith History, 1838–56, volume A-1, 9–10, in *JSP,* H1:244–46 (banghay 2).
38. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [1]–[2]. **Topic:** Joseph and Emma Hale Smith Family.
39. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [1]–[2].
40. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [2]–[4].
41. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [5].
42. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [5]–[7]. **Topic:** Lost Manuscript of the Book of Mormon.
43. Lucy Mack Smith, History, 1844–45, book 7, [7]. **Topic:** Lucy Mack Smith

PAANO KAMI NAGTAGUMPAY SA
Pagbabahagi ng Ebanghelyo

Bilang mga bagong convert, hindi namin gaanong alam ng asawa ko kung paano maging mga missionary. Ngunit minithi naming magbahagi sa 100 tao.

Ni Never Chikunguwo
Church History Adviser, Zimbabwe

Ang asawa ko, si Everjoyce, at ako ay galing sa maliit na bayan ng Mutare, sa silangang hangganan ng Zimbabwe. Matapos kaming mabinyagan at makumpirma, nasabik kami sa paggawa ng gawaing misyonero. Nabasa namin na "ang bukid ay puti na upang anihin" (D at T 33:7), at kahit na wala kaming gaanong alam kung paano maging mga missionary, napagpasiyahan namin na kinakailangan namin na "humawak sa [aming] panggapas, at maggapas nang buo [naming] kakayahan, pag-iisip, at lakas."



Never at Everjoyce Chikunguwo

Kami ay mga miyembro ng bagong tatag na Dangamvura Branch sa bayan ng Mutarte. Noong panahong iyon, ang branch ay may 25 miyembro. Di nagtagal, kami ay natawag na mga branch missionary. Marami kaming natutuhan sa senior missionary couple na nagsisilbi sa aming lugar. Isa sa mga mungkahi nila ay magtakda kami ng mga mithiin.

Nais naming ibahagi ang ebanghelyo sa lahat ng tao, kaya minithi naming ibahagi ito sa 100 tao sa unang taon namin bilang mga branch missionary. Siguro ay wala pa kaming muwang noon, ngunit makatotohanan sa amin ang layuning ito. Nanalig kami na tutulungan kami ng Panginoon.

Sa pamamagitan ng pagkanta ng mga himno sa mga miting sa Simbahan, napag-alaman namin na may nakatago kaming talento sa musika. Nagpasiya kaming gamitin ang aming mga talento, kaya nagsimula kaming kumanta para sa—at kasama ang—mga taong nagpakita ng interes sa ebanghelyo habang tinuturuan namin sila. Sinamahan kami ng Espiritu sa pagkanta namin ng mga sagradong musika, at pinalambot Niya ang puso ng mga tinuturuan namin. Gayundin ang mensahe ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Hinikayat namin ang lahat na sumali sa aming branch choir, at marami ang sumali, mga Banal sa mga Huling Araw man sila o hindi. Habang mas maraming tao ang natututo tungkol sa ebanghelyo, marami ang nagpabinyag.

Sa pagpapatuloy namin sa aming gawaing misyonero, patuloy kaming nag-ayuno at nanalangin para sa mga pamilya na sumapi sa Simbahan. Naramdaman namin na nakikita ng mga tao sa aming komunidad ang matuwid na halimbawa ng mga pamilyang ito. Nakatanggap kami ng mas marami pang paanyaya na turuan ang mga pamilya, at ang aming listahan ng tinuturuan ay napuno ng mga prospective member.

Bilang resulta ng pagkatuto at pagsasabuhay ng ebanghelyo, ang mga bagong binyag na mag-asawa ay mas napalapit sa isa't isa at naging mapagmahal. Nagawa ng mga magulang na iwanan ang mga tradisyon na hindi tugma sa kultura ng ebanghelyo. Iniwasan nila ang alkohol



LARAWANG GUHIT NI ORIOL VIDAL

at tabako. Tinuruan nila ang kanilang mga anak ng mga tamang prinsipyo. Marami sa mga nalulong sa mga maka-mundong bagay noon ang tumanggap ng mga calling sa Simbahan. Naging pagpapala sila sa kanilang branch *at* sa kanilang komunidad. Ang kamay ng Diyos ay nagdala ng malaking pagbabago sa kanilang buhay.

Kahit na maraming pagmamalupit ang nangyari sa Mutare noong panahong iyon, hindi nito napigilan ang pag-lago ng Simbahan. Tila habang mas lumalaki ang oposis-yon, gayundin ang bilang ng mga taong nais matuto tungkol sa Simbahan. Halimbawa, nang ang mga lalaki mula sa hukbong sandatahan ay nagpapanggap na dumating upang imbestigahan ang mga pagkakamali ng Simbahan, naramdaman nila ang Espiritu. Marami ang nabinyagan at naordenan sa priesthood kalaunan.

Sa tulong ng Panginoon, nagawa naming magbahagi ng ebanghelyo nang higit pa sa orihinal na layunin namin. Dahil handa kaming maghanap ng mga paraan upang mapalapit sa iba, nasaksihan namin ang malaking pagbabago sa buhay ng maraming tao sa aming buong komunidad. ■

Tala ng Editor: Hindi nagtagal, ang mabilis na paglaki ng Dangamvura Branch ay humantong sa pagtatayo ng isang chapel. Ang gawaing misyonero ay kumalat sa iba pang mga lugar, at noong 1995, ang Mutare ay naorganisa bilang isang district na may walong unit.



Huwag Tayong Mabigo na Makaramdam



Ni Elder Jorge F. Zeballos
Ng Pitumpu

Mayroong puwersa na higit na mas malakas kaysa sa mga lindol, malalakas na hangin, o nagngangalit na apoy. Ito ay marahan at banayad, at dapat tayong magbigay ng atensiyon kung nais natin na gabayan tayo nito.

Noong Pebrero 27, 2010, sa ganap na alas-3:34 n.u., isang lindol na may magnitude 8.8 sa moment magnitude scale ang malakas na yumanig sa malaking bahagi ng Chile, at nagdulot ng pagkataranta, takot, at pagaalala sa milyun-milyong mga tao.

Makalipas ang ilang araw, naatasan akong pamunuan ang isang kumperensya ng stake sa isang lokasyon malapit sa epicenter ng matinding lindol na ito. Nag-isip ako kung maaapektuhan ng lindol at ng mga aftershock nito ang pagdalo ng mga tao sa kumperensya. Nagulat ako nang ang dami ng mga tao sa bawat sesyon ng kumperensya ay higit pa sa mga nakaraang kumperensya.

Tila pinaalalahanan ng lindol ang mga miyembro, kahit pansamantala lamang, tungkol sa kahalagahan ng paglapit sa Diyos, paggawang banal sa araw ng Sabbath, at pagdalo sa mga miting. Makalipas ang ilang linggo, tinawagan ko ang stake president. Tinanong ko kung marami pa ring nagsisimba. Sinabi niya na sa pagbaba ng bilang at lakas ng mga aftershock, gayundin ang bilang ng mga taong nagsisimba.

Kaparehas na pag-uugali ang naulit sa malungkot na pangyayari na nagwasak sa World Trade Center sa New York, USA, noong Setyembre 2001. Libu-libong mga tao ang nagsimba upang mahanap ang kapayapaan ng isip at kapanatagan na kinailangan nila. Ngunit sa paglipas ng panahon, nabawasan ang pangangailangan na ito at bumalik sa normal ang mga bagay. Hindi mga lindol, bagyo, o kalamidad at mga trahedya, maging likas o gawang-tao man ito, ang bumubuo ng pananampalataya, patotoo, at tumatagal na pagbabago ng loob.

Si Elias at ang Marahan at Banayad na Tinig

Sa panahon ni propetang Elias, si Achab ang hari ng Israel. Pinakasalan ni Achab si Jezabel, isang prinsesang galing sa Phoenicia. Ipinakilala niya sa mga Israelita ang paraan ng mga taga-Phoenicia, kabilang ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Matapos hamunin at manalo si Elias laban sa mga alagad ni Baal na naglipana sa korte ni Haring Achab, binantaan ni Jezabel ang buhay ng propeta at tumakas siya papunta sa ilang. (Tingnan sa I Mga Hari 18:4, 13, 19, 21–40; 19:1–4.)

Matapos pakainin ng isang anghel sa ilang, naglakad si Elias nang 40 araw at 40 gabi patungong Bundok ng Horeb (tingnan I Mga Hari 19:5–8). Sa ilang, ang salita ng Panginoon ay dumating kay Elias. Sinabihan siya na lumabas sa kuweba kung saan siya nagpalipas ng gabi. Habang siya ay nakatayo sa ibabaw ng bundok sa harap ng Panginoon, isang "malaki at malakas na hangin" ang umihip, na sa sobrang lakas nito ay nabiyak ang mga bato at bundok, "nguni't ang Panginoon ay wala sa hangin." Pagkatapos ay lumindol, "nguni't wala ang Panginoon sa lindol." Pagkatapos ay nagkaroon ng apoy, "nguni't ang Panginoon ay wala sa apoy" (I Mga Hari 19:11–12). Sa kabila ng lakas ng hangin, lindol, at apoy, hindi ang mga ito ang paghahayag ng tinig ng Panginoon sa propeta.

Matapos ang malakas na pagpapakitang ito ng mga puwersa ng kalikasan, "isang marahang bulong ng tinig" ang dumating kay Elias at narinig niya ito (tingnan sa I Mga Hari 19:12–13). Ang banayad na tinig ng Panginoon ay nagsabi sa kanya kung sino ang dapat niyang hirangin

MGA PAGLALARAWAN NI IRENA FREITAS

na susunod na hari ng Syria, sino ang dapat hirangin na susunod na hari ng Israel, at na dapat niyang hirangin si Eliseo bilang kahalili niya.

Paghahanap sa Tinig

Ang kaparehas na tinig na dumating kay Elias—ang tinig na nagsabi sa kanya sa dapat niyang gawin sa mahirap na panahon ng kanyang buhay at pagsisilbi—ay maririnig pa rin ng bawat anak ng Diyos na lubos na nagnanais na gawin ang kalooban ng Panginoon. Ngunit sa gitna ng maraming maiingay at makamundong mga tinig na nag-aanyaya sa atin na magtungo sa madilim at nakalilitong mga daan, saan natin makikita ang marahan at banayad na tinig na magsasabi sa atin kung ano ang dapat gawin, sabihin, at kung ano ang nais ng Diyos na kahinatnan natin?

Hinihikayat tayo ni Nephi na "magpakabusog sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:3).

At saan natin makikita ang mga salita ni Cristo upang magpakabusog tayo dito? Maaari nating tingnan ang mga banal na kasulatan, lalo na ang Aklat ni Mormon, na isinulat at inalagaan sa kadalisayan para sa atin, na mga namumuhay sa panahon na ito. Nakikinig din tayo sa mga salita ng modernong mga propeta, na nagsasabi ng kagustuhan ng ating Walang-hanggang Ama at ng ating Tagapagligtas na si Jesucristo ngayon.

Ang mga salita ng mga buhay na propeta ay gumagabay sa atin kapag nahaharap tayo sa mga bago at mahihirap na hamon. Sa mga nakalipas na taon, halimbawa, habang ang nananaig na panglilito ng mundo at ng mga pilosopiya nito ay ninanais na permanenteng baguhin ang konsepto ng kasal at pamilya, ang mga salita ng mga propeta ay buong tibay, buong tapang, at mapagmahal na nagbibigay-diin sa kasagraduhan ng pamilya, nagpapahayag na "ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang-hanggang tadhana ng Kanyang mga anak."[1]

Ang mga propeta at apostol ngayon ay nagbigay-diin rin sa kahalagahan ng pagsunod sa Sabbath sa bahay at sa simbahan, at pagkamit ng kaligtasan ng ating mga ninuno



sa pamamagitan ng gawain sa family history at sa templo. Sa bawat pangkalahatang kumperensya, nagbibigay sila ng dagdag na espirituwal na gabay para sa Simbahan.

Papatnubayan Kayo ng Espiritu Santo

Nagturo pa si Nephi, "Kung kayo ay papasok sa daan, at tatanggapin ang Espiritu Santo, iyon ang magbibigay-alam sa inyo ng lahat ng bagay na nararapat ninyong gawin" (2 Nephi 32:5). Kaya, matapos bigyang-diin ang kahalagahan ng paghahanap sa mga salita ni Cristo, ngayon ay nagpapayo si Nephi sa atin tungkol sa direkta at personal na komunikasyon na dapat ay mayroon tayo sa Espiritu Santo, ang ikatlong miyembro ng Panguluhang Diyos.

Alam ni Nephi kung ano mismo ang sinasabi niya. Mga 30 o 40 na taon na ang nakalipas, habang ang kanyang pamilya ay nasa disyerto at gumagawa siya ng barko na magdadala sa kanila sa lupang pangako, pinagsabihan ni Nephi ang mga nakatatanda niyang kapatid sa kanilang paggawa ng kasamaan, kahit narinig na nila ang tinig ng isang anghel.

Sinabi ni Nephi sa kanila, "Kayo ay mabilis sa paggawa ng kasamaan subalit mabagal sa pag-aalaala sa Panginoon ninyong Diyos. Nakakita kayo ng isang anghel, at



nangusap siya sa inyo; oo, manaka-naka ay narinig ninyo ang kanyang tinig; at siya ay nangusap sa inyo sa isang marahan at banayad na tinig, datapwat kayo ay manhid, kung kaya't hindi ninyo madama ang kanyang mga salita; kaya nga, siya ay nangusap sa inyo tulad ng tinig ng kulog, na nagpayanig sa lupa na parang ito ay mabibiyak" (1 Nephi 17:45).

Huwag Tayong Tumigil na Makiramdam

Ang komunikasyon ng Diyos sa Kanyang mga anak ay kadalasang dumarating sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na madalas na nakikipag-usap sa atin sa isang tinig na pumapasok sa ating puso at isipan, "ang marahan at banayad na tinig, na bumubulong at tumatagos sa lahat ng bagay" (D at T 85:6). Makinig tayo sa marahan na tinig na ito at huwag maghintay na kakailanganin pa na kausapin tayo ng isang tao na may boses na tila kulog! Tandaan, nalaman ni Elias na ang tinig ng Panginoon ay wala sa hangin, lindol, o apoy. Nagsalita ang Panginoon sa kanya sa pamamagitan ng Espiritu Santo, isang marahan at banayad na tinig.

"Ang tinig ng Panginoon ay dumarating bilang isang *pakiramdam* sa halip na tunog," sabi ni Pangulong Boyd K. Packer (1924-2015), Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol. "Matututuhan ninyo, tulad ng natutuhan ko, na 'makinig' sa tinig na iyan na *nadarama* sa halip na *naririnig*. . . .

". . . Ito ay isang espirituwal na tinig na dumarating sa isipan bilang kaisipan o damdamin na inilagay sa inyong puso."[2]

Nararamdaman natin ang mga salita mula sa Espiritu Santo, sa halip na *naririnig* ng ating mga tainga, ng ating mga isip at puso. Huwag tayong mabigo na maramdaman ang mga pahiwatig na iyon! Nawa'y buksan natin ang ating mga isip at puso na tanggapin ang mga salita ng mga propeta. Nawa'y hayaan natin ang Espiritu Santo na patuloy na turuan tayo sa pamamagitan ng marahan at banayad na tinig. Sa pagtuturo sa Kanyang mga disipulo tungkol sa Espiritu Santo, na ipadadala sa kanila matapos ang Kanyang paglisan, sinabi ng Tagapagligtas sa kanila, "Ngunit ang Mangaaliw, sa makatuwid baga'y ang Espiritu Santo, na susuguin ng Ama sa aking pangalan, siya ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay, at magpapaalaala ng lahat [ng bagay] sa inyo" (Juan 14:26).

Bawat nananampalatayang miyembro ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ay may karapatan at biyaya ng pagtanggap ng personal na gabay, inspirasyon, at personal na paghahayag mula sa langit sa pamamagitan ng Espiritu Santo.

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018): "Magpaimpluwensya sa marahan at banayad na tinig na iyon. Alalahanin na may isang awtoridad na nagpatong ng kanyang mga kamay sa inyong ulo noong kumpirmasyon ninyo at sinabing, "Tanggapin ang Espiritu Santo." Buksan ang inyong puso, maging ang inyong kaluluwa mismo, sa espesyal na tinig na nagpapatotoo sa katotohanan. Gaya ng pangako ng propetang Isaias, 'Ang iyong mga pakinig ay makakarinig ng salita . . . na nagsasabi, Ito ang daan, lakaran ninyo' [Isaias 30:21]."[3] ■


MGA TALA

1. "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Liahona,* Mayo 2017, 145.
2. Boyd K. Packer, "Payo sa Kabataan," *Liahona,* Nob. 2011, 17–18.
3. Thomas S. Monson, "Maniwala, Sumunod, at Magtiis," *Liahona,* Mayo 2012, 129.

PANANAMPALATAYA NA SUMULONG

Taglay ang patotoo sa Panginoong Jesucristo, ang mga miyembro ng Willie handcart company ay sumulong sa kabila ng kahirapan at gutom.





Ni Elder Ronald A. Rasband
Korum ng Labindalawang Apostol

Ang kuwento na nais kong ibahagi ay nagsimula sa isang luntiang kanayunan ng England, kung saan ipinanganak si John Bennett Hawkins sa Gloucester noong 1825. Bininyagan siyang miyembro ng Simbahan noong 1849 at sa taon ding iyon ay umalis patungong Amerika kasama ang isang grupo ng mga Banal sa mga Huling Araw sakay ng barkong *Henry Ware*. Dumating siya sa Utah noong Agosto 1852 at naging isa sa mga pioneer na panday sa mga unang araw ng pagtira sa Utah.

Ang kanyang magiging asawa, si Sarah Elizabeth Moulton, ay nanggaling din sa isang kanayunan sa England. Ang Irchester ay isang maliit na nayong malapit sa Ilog Nene, mga 65 milya (105 km) sa hilaga ng London at halos ganoong distansya rin sa silangan ng Birmingham. Si Sarah Elizabeth ay ipinanganak doon noong 1837 kina Thomas Moulton at Esther Marsh. Ang nanay ni Sarah Elizabeth ay namatay nang siya ay dalawang taong gulang pa lamang, at noong 1840 ay pinakasalan ng kanyang ama si Sarah Denton.

Noong Hunyo 1837, si Elder Heber C. Kimball (1801–68) ng Korum ng Labindalawang Apostol at iba pang mga lider ng Simbahan ay nasa England at gumagawa ng gawaing misyonero. Kabilang sa mga bagong miyembro na naturuan ng mga missionary na ito ay isang pamilya na nagbigay sa mga Moulton ng kopya ng polyetong *A Voice of Warning* ni Elder Parley P. Pratt (1807–57) ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sa pagbasa nito, si Thomas at si Sarah ay naniwala at nabinyagan noong Disyembre 29, 1841. Noong panahon na iyon, dalawa pa lamang ang anak nila—si Sarah Elizabeth, apat na taong gulang; at si Mary Anne, pitong buwang gulang.

Ang diwa ng pagtitipon ay malakas sa puso ng mga bagong binyag sa Europa. Ang kanilang matinding hangarin ay ang makalipat sa Amerika, kung saan maaari silang makiisa sa karamihan ng mga Banal. Tulad ng maraming iba pa, hindi sapat ang pera ng mga Moulton upang tuparin ang hangaring ito. Ngunit matatag ang kanilang pananalig, at nagsimula silang mag-ipon ng pera sa isang garapon ng prutas.

Perpetual Emigration Fund

Noong 1849, pinasimulan ni Pangulong Brigham Young (1801-77) ang Perpetual Emigration Fund upang tulungan ang mga miyembro ng Simbahan na makapunta sa Amerika. Ang unang naglakbay gamit ang tulong ng pondo na ito ay gumamit ng wagon train, ngunit ang paraan ng transportasyong ito ay mabagal at may kamahalan. Kahit sa kabila ng tulong ng Perpetual Emigration Fund, kakaunti lamang ang nakapaglalakbay. Siniyasat ng mga lider ng Simbahan ang paggamit ng mga handcart at napag-alaman na ang mga ito ay magagawang mas mabilis at mura ang paglalakbay.

Sa panahon na iyon, pito na ang mga anak sa pamilya Moulton, ngunit gamit ang naipon nila mula sa garapon ng prutas, tulong ng Perpetual Emigration Fund, at mas murang paraan ng paglalakbay, ang kanilang pangarap na makalipat ay naging posibilidad. Para sa

Kanayunan sa Gloucester, England, ngayon

LARAWANG KUHA NI EDDIECLOUDYSTOCK.ADOBE.COM



Scotts Bluff National Monument sa kanlurang Nebraska, USA

isang pamilya ng siyam na tao, maingat na pagpaplano ang kinailangan upang maghanda sa paglalakbay. Upang makaipon ng mas malaki para sa mga bilihin na kakailanganin nila, sila ay namuhay sa sebada (barley) na harina sa loob ng halos isang taon.

Habang papalapit ang araw ng kanilang pag-alis, nagatubiling umalis si Thomas dahil buntis ang kanyang asawa. Ngunit si Sarah Denton Moulton ay isang babaeng may pananampalataya at hindi nagpapigil. Bago sila umalis sa England, ang isa sa mga missionary ay binigyan si Sarah ng basbas kung saan ipinangako niya na kung pupunta siya sa Utah, ligtas siyang makapaglalakbay at wala ni isa sa miyembro ng kanyang pamilya ang mawawala sa kanya—isang napakagandang pangako para sa isang pamilya na sa madaling panahon ay magiging sampu!

Ang pamilya, na naglayag mula sa Liverpool, England, noong 1856 sakay ng barkong *Thornton,* ay nagkaroon ng bagong anak na lalaki sa loob lamang ng tatlong araw ng kanilang paglalakbay. Ang *Thornton* ay inupahan upang magdala ng 764 na taga-Denmark, taga-Sweden, at taga-England na mga Banal. Sila ay napasailalim ng pamumuno ng isang missionary na nagngangalang James Grey Willie.

Makalipas ang anim na linggo, ang *Thornton* ay dumaong sa New York Harbor. Pagdating doon ang pamilya Moulton ay sumakay sa isang tren upang simulan ang mahabang paglalakbay pakanluran. Dumating sila sa Iowa City, Iowa, noong Hunyo 1856, kung saan nagmumula ang mga handcart company. Tatlong araw lamang bago sila nakarating, ang handcart company ni Kapitan Edward Bunker ay nagsimula ng kanilang paglalakbay mula sa Iowa City, at isinama ang karamihan ng mga handcart.

Mga Dulot na Sakit sa Ulo ng mga Handcart

Mga dalawang linggo ang nakalipas, sumama sa Willie company ang isa pang grupo ng mga Banal, sa ilalim ng pamumuno ni Edward Martin. Ang mga kinatawan ng Simbahan sa Iowa City, na nagpakahirap upang mabigyan ng kagamitan at mapaalis ang unang tatlong grupo ng handcart, ay nagkumahog ngayon sa paglalaan ng mga pangangailangan ng hindi inaasahang dami ng mga taong huling dumating. Kinailangan nilang gumawa ng 250 mga handcart bago makapagpatuloy sa paglalakbay ang mga Banal na ito.

Bawat taong may kakayahan ay pinagawa ng mga handcart, samantalang ang kababaihan ay gumawa ng dosedosenang mga tolda para sa paglalakbay. Marami sa mga baguhan sa paggawa ng mga kariton ang hindi sumunod sa tamang detalye ngunit gumawa ng mga kariton na may iba't ibang sukat at tibay, na mapatutunayang magiging sagabal sa kanila. Dahil sa pangangailangan, ang ilan sa mga handcart ay binuo mula sa luntian at batang mga kahoy, at sa ibang pagkakataon, gawa sa sariwang balat ng hayop at lata ang mga gulong nito. Ang bawat kariton ay nilagyan din ng pagkain at lahat ng mga materyal na gamit ng karamihan ng mga Banal.

Kadalasan, 400 hanggang 500 libra (180 hanggang 230 kg) ng harina, higaan, gamit sa pagluluto, at mga damit ang inilalagay sa bawat handcart. Tanging 17 libra (8 kg) ng personal na bagahe sa isang kariton ang pinayagan sa bawat tao.

Si Thomas Moulton at ang kanyang pamilya na 10 katao ay itinalaga sa pang-apat na handcart company, muli sa ilalim ng pamumuno ni Kapitan Willie. Ito ay binuo ng mahigit 400 mga Banal, na may higit sa karaniwang bilang ng matatanda. Isang ulat na ginawa noong Setyembre ng taong iyon ang naglista ng "404 na katao, 6 na bagon, 87 kariton, 6 na pamatok ng baka, 32 baka, at 5 buriko."[1]

Ang pamilya Moulton ay pinayagang gumamit ng isang may takip at isang bukas na kariton. Si Thomas at ang kanyang asawa ang naghila ng may takip na kariton. Ang bagong silang na si Charles at kapatid na si Lizzie (Sophia Elizabeth) ang nakasakay sa kariton. Si Lottie (Charlotte) ay



maaaring sumakay sa kariton kapag ito ay umuusad pababa. Ang walong taong gulang na si James Heber ay naglalakad sa likod na may nakataling lubid sa baywang upang hindi siya mapalayo. Ang isa pang mabigat na kariton ay hinila ng dalawang pinakamatandang babae—sina Sarah Elizabeth (19) at Mary Ann (15)—at ng magkapatid na sina William (12) at Joseph (10).

Noong Hulyo 1856, nagpaalam ang mga Moulton sa Iowa City at sinimulan ang 1,300-milyang (2,090 km) paglalakbay pakanluran. Matapos maglakbay ng 26 na araw, narating nila ang Winter Quarters (Florence), Nebraska. Tulad ng nakagawian, nagpalipas sila ng ilang araw doon, nag-ayos ng mga kariton at kumuha ng mga kagamitan dahil walang malalaking siyudad sa pagitan ng Winter Quarters at Salt Lake City.

Masyado nang huli sa panahon bago nakapaghandang umalis ang Willie company kung kaya't nagkaroon ng isang konseho upang magpasiya kung aalis ba sila o mananatili hanggang sa tagsibol. Ang ilan na nasubukan nang bagtasin ang ruta ay mahigpit na nagbabala sa panganib na dala ng paglalakbay na huli sa panahon. Ngunit si Kapitan Willie at ang maraming miyembro ng grupo ay naramdaman na kinakailangan silang magpatuloy dahil wala silang titirhan sa panahon ng taglamig sa Florence.

Umuunting mga Probisyon

Kulang man sa probisyon o pagkain, sinimulan muli ng Willie company ang kanilang paglalakbay noong Agosto 18, iniisip na maaari silang magdagdag ng kagamitan sa Fort Laramie (hilaga ng kasalukuyang Laramie, Wyoming). Sa harap ng bantang natanggap nila, nagdagdag sila ng 100-libra (45 kg) na sako ng harina sa bawat kariton at nagtiwala na makakasalubong nila ang mga supply wagon na ipinadala mula sa Salt Lake City. Subalit, ang mga drayber ng mga supply wagon, na nag-akalang wala nang mga imigrante sa daan, ay bumalik sa Salt Lake City sa huling mga araw ng Setyembre, bago pa man sila naabutan ng Willie company.

Sa Florence, minarapat ng mga Moulton na mag-iwan ng isang kahon ng kagamitan dahil masyado nang mabigat ang kargadang kailangan nilang hilahin para sa isang pamilya ng sampung tao. Noong panahong iyon, nakapagiwan na sila ng bagahe sa daungan sa Liverpool, isang kahon ng mga damit sa barko, isang baul ng damit sa New York City, at isang baul ng kagamitan na naglalaman ng karamihan sa kanilang mga personal na gamit sa Iowa City. Kahit sa daan ay nag-isip sila ng mga paraan para pagaanin ang kanilang mga dalahin.

Mahirap para sa mga nakakaranas ng kaginhawahan ng modernong pamumuhay na isipin ang araw-araw na paghihirap ng pamilya Moulton at ng iba pang kamanghamanghang mga lalaki at babae ng mga handcart company na iyon. Kaya ba nating isipin ang mga paltos sa kamay at paa, namamagang kalamnan, alikabok at pinong buhangin, sunburn, langaw at lamok, mga kawan ng mga kalabaw na nagtatakbuhan, at mga engkwentro sa mga Indian? Kaya ba nating isipin ang pagtawid sa mga ilog at ang pahirap na dulot ng buhangin at madudulas na mga bato habang sinisikap nilang padaanin ang mga kariton sa mabilis na agos o malalim na tubig? Kaya ba nating isipin ang kahinaan na nagmumula sa kakulangan ng sapat na pagkain?

Sa kanilang paglalakbay, ang mga batang Moulton ay pumunta sa mga sakahan kasama ang kanilang ina upang mamulot ng mga tira-tirang ligaw na trigo upang magdagdag ng pagkain sa kanilang mabilis na nauubos na mga suplay o probisyon. May panahon na ang pamilya ay mayroon lamang tinapay na sebada at isang mansanas kada tatlong tao sa isang araw.

Bago magtakip-silim noong Setyembre 12, isang grupo ng mga missionary mula sa British Mission ang dumating sa

LARAWANG KUHA MULA SA GETTY IMAGES



Sweetwater River malapit sa Martin's Cove, Wyoming, USA

kampo. Sila ay pinamunuan ni Elder Franklin D. Richards (1821–99) ng Korum ng Labindalawang Apostol, na kalololohan ng aking asawa. Nang makita ni Elder Richards at ng mga kasama niya ang paghihirap ng handcart company, nangako silang mabilis na babalik sa Salt Lake at magpapadala ng tulong sa lalong madaling panahon.

Noong Setyembre 30, narating ng Willie company ang Fort Laramie, Wyoming, 400 milya (645 km) sa silangan ng Salt Lake City.

Sa umpisa ng Oktubre, nagsimula ang taglamig, at mabilis na nadagdagan ang paghihirap sa pagsisikap ng grupo na magpatuloy. Napakakaunti na ng mga probisyon kung kaya't napilitan si Kapitan Willie na ibaba ang mga rasyon sa 15 onsa (425 g) ng harina para sa mga lalaki, 13 onsa para sa mga babae, 9 na onsa para sa mga bata, at 5 onsa para sa mga bagong silang. Di magtatagal haharapin nila ang malalakas na hangin at sunud-sunod na pagbagsak ng niyebe. Sa umaga ng Oktubre 20, ang niyebe ay 4 na pulgada (10 cm) ang lalim, at ang mga tolda at takip ng bagon ay nangasira dahil sa bigat nito. Limang miyembro ng grupo at ilang mga hayop ang namatay sa lamig at gutom isang gabi bago dumating ang bagyo, at lima pang mga miyembro ang namatay nang sumunod na tatlong araw. Sa pagpapakain muna sa mga babae, bata, at maysakit, karamihan sa malalakas na kalalakihan ay napilitang hindi na kumain.

Humayo ang mga Relief Party

Dalawang milya (3 km) sa ilalim ng Rocky Ledge sa Sweetwater River, ang grupo ay nagkampo at naghintay na matapos ang bagyo habang nagugutom, nanlalamig, at naghihirap.

Nang dumating ang grupo ni Franklin D. Richards sa Salt Lake City, kaagad nilang iniulat kay Pangulong Young ang mapanganib na sitwasyon ng mga imigrante. Ang mga Banal sa lambak ay hindi inaasahan ang pagdating ng karagdagang mga imigrante hanggang sa susunod na taon, at ang balita ng kanilang kalagayan ay kumalat na tila napakalaking apoy.

Dalawang araw ang nakalipas, Oktubre 6, 1856, ang pangkalahatang kumperensya ay ginanap sa Lumang Tabernakulo. Mula sa pulpito, nanawagan si Pangulong Young para sa mga kalalakihan, pagkain, at kagamitan sa mga bagon na hila ng mga buriko o kabayo na aalis kinabukasan upang magbigay ng tulong.[2]

Si John Bennett Hawkins ay nasa Lumang Tabernakulo noong araw na iyon at sumagot sa panawagang tumulong. Isa siya sa daan-daang mga indibiduwal sa mga relief party na humayo mula sa Salt Lake City. Sa gabi ng Oktubre 21, narating ng tagasagip na mga bagon ang Willie camp. Sila ay binati nang may galak at pasasalamat ng mga nanlalamig at nagugutom na mga nakaligtas. Ito ang unang pagtatagpo nina John Bennett Hawkins at Sarah Elizabeth Moulton, na magiging aking lolo at lola-sa-tuhod.

Noong Oktubre 22, ang ilan sa mga tagasagip ay tumulak upang tulungan ang iba pang mga handcart company, samantalang si William H. Kimball, kasama ang mga natirang mga bagon, na inatasan sa Willie company ay tumulak pabalik sa Salt Lake.

Ang masyadong mahihina upang hilahin ang kanilang mga handcart o kariton ay inilagay ang kanilang mga ariarian sa mga bagon, at naglakad katabi ng mga ito. Ang hindi na makapaglakad ay sumakay sa mga bagon. Nang dumating sila sa Rocky Ridge, isa pang malakas na bagyo ng niyebe ang nanalanta. Habang sila ay naghihirap sa pag-akyat sa gilid ng gulod, kinailangan nilang balutin ang kanilang sarili sa mga kumot at makapal na kubrekama upang hindi sila manigas at mamatay. Nasa mga 40 miyembro na ng grupo ang namatay.[3]

Napakalamig ng panahon kung kaya't maraming mga Banal ang nagka-frostbite sa kanilang mga kamay, paa,



at mukha habang tinatawid ang gulod. Isang babae ang nabulag sa frost.

Maaari nating maisip ang mga Moulton, kasama ang kanilang walong anak, na naghihila at nagtutulak ng dalawa nilang kariton habang tumatawid sa makapal na niyebe. Ang isang kariton ay hinihila ni Thomas at ng kanyang asawa na nagdadala ng napakahalagang kargamento—sina Lottie, Lizzie, at baby Charles—kasama ang maliit na si Heber na natitisod at nahihila ng lubid na nakatali sa baywang niya. Ang isa pang kariton ay hinila at itinulak ni Sarah Elizabeth at ng tatlo pang bata. Hinawakan ng isang butihin at matandang babae na nakakita sa paghihirap ng maliit na si Heber James ang kanyang kamay habang siya ay sumusunod sa kariton. Ang mabuting gawaing ito ang nagligtas sa kanyang kanang kamay, ngunit ang kanyang kaliwang kamay na nakalantad sa napakaginaw na klima ay nanigas sa lamig. Nang sa wakas sila ay dumating sa Salt Lake City, ang ilan sa mga daliri sa kamay na iyon ay pinutol.

Makalipas lang ang tanghali noong Nobyembre 9, ang mga bagon ng mga taong hirap na hirap ay tumigil sa harap ng tithing office building, kung saan nakatayo na ngayon ang Joseph Smith Memorial Building sa Salt Lake City. Marami ang dumating na nagyeyelo ang mga binti at hita. Animnapu't siyam ang namatay sa paglalakbay. Ngunit ang pangako sa pamilya Moulton sa basbas sa England ay natupad. Sina Thomas at Sarah Denton Moulton ay hindi namatayan ng anak.

Mula sa Pagsagip Hanggang sa Pag-iibigan

Ang grupo ay sinalubong ng daan-daang taong sabik na naghihintay sa Salt Lake sa kanilang pagdating at handang magbigay ng tulong. Ang pasasalamat at pagpapahalaga para sa isa sa mga batang bayani na tumulong na maligtas ang mga Moulton mula sa kamatayan ay nauwi sa pag-iibigan para kay Sarah Elizabeth.

Noong Disyembre 5, 1986, sa gitna ng masasayang bati ng kanyang mga mahal sa buhay, ikinasal si Sarah Ellizabeth kay John Bennett Hawkins, ang tagasagip niya. Sila ay ibinuklod sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan nang sumunod na Hulyo sa Endowment House. Nanirahan sila sa Salt Lake City at nabiyayaan ng tatlong anak na lalaki at pitong anak na babae. Isa sa mga anak nilang babae, si Esther Emily, ay ikinasal sa aking lolo na si Charles Rasband noong 1981.

Sa Hulyo 24, ipagdiriwang natin ang Pioneer Day, at nagpapasalamat tayo sa maraming mga pioneer na ibinigay ang kanilang lahat upang itatag ang Salt Lake Valley at ang marami pang mga komunidad sa kanlurang Estados Unidos. Nagpapasalamat din tayo sa mga Banal sa mga Huling Araw na pioneer sa lahat ng dako ng mundo na tumahak—at tumatahak—sa landas ng ebanghelyo para sundan ng iba.

Ano ang nagtulak sa kanila? Ano ang nagpasulong sa kanila? Ang sagot ay ang patotoo sa Panginoong Jesucristo. Bilang apo-sa-tuhod ng mga pioneer, idinaragdag ko ang aking pagsaksi at patotoo na ang kanilang mga paghihirap ay hindi nabalewala. Ang naramdaman nila ay nararamdaman ko. Ang alam nila ay alam ko at pinatototohanan ko. ■

Mensahe mula sa Pioneer Day sunrise service na ibinahagi sa Tabernacle sa Salt Lake City noong Hulyo 24, 2007.

MGA TALA

1. Ulat nina F.D. Richards at Daniel Spencer, "Smith, Marilyn Austin, *Faithful Stewards—the Life of James Gray Willie and Elizabeth Ann Pettit,* 95–120," history.lds.org.
2. Tingnan sa Brigham Young, "Remarks," *Deseret News,* Okt. 15, 1856, 252; tingnan din sa LeRoy R. Hafen at Ann W. Hafen, *Handcarts to Zion* (1981), 120–21.
3. Sa mga ito, 19 ang namatay bago marating ng grupo ang Fort Laramie, kabilang ang 7 na namatay sa pagbibiyahe sa karagatan at 4 na namatay sa Iowa City. Labingsiyam pa ang namatay sa pagitan ng Fort Laramie at sa pagsisimula ng taglamig, ang karamihan ay sa mga araw bago dumating ang mga tagasagip.

PANANATILI NG

Pananam-palataya KAHIT... Nag-iisa

Ni Ryan W. Saltzgiver
Church History Department

Karamihan sa mga Banal sa mga Huling Araw ngayon ay sumasamba sa mga ward at mga branch, kung saan sila ay "madalas na nagtitipun-tipon upang mag-ayuno at manalangin, at makipag-usap sa bawat isa hinggil sa kapakanan ng kanilang mga kaluluwa" (Moroni 6:5). Ngunit si Moroni, ang propeta na nagsulat ng mga salitang ito, ay ginawa ang kanyang pinakadakilang gawain nang siya ang mag-isang natirang disipulo matapos ang pagkalipol ng kanyang mga tao.

Sa kasaysayan ng Simbahan, maraming mga Banal sa mga Huling Araw ang nananatiling mag-isang nananampalataya kapag may mga pangyayaring nag-iwan sa kanila na nag-iisa. Ang ilan, tulad ni Moroni, ay namuhay bilang mga saksi at halimbawa para sa mga henerasyon sa hinaharap. Ang iba naman ay nabuhay upang makita ang araw na sila ay muling makapagbabahagi ng kanilang pananampalataya.

Nagdarasal sa Loob ng Maraming Taon Para sa Araw na Ito

Ni minsan ay hindi sumagi sa isip ni Františka Brodilová ang papel na

MGA PAGLALARAWAN NI KEN SPENCER

Kapag ang digmaan, sakit, at iba pang mga pangyayari ay iniwan ang mga miyembro na nag-iisa sa bansa nila, ito ang ginawa nila upang manatiling nananampalataya.

gagampanan niya sa kasaysayan ng Simbahan nang ang isang missionary ay kumatok sa kanyang pintuan sa Vienna noong 1913. Isang taon makalipas ang kanyang binyag, napasa-ilalim ng World War I ang Austro-Hungarian Empire, umuwi ang mga missionary, at mara-ming mga lalaking miyembro ang tinawag sa serbisyong militar, at naiwan si Františka at ang ilan pang mga babaeng miyembro para magmiting nang sila lamang.

Iyon ang tanging pakikipag-ugnayan ni Františka sa mga miyembro sa loob ng mara-ming taon. Matapos ang digmaan, ang asawa ni Františka, si František, ay pinangakuan ng isang pwesto sa bagong gobyerno ng Czechoslovakia. Matapos silang lumipat sa Prague, si Františka ang naging kaisa-isang miyembro ng Simbahan sa bansa. Makalipas ang ilang buwan, namatay si František, at si Františka ay naiwan na may dalawang batang anak na babae—sina Frances at Jane—na susustentuhan.

Mag-isa, itinuro ni Františka sa kanyang mga anak ang ebanghelyo. “Lumaki ako sa Simbahan,” paggunita ni Frances. “Ang simbahan



Sumapi si Františka Brodilová sa Simbahan sa Vienna noong 1913—isang taon bago nagsimula ang World War I—at walang pakikipag-ugnayan sa ibang mga miyembro ng Simbahan hanggang 1929.

LARAWAN NI FRANTIŠKA VESELA BRODILOVÁ SA KAGANDAHANG-LOOB NG VISUAL RESOURCES LIBRARY



Si Františka ay naroon nang ilaan ni Elder John A. Widstoe (kapwa nasa gitnang hilera) ang Czechoslovakia para sa pangangaral ng ebanghelyo noong 1929.




ay ang tahanan namin!”[1] Nagsulat din si Františka sa mga lider ng Simbahan sa Austria at nakiusap na magpadala ng mga missionary sa Czechoslovakia. Nag-atubili ang mga lider dahil ang huling missionary na ipinadala sa Prague, 40 taon ang nakalipas, ay ikinulong dahil sa kanyang pangangaral at pinaalis sa siyudad. Sa kabila ng bagong gobyerno, nangamba ang mga lider ng Simbahan na kaunti lang ang ipinagbago.

Hindi natitinag, patuloy na nagpadala ng mga sulat si Františka at nagdasal na maitatag ang isang mission. Noong 1928, matapos mapag-isa si Františka nang halos isang dekada, ang 83 taong gulang na si Thomas Biesinger—ang missionary na nangaral sa Prague 40 taon na ang nakalipas—ay bumalik. Tila natapos na ang pag-iisa ng pamilya. Gayunman, makalipas ang ilang buwan, ang paghina ng kalusugan ni Elder Biesinger ang nagtulak sa kanya na umalis sa bansa.

Pinanghinaan ng loob si Františka ngunit nagpasiya na patuloy na magpadala ng sulat sa mga miyembro at lider ng Simbahan sa ibang bansa. Ang pagtitiyaga niya ay nagantimpalaan: noong Hulyo 24, 1929, si Elder John A. Widstoe (1872-1952) ng Korum ng Labindalawang Apostol ay dumating sa Prague kasama ang isang grupo ng mga missionary. Nang gabing iyon, si Františka at ang grupo ay umakyat sa isang burol malapit sa Karlštejn Castle, kung saan inilaan ni Elder Widstoe ang Czechoslovakia para sa pangangaral ng ebanghelyo at pormal na inorganisa ang isang mission. “Ilang tao lamang ang nakakaramdam ng kaligayahan na naramdaman namin,” sinulat ni Františka pagkatapos. Maraming taon [na] naming ipinagdarasal ang araw na ito.”[2]

Sa halos anim na buwan, nagmiting ang branch sa tahanan ni Františka. Sa huli, tinulungan ni Františka ang mga anak niyang babae na isalin ang Aklat ni Mormon sa Czech at naglatag ng pundasyon para sa Simbahan sa bayan na ngayon ay Czech Republic.

Tulad ni Františka, maraming mga Banal sa mga Huling Araw ang nagtiis ng pag-iisa. Ang sumusunod na mga lalaki at babae ay ilan sa mga naunang nagbahagi ng ebanghelyo at naglatag ng pundasyon ng Simbahan sa kanilang inang-bayan, na nagpahintulot sa iba na makibahagi sa pakikipagkapatiran ng mga Banal.



Matapos mamatay ang kanyang asawa, mag-isang pinalaki ni Františka ang dalawa niyang anak na babae.

Tulad ni Františka, maraming mga Banal sa mga Huling Araw ang nagtiis ng pag-iisa. Pinangalagaan ng mga lalaki at babae na ito ang kanilang pananampalataya, ibinahagi ang ebanghelyo, at itinatag ang Simbahan sa kanilang mga inang-bayan.

Bilang namumunong elder, si Fujiya Nara (nakasuot ng maitim na terno) ang umako ng responsibilidad na makipag-ugnayan sa mga miyembro matapos magsara ang Japan Mission noong 1924.



Ang Patuloy na Kaloob ng Tunay na Pananampalataya

Nang ang Japan Mission ay isinara noong 1924, naramdaman ng maraming miyembro na nawalan sila at pinabayaan. Ang pamumuno sa humigit-kumulang 160 mga miyembro sa Japan ay naiwan kay Fujiya Nara, ang namumunong elder sa bansa, na dahil sa kanyang trabaho sa railroad o riles ng tren ay maaari niyang bisitahin ang kalat-kalat na mga miyembro. Kapag hindi siya nakakabisita, nakikipag-ugnayan si Fujiya sa pamamagitan ng paglathala ng isang magasin na pinamagatang *Shuro (Palm Leaf)* kung saan nagbabahagi siya ng mga mensahe tungkol sa ebanghelyo at pinalalakas ang loob ng natitirang mga Banal sa sumunod na mahihirap na taon.

Matapos malipat si Fujiya sa Manchuria dahil sa kanyang trabaho at ang kanyang kapalit na namumunong elder ay biglaang namatay noong 1937, nawalan ng ugnayan ang mga miyembro sa Japan. "Kahit na wala kaming ugnayan sa Salt Lake City," sabi ni Fujiya, ". . . may malakas kaming paniniwala na muling magbubukas ang Simbahan [dito]."[3]

Noong World War II, bumalik si Fujiya sa Tokyo, kung saan nangaral siya sa kanyang mga kapitbahay at nag-organisa ng lingguhan na mga miting sa Sunday School. Matapos ang digmaan, nakita ni Fujiya ang isang paunawa ni Edward L. Clissold—isang Banal sa mga Huling Araw na naglilingkod sa militar ng Amerika—na nag-iimbita sa mga miyembro sa bansa na makipag-ugnayan sa kanya. Mabilis na binisita ni Fujiya si Edward sa kanyang silid sa hotel. Nang dumalo si Edward sa mga miting ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Tokyo, nagulat siya nang makitang halos 100 tao ang dumalo.

"Sa lahat ng iyon," sabi ni Fujiya pagkatapos, "ang pinakadakilang kaloob, at ang patuloy na kaloob, ay ang malaman at mayakap ang totoong pananampalataya—ang ibig sabihin nito ay ang makilala ang Ama sa Langit, si Jesucristo, at ang Espiritu Santo."[4]

Ang Pagtatatag ng Simbahan sa Hawaii

Si Jonathan H. Napela ay isang kagalang-galang na hukom sa isla ng Maui bago siya at ang kanyang asawang si Kiti ay nabinyagan noong 1851. Matapos mapilitan si Jonathan na magbitiw sa kanyang pagiging hukom dahil sa pagsapi niya sa Simbahan, inilaan niya ang kanyang lakas sa pagtatatag ng Simbahan sa mga nagsasalita ng Hawaiian. Tinuruan ni Jonathan ang missionary na si George Q. Cannon ng wika, tumulong na magsalin ng Aklat ni Mormon, at binuo ang unang programa para sa pagsasanay ng mga missionary sa kahit anong banyagang salita.

Dahil dito, mahigit sa 3,000 mga katutubong Hawaiian ang sumapi sa Simbahan sa loob ng tatlong taon. "Madali naming naunawaan na ito ang simbahan ng Diyos," isinulat ni Jonathan. "Marami sa mga nasa isla na ito ang nagkaroon ng malakas na pananampalataya sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, sa pamamagitan ng Panginoong Jesucristo, upang matanggap namin ang Espiritu Santo."[5]

Kanan: Isa sa mga unang nabinyagan sa Hawaii, si Jonathan Napela ay tumulong magsalin ng Aklat ni Mormon sa Hawaiian. Ibaba: Si Wilhelm Friedrichs (pangalawa mula sa kaliwa) at si Emil Hoppe (gitna, likod na hilera) ay dumalo sa mga unang pagbibinyag sa Argentina.



LARAWAN NI JONATHAN NAPELA SA KAGANDAHANG-LOOB NG CHURCH HISTORY LIBRARY AND ARCHIVES

Noong 1872, nagkaroon ng ketong si Kiti Napela at kinailangang lumipat sa kolonya ng may mga ketong sa Moloka'i. Sa halip na manatiling kasama ng mga Banal, nakiusap si Jonathan sa kolonya na tanggapin din siya. "Sa kaunting nalalabing panahon," sumulat siya sa kagawaran ng kalusugan, "Gusto kong makasama ang asawa ko."[6] Napagbigyan ang kanyang kahilingan, at si Jonathan ang naging branch president sa Moloka'i. Nakipagtulungang mabuti si Jonathan sa lokal na Katolikong pari, si Father Damien, upang magpaglingkuran ang lahat ng maysakit. Sa huli ay namatay si Jonathan dahil sa ketong na nakuha niya sa kolonya.

"Nagagalak akong maging kasangkapan sa mga Kamay ng Diyos"



Tanging ang mga pamilya Friedrichs at Hoppe ang mga Banal sa mga Huling Araw sa Argentina nang lumipat sila doon mula sa Germany noong mga unang taon ng 1920s. Sinubukan nina Wilhelm Friedrichs at Emil Hoppe na ibahagi ang ebanghelyo sa kanilang bagong bansa, namahagi ng mga polyeto at nag-anyaya sa iba na sumama sa kanilang mga miting. "Mayroon akong buong pagtitiwala sa aking Ama sa Langit na magpapadala Siya ng mga tapat na kaibigan na tatanggap ng Ebanghelyo," sinulat ni William, "dahil nagagalak akong maging kasangkapan sa mga kamay ng Diyos."[7]

Gayunman, may mga makabuluhang hamon. Ang mga pamilya ay malayo sa isa't isa at kinailangang bumiyahe nang dalawang oras upang magkita-kita. Dahil si Emil ay isang deacon at si Wilhelm ay teacher sa Aaronic Priesthood, hindi sila makapangasiwa sa mga ordenansa tulad ng sakramento o pagbibigay ng basbas ng priesthood.

Noong 1924, si Hildegarde Hoppe ay nagluwal ng isang batang babae, na namatay makalipas ang dalawang buwan. Sa kanyang pagluluksa, nagtanong si

Ang kanilang pagtitiyaga sa paglatag ng pundasyon ng Simbahan ang nagpahintulot sa iba na makibahagi sa pakikipagkapatiran ng mga Banal.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol dito at sa ibang nananampalatayang mga Banal mula sa iba't ibang panig ng mundo, bumisita sa bahagi na Country Histories sa Church History sa Gospel Library app o sa history.lds.org

Nang makilala nina Phillipe at Annelies Assard (kaliwa) sina Lucien at Agathe Affoué sa Côte d'Ivoire, ang parehong mag-asawa ay nagalak na malaman na hindi sila nag-iisa sa Simbahan doon.



Hildegarde kung paano mapapabilang ang pangalan ng kanyang anak sa mga rekord ng Simbahan. Dahil dito, nagsimulang makipag-ugnayan si Wilhelm sa mga lider ng Simbahan sa Salt Lake City.

Makalipas ang isa't kalahating taon, si Elder Melvin J. Ballard (1873–1939) ng Korum ng Labindalawang Apostol ay ipinadala kasama ang ilang mga missionary upang matugunan ang lumalaking grupo ng mga nagbalik-loob sa Buenos Aires. Nang dumating sila noong Disyembre 1925, bininyagan ni Elder Ballard ang ilan sa mga naniniwala at nag-organisa ng isang branch. Sa araw ng Pasko, inilaan ni Elder Ballard ang South America para sa gawaing misyonero at inorganisa ang unang mission sa kontinente.

Pagpapanumbalik ng Ebanghelyo sa Kanyang mga Tao

Sina Phillipe at Annelies Assard ay maginhawang namumuhay nang kumatok ang mga missionary sa kanilang pinto sa Köln, Germany, noong 1980. Agad nilang tinanggap ang ebanghelyo at naramdamang "napuspos sila ng biyaya." Hindi nagtagal ay nakaramdam si Phillipe ng malakas na pagnanais na bumalik sa inang-bayan niya sa Côte d'Ivoire upang ibahagi ang ipinanumbalik na ebanghelyo. "Kaya noong 1986, matapos ang maraming mga dasal at pag-aayuno kasama ang asawa ko," paggunita ni Phillipe, "nagpasiya akong bumalik sa Ivory Coast upang maibigay ang natanggap ko, upang mapabuti ang kalagayan ng aking pamilya at aking mga tao."[8]

Bago umalis sa Germany, kumonsulta sa Phillipe sa mga lider ng Simbahan. Kahit na walang mga unit ng Simbahan sa Côte d'Ivoire, may ilang mga miyembro doon na sumapi sa Simbahan habang nasa ibang mga bansa. Ang mga Assard ay binigyan ng isang listahan ng kanilang mga pangalan at nang sumunod na taon ay masigasig na sinulatan ang bawat isa. Unti-unti, pinag-alab muli ng mga Assard ang kislap ng pananampalataya ng iba at nabigyan ng pahintulot na magsimulang magdaos ng mga miting tuwing Linggo sa kanilang tahanan. Sumunod ay nagkaroon ng mga ward at branch, at noong 1997 ang unang stake sa Côte d'Ivoire ay inorganisa. ■

MGA TALA

1. Frances McOmber, sa Ruth McOmber Pratt, "Frantiska Vesela Brodilova," hindi nalathala na manuskrito (2009), 18.
2. Františka Brodilová, sa Pratt, "Frantiska Vesela Brodilova," 25.
3. Fujiya Nara, sa Lee Benson, "Japanese Member Survives Adversity," *Church News* Peb. 17, 1979, 7.
4. Fujiya Nara, sa Benson, "Japanese Member Survives Adversity," 7.
5. Jonathan Napela, sa "Foreign Correspondence: Sandwich Islands—Minutes of Conference, Makawao, Abril 1, 1852," *Deseret News,* Nob. 27, 1852, 4.
6. Jonathan Napela, sa Fred E. Woods, "A Most Influential Mormon Islander: Jonathan Hawaii Napela," *The Hawaiian Journal of History,* vol. 42 (2008), 148.
7. Wilhelm Friedrichs, liham, petsa Mar. 5, 1924, Argentine Mission Correspondence, Church History Library.
8. Robert L. Mercer, "Pioneers in Ivory Coast," *Liahona,* Mar. 1999, 19.



PAGLALARAWAN NI CODY BELL

Ang Aklat ni Mormon ay Nakakapagpabago ng mga Buhay

Nagkaroon ng pananampalataya ang mga convert na ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng Aklat ni Mormon.

Ang Aklat ni Mormon ay tunay na isang kaloob na nilalayong ipaalam sa atin, na mga anak ng Diyos, ang tunay na ebanghelyo ni Jesucristo. Si Enrique Serpa Bustamante, isang miyembro mula sa Lima, Peru, ay itinuturing ang Aklat ni Mormon na mga liham mula sa isang mapagmahal na magulang: "Ang ating Ama sa Langit ay sumulat ng 'mga liham' sa pamamagitan ng mga propeta, nagpapayo, umaaliw, at pumapatnubay para sa ating ikabubuti at pinagpapala tayo sa lahat ng oras. Napakatalino ng Kanyang plano kaya alam Niya kung paano ibigay sa atin ang mga liham na iyon ng pagmamahal sa mismong oras na handa ang ating puso na maunawaan ang Kanyang mga pagpapala at Kanyang ebanghelyo."

Narito ang ilang patotoo mula sa ilang convert sa buong mundo tungkol sa mga turo ng Aklat ni Mormon na partikular na mahalaga sa kanila nang una silang mag-aral tungkol sa Simbahan.

Isa Pang Tipan ni Jesucristo

Nakakita ako ng kopya ng Aklat ni Mormon sa bahay ng aking pamangkin sa Ibadan, Nigeria. Dahil isa akong masugid na mambabasa, naging interesado akong maunawaan kung bakit sinasabi sa aklat na ito ay "isa pang tipan ni Jesucristo," kaya kinuha ko ang aklat at binasa ito.

Ang subtitle na "isa pang tipan ni Jesucristo" ay nagbukas sa aking isipan sa posibilidad na may isang Tagapagligtas para sa lahat sa halip na Tagapagligtas lamang ng mga Israelita, na noon ay isang malaking problema sa akin. Dahil sa pagbisita Niya sa mga Nephita at pagtatakda ng Kanyang mga batas at ordenansa sa mga taong iyon, ninais kong alamin pa ang iba tungkol sa Kanyang ministeryo.

Naghikayat sa akin ang subtitle na iyon na pag-aralan pa ang tungkol sa Simbahan. Nadama ko ang Espiritu nang sundin ko ang mga paalalang nakasulat sa Aklat ni Mormon, tulad ng pagdarasal para malaman ko mismo ang katotohanan (tingnan sa Moroni 10:4). Alam ko na ngayon na buhay ang Tagapagligtas at mahal Niya tayong lahat.

Ezekiel Akeh, Idaho, USA

1 Nephi 8—Bungang "Higit pa sa Lahat ng Natikman Ko na"

Sa 1 Nephi 8:11–12, inilarawan ni Lehi ang bunga ng punungkahoy ng buhay na "napakatamis . . . , higit pa sa lahat ng natikman ko na. . . . Pinuspos nito ang aking kaluluwa ng labis na kagalakan." Nang mabasa ko ang mga talatang ito, damang-dama ko na napakaespesyal ng bungang ito at ginusto kong magkaroon din nito.

Labis kong nadama ang nadama ni Lehi. Naisip ko na kung ako si Lehi at may ganito ngang bunga, madarama ko rin ang nadama niya at gugustuhin ko talagang makakain din nito ang aking pamilya. Nadama ko na totoo ito lalo na para sa akin dahil ang mga magulang ko ay hindi pa miyembro ng Simbahan; kaya habang binabasa ko ang mga talatang ito ngayon, parang sinasabi nito ang nasa puso ko.

Alam ko na ang bungang ito ay espesyal, bago ko pa man nalaman na isinasagisag nito ang pag-ibig ng Diyos

at ang Kanyang ebanghelyo. Kalaunan, nang maunawaan ko na ang kahulugan ng bunga, naisip ko na tumpak na tumpak ang pagkakalarawan dito sa mga banal na kasulatan.

Ang mga banal na kasulatan ay tunay na nagtatala ng mga katotohanan mula sa mga propeta at naglalaman ng salita ng Diyos.

Eun Jin Yeom, Gyeonggi, South Korea

Jacob 5:74—Isang Hangaring Maglingkod sa Diyos

Noong nag-aaral ako tungkol sa Simbahan, nabasa ko ang Jacob 5:74. Hindi ko na ito nalimutan mula nang mabasa ko ito. Buong buhay akong naging napakaaktibong miyembro sa dati kong simbahan at noon pa ma'y hangad ko nang maglingkod sa Diyos. Inasam ko pang mag-aral ng pilosopiya at teolohiya para mapaglingkuran ko Siya. Nakapasa na ako sa aking mga entrance exam para mag-aral ng pilosopiya.

Ngunit hinding-hindi ko malilimutan nang una kong mabasa ang talatang iyon. Naaalala ko na iyon ang gabi pagkatapos ng unang pagdalo ko sa isang LDS Church service. Sa isa sa mga break sa pagitan ng mga klase, nakita ko sa bulletin board ang paghahayag na natanggap ni Pangulong Thomas S. Monson tungkol sa pagbababa ng edad para makapagmisyon.

Nang mabasa ko ang Jacob 5:74 noong gabing iyon, nalaman ko na kailangan kong maglingkod sa Diyos. At kahit paano, nang tingnan ko ang mga missionary—ang dalawang binatang iyon na kaedad ko—na nagbibigay ng kanilang buhay para sa Kanya, nalaman ko na magagawa ko iyon sa gayong paraan. Noong gabi bago nagsimula ang sambang iyon sa Simbahan, nagpasiya na akong magpabinyag. Noong gabi pagkatapos ng samba, nagpasiya akong magmisyon. Umuwi ako nang marangal matapos maglingkod sa magagandang tao sa Philippines Cebu East Mission.

Josef Gutierrez, Batangas, Philippines



Ang Aklat ni Enos—Kapatawaran para sa mga Kasalanan

Nang una kong mabasa ang Aklat ni Mormon, hindi ko alam kung saan magsisimula. Nahihirapan akong magpatawad, lalo na sa aking sarili at malaman kung karapat-dapat akong mapatawad. Sinabi sa akin ng isa sa mga sister missionary na malalaman ko ang sagot sa mga banal na kasulatan at na kung hindi ko alam kung saan magsisimula, dapat ko iyong ipagdasal at naroroon ang mga talatang kailangan ko. Nagpasiya akong magbuklat at magbasa kung saan ako tumigil—sa Aklat ni Enos, mga talata 4–6. Nalaman ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo sa sandaling iyon mismo matapos ko itong basahin.

Jennifer Andreski, California, USA

Mosias 27—Ang Pagkakataong Magbago

Nang una kong mabasa ang Aklat ni Mormon, ang bahagi ng Aklat ni Mormon na pinakagusto ko ay nasa Mosias nang talikuran ng anak ni Alma ang Simbahan at sinikap na wasakin ito. Ngunit nagkaroon ng malaking pagbabago sa kanya—nadama niya ang Espiritu Santo at nanalig siya. Talagang gustung-gusto ko iyon dahil dapat bigyan ng pagkakataong magbago ang lahat ng tao.

Maria Garcia Henrique Gonzalez, Maule, Chile


Mosias 27:28–29—Kaligayahan at Pagtubos

Bilang isang bagong miyembro, napahanga ako sa Mosias 27:28–29. Nagpasalamat ako noon—at


Ezekiel Akeh


Josef Gutierrez


Jennifer Andreski


Marie-Chantal Hogue


Venu Bhaskar Nakka

nagpapasalamat pa rin ako ngayon—na kinahabagan ako ng Panginoon at tinubos ako mula sa makasalanang buhay. Bago ako nabinyagan, akala ko ay masaya ako, pero walang katulad ang kaligayahang nadama ko nang tanggapin ko ang ipinanumbalik na ebanghelyo. Noon ko lang nadama ang lubos na tiwala at katiyakan na may magandang kinabukasang nakalaan.

Matapos tanggapin ang paanyaya ni Alma na "lumapit at magpabinyag tungo sa pagsisisi, upang kayo rin ay maging kabahagi sa bunga ng punungkahoy ng buhay" (Alma 5:62), naranasan ko rin ang nakakaaliw at payapang paglayang naranasan ni Nakababatang Alma nang isulat niyang: "Ako ay nasa pinakamadilim na kailaliman noon; subalit ngayon namamasdan ko ang kagila-gilalas na liwanag ng Diyos. Ang aking kaluluwa ay pinahirapan ng walang hanggang parusa; subalit ako ay inagaw, at ang aking kaluluwa ay hindi na muling nagdusa" (Mosias 27:29). Ang talatang ito ay nagpaunawa sa akin na ang bagong panimula ko sa buhay at ang bagong tuklas kong kaligayahan ay nakasalalay sa pagkilala na si Jesucristo ang aking Tagapagligtas at aking Manunubos. Ngayo'y lubos akong nagpapasalamat na binayaran ng aking Tagapagligtas ang halaga ng katarungan at pinahihintulutan ako, nang paulit-ulit, na madama ang mapagtubos na pag-ibig na iyon tuwing nagsisisi ako.

Marie-Chantal Hogue, Ontario, Canada


Yaong Maliit na Aklat na Asul

Lumaki ako sa India, kung saan ko nakilala ang mga missionary at unang dumalo sa simbahan. Nagkataon na ang Linggong iyon ay Linggo ng Pasko ng Pagkabuhay. Dahil sa iskedyul ng aking trabaho, nahuli ako sa pagdating sa simbahan at dumalo sa isang youth Sunday School class, kung saan isa sa mga missionary ang nagturo ng lesson. Binanggit niya ang ilan sa mga talata mula sa aklat na asul na hindi ko pa nakita kailanman ngunit kahalintulad ng Biblia. Habang siya ay nagtuturo, may kakaiba akong naramdaman sa aking puso at alam kong kailangan akong magkaroon ng aklat na ito.

Kaagad akong lumapit sa kanya pagkatapos ng klase at sinabi ko sa kanya, "Kailangan ko ang aklat na iyan." Dahil sa pag-aari niya ang aklat, hindi niya ito maibigay sa akin, ngunit hinayaan niyang tingnan at hawakan ko ito. Nakita ko ang mga ginintuang salita sa harap: "Ang Aklat ni Mormon." Nadama kong muli na kailangan ko ang aklat na ito para sa aking sarili. Kinuha ng missionary ang aking address at nangakong dadalhan niya ako ng isang kopya. Hindi nagtagal ay pumunta nga ang mga missionary sa bahay at binigyan ako ng sarili kong kopya ng Aklat ni Mormon. Nagsimula silang magturo sa akin ng mga lesson.

Sa taong iyon, nagdala ang Pasko ng Pagkabuhay ng isang kamangha-manghang biyaya sa buhay ko: ang Aklat ni Mormon. Nagbigay-buhay sa aking buhay yaong maliit na aklat na asul, at lubos akong nagpapasalamat na nagkaroon ako ng pagkakataong matuto mula rito. ■

Venu Bhaskar Nakka, California, USA



MGA MAKAPANGYARIHANG KATOTOHANAN SA AKLAT NI MORMON

"May makapangyarihang nangyayari kapag hangad ng isang anak ng Diyos na malaman pa ang tungkol sa Kanya at sa Kanyang Pinakamamahal na Anak. Walang ibang lugar na itinuro ito nang mas malinaw at makapangyarihan kaysa sa Aklat ni Mormon. . . .

"Mahal kong mga kapatid, pinatototohanan ko na ang Aklat ni Mormon ay tunay na salita ng Diyos. Nilalaman nito ang mga sagot sa pinakamahahalagang tanong sa buhay."

Pangulong Russell M. Nelson, "Ang Aklat ni Mormon: Ano Kaya ang Buhay Ninyo Kung Wala Ito?" *Liahona,* Nob. 2017, 61, 62.

ANG MABUBUTING TAO NG ST. GEORGE

Noong ako ay 12 taong gulang, napanood ko ang isang pelikula ng Simbahan na nagpapakitang nagdarasal si Pangulong Lorenzo Snow (1814–1901) para sa mga Banal sa mga Huling Araw sa St. George, Utah, USA, na dumaranas ng matinding tagtuyot.

"Panginoon," dasal ni Pangulong Snow, "pagpalain Ninyo ang mabubuting tao ng St. George."

Ang mga salitang iyon, "ang mabubuting tao ng St. George," ay tumatak sa aking murang isipan. Dahil sa ako ay nakatira sa Chile, sinubukan kong isipin kung anong klaseng tapat na mga Banal ang "mababuting tao ng St. George." Nais ko silang makilala.

Pagkalipas ng mahigit sa 30 taon, noong 2005, hinatid namin ng aking pamilya ang pangalawa naming anak na lalaki sa Provo, Utah, upang makasama ang kanyang kapatid na lalaki, na nag-aaral sa Brigham Young University. Sa gabi pagdating namin, sinabi ko na, "Gusto kong makita ang mababuting tao ng St. George."

"Pero, Papá," pagtutol ng panganay kong anak na lalaki, "napakalayo ng St. George."

"Tingnan mo," sagot ko, "binayaran ni Papá ang mga plane ticket. Si Papá ang magbabayad para sa pagkain. Si Papá ang magbabayad para sa gasolina. Isa lang ang gusto ni Papá para sa kanyang sarili. Gusto niyang makilala ang mababuting tao ng St. George!"

"Okey," sagot ng aking anak pagtapos niyang mapagtanto na seryoso ako.

Kinabukasan ay nagbiyahe kami nang 260 milya (418 km). Pagdating namin sa St. George, pumunta kami sa visitors' center sa may templo at nag-tour sa winter home ni Pangulong Brigham Young (1801–77). Pinuntahan din namin ang tabernakulo, kung saan inimbitahan ako at binigyan ng oras upang magsalita sa aking pamilya mula sa pulpito kung saan nagsalita si Pangulong Snow sa "mababuting tao ng St. George." Naglakad-lakad kami sa lungsod, pinagmamasdan at kinakausap ang mga tao. Para silang karaniwan at tapat na mga Banal sa mga Huling Araw.

Masaya akong nagpunta kami. Ngunit nang bumalik kami sa Chile, may napagtanto ako: Nakita ko na dati "ang mababuting tao ng St. George."

Dahil sa aking trabaho at mga calling sa Simbahan, nalibot ko na ang Chile. Sa Calama, nakakita ako ng mga young adult na nagsisikap na sundin ang mga kautusan. Sa La Serena, nakakita ako ang mga dedikadong magulang na maagang dumarating kasama ang kanilang mga anak sa mga miting sa Simbahan. Sa Antofagasta, nakakita ako ng mga Banal sa mga Huling Araw na ipinaglalaban ang tama sa bawat araw. Sa Vallenar, Copiapó, Caldera, Tocopilla, at iba pang mga lungsod, nakakita ako ng mga miyembro na nagdarasal at pagkatapos ay sumusulong kahit na hindi madali ang mga bagay-bagay.

Kapag nakakakita ako ng matatapat na Banal sa mga Huling Araw na sumusunod at nagtitiis—saan man sila nakatira o ano man ang mga pagsubok na kinakaharap nila—sinasabi ko sa aking sarili, "Ito ang mababuting tao ng St. George." ■

Claudio Gonzalez, Antofagasta, Chile

Kapag nakakakita ako ng matatapat na mga Banal sa mga Huling Araw na sumusunod at nagtitiis—saan man sila naroroon—sinasabi ko sa aking sarili, "Ito ang mababuting tao ng St. George."



PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

“ANG TOTOO NIYAN, ISA AKO SA KANILA”

Kakaupo ko lang sa bus nang may isang lalaki sa kabilang pasilyo na nagsabi sa akin, “Maganda ang kaluluwa mo.”

Hindi na kailangang sabihin pa na ako ay nagulat. Kahit kailan ay hindi pa napuri ang kaluluwa ko. Dahil hindi ko alam kung ano ang sasabihin, sumagot na lang ako ng “Salamat.”

Ayon sa kanya, masasabi niya iyon dahil sa kanyang gawain sa kinabibilangan niyang relihiyon. Nakinig ako sa kanya habang nagbibigay siya sa akin ng payo kung paano ko mapananatiling maganda ang aking kaluluwa.

Nang huminto ang bus, pareho kaming tumayo para bumaba at nagbigay siya ng huling paalala: “Siguraduhin mong hindi ka makikinig sa mga Mormon.”

Tila sumandaling tumigil ang oras. May nakitang espesyal ang lalaking ito sa aking mukha, ngunit wala siyang ideya na ito ay *dahil* sa aking relihiyon.

Paano ako sasagot? Sa totoo lang, ang una kong naisip ay huwag nang magsalita at magkunwaring hindi ko siya narinig. Nag-alala ako na baka pagsalitaan niya ako ng negatibo o ng masama kung sasabihin ko sa kanya na miyembro ako ng Simbahan.

Ngunit naisip ko ang isang talata sa banal na kasulatan: “Hindi ko ikinahihiya ang magandang balita, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos para sa kaligtasan ng bawat sumasampalataya” (Mga Taga-Roma 1:16). Napagtanto ko na hindi ko ikinahihiya ang ebanghelyo, at alam ko na hindi magniningning ang aking katauhan para sa iba kung hindi ako magiging saksi. Tumingin ako sa kanya nang may panibagong paninindigan at sinabi, “Ang totoo niyan, isa ako sa kanila.”



LARAWANG GUHIT NI BRADLEY CLARK

Tumitig sa akin ang lalaki at tinitigan ko rin siya. Ikinagulat ko na siya ay tumawa at sinabing hindi siya maaaring mapabilang sa Simbahan dahil masyado siyang mahilig sa kape. Tumawa rin ako at naghiwalay na kami ng landas.

Hanggang ngayon ay natutuwa ako sa aking pasiya. Alam ko na maaaring mahirap ang manindigan bilang miyembro ng Simbahan. Nakakatakot ito kung minsan! Ngunit kapag naninindigan tayo para sa Diyos, magniningning ang ating kaluluwa bilang mga ilaw sa mundo. ■

Abby Thorne, Utah, USA



Nagpatuloy ang pagtakbo ko sa parking lot, panaka-naka, sa loob ng tatlong taon.

PAGTAKBO PAPUNTA SA SIMBAHAN

Isang araw, habang naghahanap ng lugar kung saan puwedeng tumakbo, nagpasiya akong subukan ang parking lot ng simbahan sa aking komunidad. Nagustuhan ko ito dahil ito ay may ilaw at aspaltado. Nalaman ko na ang pagtakbo nang 10 hanggang 15 beses sa paligid ng building ay kukumpleto sa aking 3 milya (4.8 km) na ehersisyo.

Nagpatuloy ang pagtakbo ko sa parking lot, panaka-naka, sa loob ng tatlong taon. Paminsan-minsan, nakakakita ako ng mga tao sa parking lot dahil tumatakbo ako kung minsan sa oras ng serbisyo at mga aktibidad ng Simbahan.

Maraming beses kong naramdaman na kailangang may kausapin ako tungkol sa Simbahan, ngunit wala akong ideya kung paano ito gawin. Sa pag-uwi ko isang gabi, nagpasiya ako na tingnan kung mayroong tao roon. Nang pumasok ako sa gusali ng simbahan, nakita ko ang mga missionary habang tinatapos nila ang mga interbyu sa kanilang mission president. Nagpakilala ako at umupo kami sa foyer. Doon nila ako tinuruan ng una kong lesson sa ebanghelyo.

Nagpatuloy ako sa pakikipagkita sa mga missionary sa mga sumunod na linggo. Nang dumalo ako sa sacrament meeting, nagpakita sa akin ang mga miyembro ng pagmamahal, pagtanggap, pakikipagkaibigan, at pinalakas nila ang loob ko. Habang iniisip ko ang tungkol sa natututuhan ko, napagtanto ko na dahil sa kagustuhan kong malaman ang tungkol sa Simbahan ay kinailangan ko nang magpasiyang magpabinyag. Naramdaman ko na nagbibigay-pahiwatig sa akin ang Espiritu na gawin kung ano ang gusto ng Ama sa Langit na gawin ko, ngunit patuloy kong pinag-isipan pa ang aking pasiya. Sa huli ay nabinyagan ako noong Nobyembre 2001, sa edad na 36.

Ang pagpili ko na tumakbo sa parking lot ng simbahan ay tila hindi mahalaga noon. Ngunit ito ang nagbigay-daan sa aking mga dakilang pagpapala: naging miyembro ako ng Simbahan; nakilala ko ang kahanga-hanga kong asawa na si Jennefer; at ibinuklod ako sa kanya nang walang-hanggan sa San Diego California Temple.

Kaya kung makakakita ka ng nageehersisyo sa parking lot ng meetinghouse ninyo, magpakilala ka! Malay mo—baka siya na ang magiging pinakabagong miyembro ng inyong ward! ■

Daniel R. Thompson, California, USA

PAGLALARAWAN NI ALLEN GARNS

ANG PAYO NA HINDI KO GUSTONG MARINIG

Nang magsimula kami ng asawa ko ng sarili naming negosyo, naging mahirap ang unang tatlong taon. Hindi kami kumikita at nagkakautang kami. Nagtrabaho kami nang maigi, ngunit ang panahong iyon ay naging pinakamahirap sa buhay namin dahil sa mga hindi mailarawang problema.

Lumala pa ito nang pumanaw ang aking biyenan sa araw pagkatapos ng Pasko at pagkalipas ng isang linggo, sa Bisperas ng Bagong Taon, nagkaroon ako ng malubhang karamdaman. Sa panahong iyon, walang wala kami, wala na kaming kotse, at ang pinakamalala, nawalan na kami ng health insurance.

Sa huli, nasuri na may kanser ako na mabilis kumalat, na hindi bababa sa limang taon nang nasa katawan ko. Ito ay malubha at kailangang operahan kaagad. Nauubos na ang aking oras at wala na kaming perang gagastusin para sa pangangalagang medikal na kailangan ko.


Nakipagkita kami ng asawa ko sa aming bishop at humingi ng tulong. Ipinaliwanag namin na ito ay isang emegency. Nag-alala ang bishop, ngunit sinabi niya sa amin na nararamdaman niya na maghintay pa bago magbigay ng tulong para makita kung may iba pang paraan. Tiniyak niya sa amin na kung sapat ang aming pananampalataya, magbibigay ang Panginoon ng paraan para makuha ko ang kailangang tulong.

Noong una ay ikinagalit at dinamdam ko ang sagot ng bishop. Sa aking pakiramdam ay pinabayaan niya ako at ng Panginoon. Ngunit may patotoo ako sa ebanghelyo, at naniniwala ako na ang aming bishop ay tinawag ng Diyos. Sa kabila ng aking dalamhati, nagdasal ako na tulungan ako ng Ama sa Langit na patuloy na mahalin, irespeto, at suportahan ang aking bishop. Nang ipagdasal ko ito, lumuwag ang aking pakiramdam at naramdaman ko na tutulungan ako ng Panginoon sa ibang paraan.

Sumulong kami ng aking asawa nang may pananampalataya, at natanggap ko ang mga kinailangang medical test at naoperahan ako sa tamang oras, sa kabila ng kakulangan namin sa pera. Sa araw bago ako operahan, ibinenta namin ang aming negosyo sa magandang halaga, kaya nabayaran namin ang lahat ng aking mga medical bill.

Malinaw na ngayon kung bakit nagatubiling tumulong ang aking bishop. Sinunod niya ang inspirasyon sa kanya upang magkaroon ako ng mahalagang karanasang espirituwal. Tinuruan ako ng karanasang iyon na magtiwala sa Tagapagligtas, kahit na ang daan ay tila hindi nakasisiya at nakakatakot. Nagpapasalamat ako sa payo na hindi ko gustong marinig mula sa aking bishop. Alam ko na ang Diyos ay isang Diyos ng mga himala at kailanman ay hindi Niya tayo pinababayaan. ■

Hindi ibinigay ang pangalan,
Porto Alegre, Brazil



MGA LARAWAN MULA SA GETTY IMAGES

Tatlong Paglalakbay ng mga Modernong Pioneer

Ni Sarah Keenan

Noong nasa mission ako sa Melbourne, Australia, na-assign ako sa isang ward na kinabibilangan ng mga international student. Habang pinag-aaralan nila ang tungkol sa mga pioneer sa Sunday School, inisip ko kung gaano sila ka-interesado—halos lahat sila ay mga bagong binyag, at wala sa kanila ang may ninuno na naglakbay sa mga kapatagan ng Hilagang Amerika.

Nakagugulat na marami sa mga international student ang nabighani sa mga kuwentong ibinahagi. Inihalintulad ng ilan sa kanila ang kanilang buhay sa mga naunang Banal: katulad ng mga pioneer, ang mga international student na ito ay mga bagong binyag at nagsakripisyo upang maitatag ang Simbahan sa kanilang mga lugar. Para sa ilang mga miyembrong ito, maliit o wala pang Simbahan sa kanilang bayan. Sila ay mga modernong pioneer na gumagawa ng panibagong pamanang panrelihiyon para sa mga susunod na henerasyon.

Narito ang tatlong karanasan mula sa mga convert na kabilang sa mga modernong pioneer.

PAGGALANG SA AKING PAMILYA SA MGA BAGONG PARAAN

Nami Chan, Taoyuan, Taiwan

Ang aking pamilya at marami sa aking mga kamag-anak sa Taiwan ay Buddhist. Noong bata pa ako, naaalala ko ang pagtulong sa paghahanda ng mga hain para sa mga ninuno at maraming mga diyos sa Chinese New Year at iba pang mga pista-opisyal. Isa itong tradisyong pangpamilya sa amin, at paraan na rin upang alalahanin ang aming mga ninuno at magdala ng kapayapaan at kasaganaan sa aking pamilya.

Nang ang ilan sa aking mga kamag-anak ay sumapi sa isang nondenominational Christian Church, wala itong epekto sa aking pamilya noong una.

Ibinahagi ng tatlong young adult ang mga kuwento ng kanilang pagsapi sa Simbahan at paggawa ng pamana ng pananampalataya para sa kanilang mga sarili at kanilang mga pamilya.

Ngunit noong Ching Ming Festival, kung kailan sinasamba ang mga ninuno at nagsusunog ng insenso sa kanilang mga libingan, tumangging makilahok ang mga kamag-anak kong Kristiyano. Sinabi nila na nakatuon sila sa pagsunod sa Sampung Utos, lalo na sa "Huwag kang magkakaroon ng ibang mga dios sa harap ko" (Exodo 20:3). Hindi kailanman pinag-usapan ng aking pamilya ang ibang mga paniniwala, ngunit



simula nang araw na iyon, naging simbolo ng pagkasira ng mga tradisyon ang Kristiyanismo sa paningin ng aking pamilya at naging negatibo ang pananaw nila tungkol dito.

Habang ako ay nasa unibersidad, nakilala ko ang mga LDS missionary sa daan. Kalimitan ay hindi ako interesado sa kung ano man ang sasabihin nila, ngunit inihanda ang aking puso ng ilang mga karanasan upang tanggapin ko ang kanilang mensahe. Sa pakikipagkita sa kanila, sumang-ayon ako na magdasal at basahin ang Aklat ni Mormon, at nagsimula akong magkaroon ng patotoo sa itinuturo nila. Ngunit, dahil sa pagtutol ng aking mga magulang sa Kristiyanismo, hindi ko gustong sabihin sa kanila na gusto kong magpabinyag. Pagkaraan ng maraming buwan pagkatapos ng unang pakikipag-usap ko sa mga missionary, sinabi ko sa aking mga magulang na gusto kong mabinyagan at gusto kong magmisyon. Nagalit sila, ngunit alam kong tama ang aking pasiya.

Wala akong pioneer na ninuno, ngunit nararamdaman ko na tila nauunawaan ko ang kanilang sakripisyo. Mahirap talikuran ang ilang mga tradisyon at harapin ang pagtutol mula sa mga miyembro ng pamilya. Kahit ngayon, limang taon na ang nakararaan nang sumapi ako sa Simbahan, kung kailan nakapagmisyon na ako, hindi pa rin buo ang suporta ng aking pamilya sa aking desisyon, ngunit tanggap na nila ito. Ang pagsapi ko sa Simbahan ay nagtutulot sa akin na igalang ang aking pamilya sa mga bagong paraan, sa pamamagitan ng paggawa ng family history at pagsasaliksik sa aking mga ninuno. Ang patotoo ko kay Jesucristo at sa Kanyang Pagbabayad-sala ay tumutulong sa akin sa paglutas sa alin mang pagkakaiba namin ng aking pamilya.

PAGHAHANAP NG KAGALAKAN SA EBANGHELYO

Harry Guan, Utah, USA

Lumaki ako sa China at itinuring na Kristiyano ang sarili ko, kahit na sa katunayan ay hindi talaga ako nagsisimba. Interesado ako sa Diyos at kay Jesucristo, at naisip ko na ang doktrina ng Kristiyano ay nakapapanatag.

Nang lumipat ako sa Estados Unidos para sa kolehiyo, nagsimula akong dumalo sa isang nondenominational Chirstian Church. Pagkaraan ng ilang buwan, narinig ko ang tungkol sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw mula sa mga kaibigan kong nag-iisip na mag-aral sa Brigham Young University. Nagtanong ako sa ilang mga estudyante sa Christian church tungkol sa mga Banal sa mga Huling Araw at nagulat ako nang nagbabala sila na lumayo ako sa mga "Mormon." Noong una ay nakinig ako sa payo nila, ngunit habang nagbabasa ako sa social media nang sumunod na linggo, nakita ko ang isang talumpati ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sa kanyang talumpati, binanggit niya na ang mga miyembro ng Simbahan ay dapat maging magalang sa ibang mga relihiyon (tingnan sa "Faith, Family, and Religious Freedom," lds.org/prophets-and-apostles). Habang pinakikinggan ko si Elder Holland, naramdaman ko ang kinikilala ko na ngayon na Espiritu at nagpasiya ako na matuto pa tungkol sa Simbahan.

Sa huli ay nagpunta ako sa simbahan at pagkatapos ay nakipagkita sa mga missionary. Naantig ako ng kanilang mga turo, lalo na ng plano ng kaligtasan. Hindi nasiyahan ang aking mga magulang nang magpasiya akong magpabinyag, ngunit tinanggap nila na nasa tamang edad na ako para gumawa ng mga sarili kong pasiya. Nang bumisita ang lolo't lola ko sa Amerika pagkaraan ng ilang buwan, nakapagturo ako sa kanila tungkol sa ebanghelyo. Nagpasiya silang magpabinyag.

Nagdulot sa akin ang ebanghelyo ng lubos na kagalakan at nagbigay-daan ito para makilala ko ang aking nobya. Sulit ang bawat sakripisyo na kinailangan o kakailanganin na gawin.



PAGHAHANDA NG DAAN PARA SA MGA SUSUNOD NA HENERASYON

Brooke Kinikini, Hawaii, USA

Sumapi ako sa Simbahan noong ako ay 15 taong gulang, ngunit nagsisimba na ako noon at lumalago ang aking pananampalataya at patotoo simula pa noong bata ako. Kahit na nag-iisa akong miyembro sa aking pamilya, minahal ako

ng mga tapat kong kaibigan at nagpakita sila ng mabuting halimbawa.

Hindi katulad ng mga pioneer noon, hindi ko kailangang maglakad nang may kariton sa pagtawid sa mga nagyeyelong kapatagan. Sa katunayan, hindi ako nakaranas ng maraming paghihirap sa pagsapi ko sa Simbahan. Oo, nawalan ako ng ilang kaibigan at kinailangan kong magsimba nang mag-isa at pumunta sa seminary nang mag-isa. Ngunit kapag iniisip ko ang epekto nito na nagpapatuloy hanggang ngayon sa aking pamilya, alam ko na isa ito sa pinakamabuting desisyon na ginawa ko. Ang desisyon ko na magpabinyag, magpabuklod sa templo, at manatiling tapat sa aking mga tipan ay nagdulot ng sunud-sunod na mabubuting kaganapan na positibong makaaapekto sa buhay ng aking tatlong magagandang anak, gayundin sa mga susunod na henerasyon, magpakailanman.

Ang pagiging isang pioneer ay tungkol sa paghahanda ng daan para sa iba. Madalas kong isipin na isa sa maraming pagpapala na natanggap sa pagiging isang tapat na miyembro ng Simbahan ay ang pagkakataong tumulong sa iba na makilala si Cristo. Ang isang tila maliit na kaganapan—tulad ng binyag ng isang 15 taong gulang na batang babae sa Maui, Hawaii, o ang simpleng panalangin ng isang 14 na taong gulang na batang lalaki sa isang kakahuyan—ay maaaring makapagpabago ng mga buhay ng mga pamilya sa nakaraan, sa kasalukuyan, at sa hinaharap.

Ang modernong titulo ng mga pioneer ay hindi lamang nakalaan para sa mga nagbabalik-loob. Kapag hinangad natin na magtatag ng walang-hanggang pamana ng katapatan para sa mga susunod na henerasyon, lahat tayo ay maaaring maging pioneer. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.



PAG-ANGKIN SA PAMANA NG MGA PIONEER

"Mahal ko at iginagalang ang pananalig at kalakasan ng loob ng mga sinaunang pioneer na iyon ng Simbahan. Ang sarili kong mga ninuno ay nanirahan sa ibayong dagat noong panahong iyon . . . . Walang naglakbay sa kapatagan. Ngunit bilang miyembro ng Simbahan, mapagpasalamat at buong pagmamalaki kong inaangkin ang pamana ng mga pioneer na ito.

"Inaangkin ko rin nang buong kagalakan ang mga pamana ng makabagong mga pioneer ng Simbahan na nakatira sa bawat bansa at ang sariling mga kuwento ng pagtitiyaga, pananalig, at sakripisyo ay nagdaragdag ng maluwalhati at bagong mga taludtod sa magandang koro ng himno ng kaharian ng Diyos sa mga huling araw."

Elder Dieter F. Uchtdorf, ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Pananalig ng Ating Ama," *Liahona,* Mayo 2008, 70.

Pakiramdam Mo Ba ay Nawawalan Ka ng Koneksyon? Subukan Mong Magdahan-dahan

Ni Charlotte Larcabal
Mga Magasin ng Simbahan

Kung ipapantay mo sa mga gagamba at ahas ang paghihintay sa mahabang pila sa listahan mo ng mga bangungot, hindi ka nag-iisa.

Tayo man ay nasa pila, nakaupo habang matindi ang trapiko, o naghihintay ng bus, ayaw na ayaw natin ang naghihintay.

Mapalad tayo na ang paghihintay ay nagiging kahalintulad ng isang bangungot: nakakatakot na posibilidad ngunit hindi natin nararanasan araw-araw. Nabubuhay tayo sa panahon na hindi tayo kailangang maghintay sa anupaman. Pinapabilis ng teknolohiya ang lahat ng bagay kaya mas maikli na ang attention span natin kaysa sa goldfish (oo, talaga).[1] Kapag kailangan nating maghintay, sinusubukan nating sulitin ang oras—kadalasan sa paggamit ng isang mobile device.

Wala naman talagang likas na mali sa teknolohiya o kahusayan, ngunit ang mabilis na takbo ng buhay at patuloy na pagkagambala ay inilalayo tayo sa bagay na mas mahalaga.

Higit sa Isang Banal na Kasulatan Lamang

Kamakailan lang, pakiramdam ko ay espirituwal akong natatangay palayo. Hindi ko ito maunawaan. Nagsisimba ako, minamadali ang mga panalangin, at sumusulyap sa aking mga scripture. Paminsan-minsan ay nakadarama ako ng mga espirituwal na pahiwatig, ngunit sa pangkalahatan, parang nawalan ako ng koneksyon.

Noong sinabi ko ito sa Ama sa Langit sa isang taimtim na panalangin, naisip ko ang mga sailitang ito: "Kayo ay magsitigil at kilalanin ninyo na ako ang Dios" (Mga Awit 46:10).

Para bang ang salitang *magsitigil* ay naka-highlight, may salungguhit, at naka-bold type.

Maaaring ginagawa ko naman ang lahat ng tama, ngunit ginagawa ko ang mga ito nang mabilis at walang masyadong pokus. Nasanay akong nagagambala sa pamumuhay ng ebanghelyo.

Walang gawaing pangrelihiyon ang makakapagdala sa akin ng malalim na koneksyong espirituwal kung ang aking partisipasyon ay madalian at nagagambala. Higit pa ito sa isang banal na kasulatan lamang. Upang makilala ang Diyos at magkaroon ng koneksyon sa banal at tumatagos na kaalaman na hinahanap ko, kinailangan kong magdahan-dahan at tumigil.

Hindi madali ang pagsunod sa pahiwatig na iyon. Ngunit binago nito ang lahat.

Ngayon, Magdahan-dahan Ka . . .

Itinuro ni Nephi na sila na "*naghahanap nang masigasig* ay makasusumpong; at ang mga hiwaga ng Diyos ay *ilalahad* sa kanila, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo" (1 Nephi 10:19; idinagdag ang pagbibigay-diin).


Walang nagsabi kailanman na, "Gustung-gusto kong naghihintay." Pero dapat siguro nilang sabihin iyan.

Himayin natin ito: Ang pag-aaral ng mga hiwaga ng Diyos ay nangangailangan ng *paghahanap nang masigasig*. Ito ay hindi pabagu-bago at intensyonal na gawain, hindi minsanang pag-google. Susunod, ang mga hiwaga ay hindi lumilitaw; unti-unti itong *nalalahad*. Ang prosesong ito ay gumugugol ng oras. At ang oras na iyon ay lubhang mahalaga! Ang *oras* na ginugugol natin para mag-isip at magsaliksik ay nagbibigay sa atin ng *oras* para magkaroon ng koneksyon sa Espiritu,

MGA PAGLALARAWAN NI PASCAL CAMPION

kung kaninong kapangyarihan ay dumarating ang mga kasagutan.

Ipinahayag ni Pangulong David O. McKay (1873–1970) na ang meditasyon—"malalim at patuloy na pagmumuni sa isang paksa ukol sa relihiyon"—ay "isa sa . . . pinakasagradong pintuan na dinaraanan natin papunta sa kinaroroonan ng Panginoon."[2] Sa pamamagitan ng pagdadahan-dahan, maaari nating buksan ang isang pinto sa paghahayag. Maaari nating lampasan ang mga laganap na ideal sa mundo at magkaroon ng koneksyon sa langit. *Kailangan* natin ang pintong iyon. Kailangan nating magdahan-dahan.



Kailangan ng Pagsisikap

Para sa akin, ang pagdadahan-dahan ay nangangahulugan ng pagluhod at pagsasalita nang malakas kapag ako ay nananalangin. Nakatulong sa akin ang maayos na tindig at pagsasalita nang malakas para mas magpokus. Ang pagdadahan-dahan ay nangangahulugan ng pag-aaral mula sa mga pisikal na banal na kasulatan at sa pisikal na pagsulat ng mga tala. Nangangailangan ito ng mas maraming oras at pagsisikap, at ang mas maraming oras at pagsisikap na iyon ay mainam na paraan para "gisingin at pukawin ang [iyong] kaisipan," at sa gayon ay pahihintulutan ang Espiritu at ang hangarin na "umiral sa [iyo]" at ang binhi ng patoto na "magkaugat, lumaki, at magbigay ng bunga" (Alma 32:27, 37).

Makikita natin ang halos lahat ng impormasyon sa ilang pindot lamang, ngunit ang espirituwal na pag-unawa at pagbabago ay nangangailangan ng *oras* at ng masigasig na *pagsisikap*. Kung *paano* ka magdahan-dahan at maglaan ng pagsisikap sa ebanghelyo ay hindi mahalaga, basta ginagawa mo ito! Kapag isinusubo sa atin ang impormasyon, nababawasan ang bahagi natin sa sarili nating pagkatuto. Inaalis natin ang mga pagkakataong magkaroon ng koneksyon sa Espiritu.

Tiyak na maaari nating tanggapin ang teknolohiya at mga pag-unlad nito na nagpapadali sa mga pang-araw-araw na gawain na tumutulong sa atin na magamit ang oras natin nang mahusay. Ngunit hindi tayo puwedeng masanay na lang sa abalang pamumuhay at mababaw na pag-iisip na kasama nito. Sa halip na katakutan ang pangangailangang maghintay, maaari nating tanggapin ito bilang pagkakataong magdahan-dahan, magmuni-muni, at palalimin ang koneksyon natin sa Espiritu. ■

MGA TALA

1. Tingnan sa Leon Watson, "Humans Have Shorter Attention Span Than Goldfish, Thanks to Smartphones," *The Telegraph,* Mayo 15, 2015, telegraph.co.uk.
2. *Mga Turo ng mga Pangulo ng Simbahan: David O. McKay* (2011), 37.

Pagharap sa Mahihirap na Tanong:

3 ALITUNTUNIN NA MAKAKATULONG

Heto ang paraan ng paghahanap ng mga sagot sa paraang makapagpapalakas sa iyong pananampalataya.



Nagkaroon ka na ba ng tanong tungkol sa ebanghelyo o tungkol sa Simbahan? Nag-alala ka na ba kung ang tanong mo ay nangangaluhugang wala kang sapat na pananampalataya o na hindi gaanong malakas ang patotoo mo?

Normal at mahalagang bahagi ang mga tanong sa paglalakbay mo dito sa mundo. Aakayin ka ng mga ito sa mas malawak na kaalaman at pananampalataya. Gayunpaman, ang iyong saloobin, motibasyon, at proseso sa paghahanap ng mga sagot ay nakakaapekto sa kalalabasan.

Matututuhan mo sa seminary ang tatlong alituntunin ng doctrinal mastery na makakatulong sa paggabay sa iyo sa mga walang-hanggang katotohanan.

BACKGROUND MULA SA GETTY IMAGES

1. Kumilos nang may Pananampalataya

Kapag mayroon kang tanong, maaari kang kumilos nang may pananampalataya sa pamamamagitan ng pagtitiwala sa Diyos at pagbaling sa Kanya para sa mga sagot. Nagbibigay ng mga sagot ang Diyos nang "taludtod sa taludtod, tuntunin sa tuntunin" (2 Nephi 28:30). Mahalagang umasa sa patotoong mayroon ka na sa oras ng pagdududa.

"Pagdudahan muna ang inyong pagdududa bago ninyo pagdudahan ang inyong pananampalataya."[1] —Elder Dieter F. Uchtdorf

"Manangan nang mahigpit sa nalalaman na ninyo at manindigan hanggang sa dumating ang karagdagang kaalaman."[2] —Elder Jeffrey R. Holland

2. Suriin ang mga Konsepto at mga Tanong sa Pananaw ng Ebanghelyo

Kung isasaalang-alang mo ang mga tanong sa konteksto ng plano ng kaligtasan at sa mga turo ng Tagapagligtas, makikita mo ang mga bagay-bagay sa paraang nakikita ang mga ito ng Diyos. Matutulungan ka nito na suriing muli ang mga tanong mo gamit ang pamantayan ng Diyos sa halip na pamantayan ng mundo.

"Ang pag-angkla sa walang-hanggang katotohanan . . . ay magbibigay sa atin ng kapayapaan na nagmumula sa pananampalataya kay Jesucristo at sa kaalaman na tayo ay nasa daan patungo sa buhay na walang-hanggan."[3] —Pangulong Dallin H. Oaks

"Kung may matuklasan kayong anuman na tila nakaharang sa inyong kagalakan at sa liwanag ng ebanghelyo sa *inyong* buhay, inaanyayahan ko kayong ilagay ito sa pananaw ng ebanghelyo. Tumingin gamit ang salamin ng ebanghelyo at maging maingat na huwag tulutan ang walang-kabuluhan at walang-halagang mga bagay sa buhay na palabuin ang inyong walang-hanggang pananaw tungkol sa dakilang plano ng kaligayahan."[4] —Elder Gary E. Stevenson

3. Hangarin na Mas Makaunawa sa Pamamagitan ng mga Tulong na Galing sa Diyos

Binigyan ka ng Diyos ng maraming tulong na magagamit mo sa paghahanap ng katotohanan. Kabilang na rito ang Banal na Espiritu, mga banal na kasulatan, ang pamilya mo, mga lider ng Simbahan, at pati na ang mga tulong sa labas ng Simbahan na nakapagpapalakas ng pananampalataya mo kay Jesucristo. Kapag naghahanap ng mga sagot, tiyaking nakikita ang kaibhan sa pagitan ng di-maaasahang tulong at maaasahang tulong, na makapagpapalakas ng iyong pananampalataya at mag-aanyaya sa Banal na Espiritu sa buhay mo.

"Maraming kabutihan . . . ang nanggagaling sa iyong mga pagsisikap na mapalago, mapalawak, at madagdagan ang iyong pagkaunawa sa katotohanan. Gamitin ang mga banal na kasulatan at mga paghahayag ng mga propeta upang palawakin ang iyong kaalaman."[5] —Elder Richard G. Scott (1928–2015)

"Patuloy tayong naghahanap ng katotohanan sa mabubuting babasahin at iba pang mga kapaki-pakinabang na bagay. 'Kung may anumang bagay na marangal, kaaya-aya, o magandang balita, o maipagkakapuri, hinahangad namin ang mga bagay na ito' (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:13)."[6] —Elder Dieter F. Uchtdorf

Subukan mo ito!

Tutulungan ka ng mga sumusunod na halimbawa na maunawaan kung paano ito magagawa. Tandaan na hindi kumpleto ang mga sagot na ito, halimbawa lamang kung paanong ang isang kabataang lalaki o kabataang babae ay magsisikap na sagutin ang mga tanong na ito sa kanilang sarili. Maaari kang magpatuloy sa pag-aaral at pagdarasal tungkol sa mga paksang may katanungan ka upang maghanap ng mga sagot at mapalakas ang iyong patotoo.

Bakit hinayahayaan ng mapagmahal na Ama sa Langit na may mangyaring masasama?

Kumilos nang may Pananampalataya: Nadama ko na ang pagmamahal ng Diyos sa akin at alam ko na Siya ay nariyan, kahit na hindi ko maunawaan kung bakit hinahayaan ng Diyos na mangyari ang masasamang bagay.

Suriin ang mga konsepto at mga tanong sa pananaw ng ebanghelyo: Ang kalayaang pumili ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan. Ipinadala tayo ng Diyos dito sa mundo upang maranasan ang mga pagsubok, gumawa ng mga desisyon, at makatanggap ng pisikal na katawan. Ngunit ang pagtutulot sa mga tao na gumawa ng mga desisyon ay nangangahulugan na paminsan-minsan ay magkakamali ang mga tao at maaapektuhan ang mga buhay ng ibang tao. Ang mga pagsubok na hindi bunga ng maling pagpili—katulad ng mga sakuna, kapansanan, at kamatayan—ay maaaring magbigay ng pagkakataon para palakasin natin ang ating mga patotoo at tiwala sa Diyos.

Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga tulong o mga bagay na galing sa Diyos: Ano ang sinasabi sa mga banal na kasulatan at ng mga propeta tungkol sa dahilan ng ating mga pagsubok? "Ang iyong kasawian at ang iyong mga pagdurusa ay maikling sandali na lamang; at muli, kung ito ay iyong pagtitiisang mabuti, ang Diyos ay dadakilain ka sa itaas" (D at T 121:7–8). Sinabi ni Elder Jeffrey R. Holland ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Hindi tayo kailanman iniiwan ng Diyos na mag-isa, na walang tulong sa pagharap sa ating mga pagsubok."[7] Hindi ko alam ang mga dahilan ng lahat ng pagsubok sa akin, ngunit naniniwala ako na isinagawa ni Jesucristo ang Pagbabayad-sala para sa akin at para sa lahat. Maaari akong bumaling sa Kanya at sa Ama sa Langit para sa kapayapaan, kalakasan, at tulong sa aking mga pagsubok (tingnan sa Alma 7:11–12).



Paano ko malalaman kung nakikipag-usap sa akin ang Espiritu Santo?

Kumilos nang may Pananampalataya: Kahit na kung minsan ay mahirap malaman kung nakakatanggap ako ng inspirasyon, alam ko na sa pakikinig sa mga patotoo ng iba at pagbabasa ng mga banal na kasulatan na tutulungan ako ng Espiritu na makaunawa kung magpapatuloy ako sa pagdinig sa Kanyang payo.

Suriin ang mga konsepto at mga tanong sa pananaw ng ebanghelyo: Binigyan tayo ng Diyos ng kaloob ng Espiritu Santo upang makatanggap tayo ng inspirasyon na gawin ang tama. Kapag nakakatanggap ako ng pahiwatig na gumawa ng mabuti, malalaman ko na galing ito sa Espiritu, kahit na parang iniisip ko lang ito.

Hangarin na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga tulong na galing sa Diyos: Itinuturo ng mga banal na kasulatan: "Maging mapagpakumbaba ka; at ang Panginoon mong Diyos ay aakayin ka sa kamay, at bibigyan ka ng kasagutan sa iyong mga panalangin" (D at T 112:10). Itinuro ni Elder David A. Bednar ng Korum ng Labindalawang Apostol na "ang tapat na hangarin at pagkamarapat ay nag-aanyaya ng diwa ng paghahayag sa ating buhay."[8] Kung susubukan kong maging mapagpakumbaba at gagawin ang lahat ng aking makakaya para maging karapat-dapat sa Espiritu, tuturuan ako ng Panginoon na mahanap ang mga sagot. Ituturo Niya sa akin kung paano makikipag-usap sa akin ang Espiritu.

Konklusyon

Ang mga tanong ay hindi tanda ng kakulangan sa pananampalataya; kadalasan sila ay palatandaan ng lumalagong patotoo. Kapag kumikilos ka nang may pananampalataya, sinusuri ang mga konsepto at mga tanong sa pananaw ng ebanghelyo, at hinahangad na mas makaunawa sa pamamagitan ng mga tulong, makakahanap ka ng mga sagot sa iyong mga tanong at mas matibay na pananampalataya kay Jesucristo. ■

MGA TALA

1. Dieter F. Uchtdorf, "Halina, Sumama sa Amin," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2013.
2. Jeffrey R. Holland, "Panginoon, Nananampalataya Ako," pangkalahatang kumperensya ng Abril 2013.
3. Dallin H. Oaks, "As He Thinketh in His Heart" (Church Educational System devotional para sa mga young adult, Peb. 8, 2013), lds.org/prophets-and-apostles.
4. Gary E. Stevenson, "Espirituwal na Eklipse," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2017.
5. Richard G. Scott, "Acquiring Spiritual Knowledge," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 1993.
6. Dieter F. Uchtdorf, "Ano ang Katotohanan?" (Church Educational System devotional para sa mga young adult, Ene. 13, 2013), broadcasts.lds.org.
7. Jeffrey R. Holland, "Ang Ministeryo ng mga Anghel," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2008.
8. David A. Bednar, "Ang Diwa ng Paghahayag," pangkalahatang kumperensya ng Abril 2011.

PANOORIN KUNG PAANO ITO GINAGAWA

Panoorin ang video na "Madison's Story" upang makita ang karanasan ng isang kabataang babae sa prosesong ito upang masagot ang kanyang sariling tanong. Bisitahin ang **lds.org/go/71853.**



Paano ko aalagaan ang isang may kakaibang ugali?

NANG MAGING MAHIRAP ANG PAGLILINGKOD

Ni Lyka T. Valdez

Isa sa pinakamahirap na bagay na napagtagumpayan ko ay ang ugali ko na "walang pakialam." Kung hindi ko talaga gusto ang ginagawa ko, ako ay malamig at walang pasensya sa mga tao.

Nagbago ang lahat sa isang bakasyon noong pinaalagaan sa akin ang aking 76-na-taong-gulang na lolo. Si "Dadi," tawag namin sa kanya, ay nagka-stroke, na nag-paralisa sa kalahati ng katawan niya. Noong pinaalagaan siya sa akin ng aking pamilya nang dalawang buwan, hindi ko lubos maisip kung papaano ko gagawin ito!

Kinakailangan kong gumising nang maaga para ihanda ang kanyang almusal, panligo, at kanyang gamot. Tinulungan ko siyang maglakad-lakad para sa kanyang araw-araw na ehersisyo. Dahil hirap siyang kumilos, ako ay nasa tabi niya palagi, pati sa pagligo at paggamit ng banyo. Bilang isang 18-na-taon na babae, ito ang pinakamahirap na bahagi.

Bukod dito, mahirap din siya pakisamahan. Hindi siya miyembro ng Simbahan at kakaiba ang mga prinsipyo niya sa akin. Siya ay isang taong puno ng mga panghihi-nayang—laging sumisigaw, hindi ngumingiti, at laging sinasabi, "Mamamatay na ako!" Dahil sa kanyang ugali, naging mahirap sa amin na magkaroon ng magandang ugnayan.

Sa una, sinikap kong umiwas sa aking mga gawain, pero hindi iyon umubra. Kaya nagpasiya akong baguhin ang aking ugali at ibigay ang buong makakaya ko.

Pagkaraan ng isang linggo ng pagbabago ng ugali, ang paglilingkod kay Dadi ay naging kasiyahan sa akin. Nadagdagan ang aking pasensiya, at mas naintindihan ko ang

MGA PAGLALARAWAN NI CHRIS THORNOCK

kanyang mga paghihirap. Habang pinaglilingkuran ko siya, hindi ko na iniisip na ang pagiging kasama niya ay isang pahirap, kundi isang pagkakataon na makagawa ng magandang alaala kasama siya.

Nagbago din si Dadi. Ang simanguterong matandang ito ay naging palangiti at magiliw na lolo. Nakahiligan din niyang makinig sa mga tugtugin ng Especially for Youth!

Isang gabi narinig ko siyang nag-iingay, kaya sumilip ako sa kuwarto niya para malaman kung ano ang ginagawa niya. Nagdarasal siya sa unang pagkakataon. Naging inspirado ako sa bawat araw dahil sa pagbabagong ito.

Ngayon bumalik na ako sa kolehiyo, pero dumadalaw pa rin ako kay Dadi nang dalawang beses sa isang buwan kasama ng aking pamilya. Kumakain kaming kasama niya at kinakantahan namin siya. Lumala ang lagay ng kanyang kalusugan, kaya ang pinakamabisang tulong na maibibigay ko ay mga panalangin para sa kanya.

Nagpapasalamat ako sa pagkakataon na mabantayan si Dadi dahil nakatulong ito sa akin na makita kung ano ang kaya kong maibigay. Ang pag-ibig ay isang napaka-makapangyarihang bagay—napalambot nito ang puso ko at ni Dadi. Natutunan ko ang kahulugan ng sakripisyo at habag. Totoong nakakaliwanag ng puso ang kawanggawa! ■

Ang awtor ay naninirahan sa Santiago, Philippines.



PAGLILINGKOD SA INYONG PAMILYA

"Simulan ang inyong paglilingkod sa mga sarili ninyong tahanan at sa mismong pamilya ninyo. Ito ang mga ugnayang maaaring maging walang-hanggan. Kahit na—marahil lalo na kung—ang sitwasyon ng pamilya ay kailangang pabutihin, makahahanap kayo ng mga paraan para makapaglingkod, magpasaya, at magpalakas. Magsimula kung saan kayo naroon, mahalin sinuman sila, at maghanda para sa pamilya na gusto ninyong magkaroon kayo sa hinaharap."

Bonnie L. Oscarson, Young Women General President, "Ang mga Pangangailangan na Nasa Ating Harapan," pangkalahatang kumperensya ng Okt. 2017.




PAGHAHANDA NG MENSAHE

7 PAYO sa PAGBIBIGAY NG MENSAHE

Malapit ka na bang magbigay ng mensahe sa sacrament meeting? Subukan ang mga payong ito.

Ni Sarah Hanson



Hindi ko alam sa inyo, pero tuwing nakatakda akong magbigay ng mensahe sa sacrament meeting, kinakabahan talaga ako—hindi sa pagsusulat ng mensahe kundi sa mismong *pagbibigay* ng mensahe. Inaalala ko lagi, "Paano kung nakakabagot ako? Paano kung may malimutan akong sabihin? Paano kung magkamali ako sa isang salita?"

Naranasan n'yo rin ba ang mga ito? (Sana hindi ako nag-iisa.) Kung oo, hindi ito ang katapusan ng mundo! Tingnan ang pitong payo na ito upang pahusayin ang galing mo sa pagsasalita sa pagbibigay ng nakawiwiling mensahe.

1. GAMITIN ANG MGA BANAL NA KASULATAN AT MGA TURO NG MGA MAKABAGONG PROPETA (TINGNAN D AT T 52:9). Ito ang sentro ng iyong mensahe. Kaya nga, ito'y isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit tayo nasa simbahan—upang magturo at matutuhan ang ebanghelyo ni Jesucristo. Maaari mong pag-aralan ang iyong paksa sa tulong ng Gabay sa mga Banal na Kasulatan (sa www.lds.org/scriptures?lang=tgl) at sa mga mensahe mula sa pangkalahatang kumperensya (hanapin ayon sa paksa sa www.lds.org/general-conference/conferences?lang=tgl Siguraduhing nauunawaan mo ang mga banal na kasulatan at mga sipi na binabalak mong gamitin sa iyong mensahe. Kung kailangan mo ng tulong, magpatulong sa iyong mga magulang o sa mga lider ng Simbahan.

2. ANYAYAHAN ANG ESPIRITU. Tunay na magandang ideya ang mag-umpisa sa pagdarasal at paghahanda para mapasaiyo ang Espiritu habang nagsasalita ka. Hindi ka lamang pinapanatag ng Espiritu kundi pinapatotohanan Niya ang katotohanan (tingnan sa D at T 42:14). Anyayahan ang Espiritu sa inyong sacrament meeting sa pagpapatotoo sa mga pinapaniwalaan mong totoo.

3. MAG-ISIP NG PERSONAL NA KUWENTO. Isa sa pinakamabisang paraan upang makaugnay sa iba ay sa pamamagitan ng mga kuwento. Gusto nating marinig ang mga karanasan ng iba at kung papaano ang mga buhay nila. Kaya subukang umisip ng masaya, kakaiba, o nakakahamon na karanasan na mayroon ka na kaugnay ng alituntunin ng ebanghelyo na inatas sa mensaheng ibibigay mo. Ano ang natutuhan mo sa karanasang ito? Paano ito nakatulong sa iyo? Isa ito sa pinakamagandang paraan kung nahihirapan kang simulan ang mensahe mo.

4. MAGSANAY, MAGSANAY, MAGSANAY! Matapos mong maisulat ang iyong mensahe, maaari mong sanayin na bigkasin ito na malakas sa sarili mo, at pagkatapos ay sa harapan ng iyong pamilya o mga kaibigan. Malalaman mo kung ang iyong mensahe ay pasok sa ibinigay sa iyo na oras o kung may mga bahagi na kailangan mong liwanagin. Kung OK sa iyong bishop, maaari mong subukang pumunta sa simbahan at pasadahan ang iyong mensahe sa podium!



PAGLALARAWAN NI ADAM HOWLING

PAGBIBIGAY NG MENSAHE

5. IWASAN ANG PAMBUNGAD NA "HINDI KO TALAGA GUSTONG MAGSALITA."
Maraming anyo ang pambungad na ito, ngunit natutunugan ito agad ng mga nakikinig. Ito ay kadalasang ganito, "Noong tinawag ako ni bishop para magbigay ako ng mensahe, sinikap kong mag-isip ng paraan para makatakas." Halos lahat ng mga miyembro ng Simbahan ay mauunawaan kung gaano kahirap ang pagbibigay ng mensahe, pero kapag sinasabi mong, "Hindi ko talaga gustong magsalita," ang naririnig ng mga tao ay "Huwag kayong makinig sa akin." Magandang iwasan ang mga pambungad na ganoon—maging ganado sa iyong paksa!

6. MAGSALITA NANG MALINAW.
Hindi kakaiba sa isang tao na magsalita nang mabilis o mahina dahil sa kaba. Nauunawaan ko ito nang husto! Ngunit mahalagang magsalita nang malinaw habang nagbibigay ng mensahe upang maunawaan ka ng kongregasyon. Sikaping isiping bagalan, bigkasin ang iyong mga salita, at ayusin ang iyong boses (oo, kahit may mikropono, posibleng maging matahimik). Gustong marinig ng mga tao ang sasabihin mo!

7. PALAGING TUMINGIN SA MGA TAO.
Ang pagtingin sa mata ng kausap ay napakahalagang bahagi ng magandang komunikasyon. Ipinapakita nito na nakatuon at nasa puso mo ang usapan. Ngayon, hindi mo kailangang tingnan sa mata ang bawat isa sa kongregasyon habang nagsasalita ka, pero kung madalas kang mapapatingin sa likuran o sa harapan ng silid, mas interesante ang dating mo bilang tagapagsalita. Iwasang ituon ang iyong mga mata sa iyong binabasa! Gusto ng mga tagapakinig na makita ang iyong ngiti, hindi ang tuktok ng ulo mo.

Sa pitong nabanggit na mga payo, maaari ka pang madulas sa sasabihin mo o mapansin na may inaantok sa may likuran. Ibig sabihin ba nito ay hindi ka mahusay na tagapagsalita? Siyempre hindi!

Sa tuwing wala tayo sa ating comfort zone, normal lang na makaramdam ng kaba o makagawa ng maliliit na pagkakamali. Ngunit habang ibinibigay mo ang lahat sa abot-kaya mo at inaanyayahan ang Espiritu, hindi na mahalaga kung ikaw ay mautal o makalimot ng ilang sasabihin. Ginagawa mo ang trabaho ng Diyos at tumutulong sa Kanyang mga anak na mas matuto tungkol sa ebanghelyo!

Kung ituturo mo at papatotohanan ang mga pinaniniwalaan mo, magiging maayos ang lahat. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

Ano ang Ginagawa Natin sa Templo?

Ang templo ay isang banal na lugar kung saan mas mapapalapit tayo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Sa templo, tinuturuan tayo ng mahahalagang katotohanan, nakikibahagi sa mga ordenansa ng priesthood (mga sagradong seremonya), at gumagawa ng mga tipan (mga sagradong pangako) sa Diyos na naghahanda sa atin na makabalik sa Kanyang piling.

Makakatanggap tayo ng mga ordenansa sa templo para sa atin at gayon din sa ating mga ninuno. Halimbawa, ang mga kabataan ay makakalahok sa mga pagbibinyag sa ngalan ng kanilang mga ninuno at sa ibang mga hindi nagkaroon ng pagkakataon na mabinyagan gamit ang wastong awtoridad noong nabubuhay pa sila. Para sa mga nasa hustong gulang, ang endowment at pagbubuklod (tulad ng kasal sa templo) ay kabilang sa mga ordenansa sa templo.



Binyag at Kumpirmasyon para sa Ating mga Ninuno

Ang pagbibinyag at kumpirmasyon ay mahalaga para sa kaligtasan ng bawat taong may pananagutan na nabuhay sa mundo (tingnan sa Juan 3:5). Gayunpaman, maraming tao ang namatay nang hindi nagkaroon ng pagkakataon na marinig ang ebanghelyo o matanggap ang mga ordenansang ito. Sa pamamagitan ng kabutihang-loob at awa ni Jesucristo, may paraang inihanda para sa lahat para matanggap ang mga biyayang ito. Sa mga templo, makakalahok ang mga karapat-dapat na miyembro ng Simbahan sa mga pagbibinyag sa ngalan ng mga yumao na. Sa daigdig ng mga espiritu, ang ebanghelyo ay ipinangangaral (tingnan sa D at T 138), at ang mga nakakinig noon ay makakapili kung tatanggapin ang mga ito at ang mga ordenansang isinagawa para sa kanila.



ANG TEMPLO: ISANG SAGISAG NG ATING PANANAMPALATAYA

"Bawat templo ay sagisag ng ating pananampalataya sa Diyos at katibayan ng ating pananalig sa kabilang-buhay. Ang templo ang pakay ng bawat aktibidad, bawat aralin, bawat hakbang ng pagsulong sa Simbahan. Lahat ng pagsisikap nating ipahayag ang ebanghelyo, gawing sakdal ang mga Banal, at tubusin ang mga patay ay humahantong sa banal na templo."

Pangulong Russell M. Nelson, "Paghahanda para sa mga Pagpapala ng Templo," *Liahona*, Okt. 2010, 41.

Endowment

Ang salitang *endowment* ay nangangahulugang "regalo o kaloob." Ang endowment sa templo ay isang kaloob mula sa Diyos kung saan ibinibigay Niya ang mga espesyal na basbas sa iyo, kabilang na ang "kapangyarihan mula sa itaas" (D at T 95:8).

Noong sumapi ka sa Simbahan, nakatanggap ka ng dalawang ordenansa—binyag at kumpirmasyon. Ang endowment sa templo ay matatanggap rin sa dalawang bahagi. Una, natatanggap mo ang panimulang ordenansa, kung saan "nahuhugasan" ka sa paraang simboliko at payak upang matanggap ang mga espesyal na basbas hinggil sa iyong banal na pamana at walang-hanggang potensyal. Sa ikalawang bahagi, natatanggap mo ang nalalabi sa iyong endowment habang mas natututo ka sa plano ng kaligtasan, kabilang ang Paglikha, ang ating layunin sa mundo, at ang misyon at Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

Habang nasa endowment, gumagawa tayo ng mga dakilang pangako na sumunod sa Diyos, sumunod kay Jesucristo, panatilihin ang kalinisang-puri, at tumulong sa pagtatayo ng kaharian ng Diyos. Kung tutuparin natin ang ating mga tipan, mapapasaatin ang pangako na matatanggap natin ang lahat ng mga walang-hanggang biyaya ng Diyos.

Mga Pagbubuklod

Ang mga pamilya ay sentro sa plano ng kaligayahan ng Diyos. Ang pagkakabuklod ng pamilya nang walang-hanggan ay ang pinakatampok na biyaya na mayroon sa templo sa pamamagitan ng awtoridad ng priesthood na magbuklod—ang parehong awtoridad na binanggit ni Jesus sa Kanyang mga Apostol (tingnan sa Mateo 16:19). Itinutulot ng mga pagbubuklod sa templo na magkasama ang mga mag-asawa at mga magulang sa kawalang-hanggan sa pamamagitan ng pagiging tapat nila sa kanilang mga tipan. ■

PAANO KAYO NAGHAHANDA?

Paano nakatutulong ang pagtupad sa iyong mga tipan sa binyag ngayon na maihanda ka sa pagtanggap ng mga ordenansa sa templo?

.....

.....

.....

Ano pa ang kakailanganin mo upang maging handa sa pagtanggap ng mga ordenansa sa templo?

.....

.....

.....

Ang iyong temple recommend ba ay current? Kung wala ka pang recommend, maaari kang makipag-appointment sa iyong bishop o branch president.

.....



Upang malaman pa ang tungkol sa pagpasok sa templo sa unang pagkakataon, bumisita sa "Inside Temples" sa **lds.org/temples.**

Isang Kaso ng

NAKAKALUNGKOT

Alam ko na dapat mahalin ang Sabbath, pero hindi ko alam kung paano.

Ni Alyssa Nielsen

Sinasabi sa mga banal na kasulatan na ang araw ng Sabbath ay banal na araw, araw na masaya at kalugud-lugod, araw ng pahinga, at araw ng pagdiriwang.[1] Ngunit ilang taon ang nakalipas, bago ako magbente anyos, lubhang miserable para sa akin ang araw ng Linggo. Sa halip na kapayapaan, nakadama ako ng stress. Sa halip na kaligayahan, kalungkutan. Sa halip na pag-asa, bagabag. Nagkaroon ako ng isang buong kaso ng nakakalungkot na Sabbath.

Tuwing Linggo ng umaga, matapos ang nakakahiyang tagal sa pagkahiga, sinasabi ko sa sarili ko na Linggo na nga, at magbibihis para magsimba. Sa simbahan, inaalala ko ang lumipas na linggo ko. Sa sakramento, iniisa-isa ko ang aking mga kabiguan, at hindi ako natatapos hanggang sa makatayo ang unang tagapagsalita. Ang nalalabing oras sa pagsisimba ay nagiging paglaban sa pagpipigil ng mga luha habang tumitindi ang damdamin ng kalungkutan sa simbahan.

Ang hapon ay gayon din. Nakakaramdam ako ng pagkabagabag sa mga pagpili ko noon, stress tungkol sa mga pagpipilian, at kalungkutan sa kasalukuyang pinagdaraanan. Dahil walang pasok sa paaralan at iba pang mga gawain na makaka-istorbo sa akin, nailalaan ko ang aking oras sa pag-iisip ng mga hindi magagandang alaala.

Matapos marinig, mabasa, at muling mabasa ang mensahe ni Pangulong Russell M. Nelson sa pangkalahatang kumperensya ng Oktubre 2015 sa kung paanong ang Sabbath ay kasiya-siya, ipinagdasal ko ang kapayapaan at pagmamahal sa Sabbath kaysa sa mga pagdurusang nadarama ko.[2] At dumating ang sagot.

Tumuon sa Ama sa Langit at kay Jesucristo

Naramdaman kong ginabayan ako sa pagtutuon ko ng aking pansin mula sa mga kamalasan tungo sa aking relasyon sa Ama sa Langit at sa



PAGLALARAWAN NI DAVID STOKER

NA SABBATH

Tagapagligtas. Sa halip na pagnilayan ang aking mga kabiguan, naglaan ako ng oras na pagnilayan ang kinalaman Nila sa aking buhay.

Kapag dumarating ang hindi magagandang kaisipan, inuulit ko sa aking sarili ang mga nalalaman at pinaniniwalaan ko tungkol sa Diyos at kay Jesucristo: Ako ay anak ng Diyos. Mahal Niya ako. Si Jesucristo ang aking nakakatandang Kapatid, at nagbayad-sala Siya para sa akin. Gusto Nila akong maging masaya at makabalik sa Kanila. Ang Sabbath ay isang regalo mula sa Diyos.

Sinimulan kong paganahin ang aking pananampalataya sa patotoong ito.

Masiglang Tanggapin ang Sakramento

Ang pagbabago ng aking pokus ang naging dahilan para muli kong isipin kung paano ako kikilos sa sakramento. Sa mahabang panahon ang tingin ko sa sakramento ay oras para parusahan ang sarili ko. Ngunit hindi iyon ang layunin nito. Ang sakramento ay isang banal na ordenansa upang sariwain ang ating mga tipan. Ito ay pagkakataon na maging malinis muli sa pamamagitan ng nagbabayad-salang kapangyarihan ni Jesucristo. Sa pagpokus sa ordenansa at tipan nang may pananampalataya at nagsisising puso, naunawaan ko na ang sakramento ay naghahandog ng kapayapaan sa aking pagtanggap ng kaloob ng kapatawaran, pagtupad sa aking mga tipan, at sa pagtanggap sa Espiritu ng Panginoon (tingnan sa D at T 20:77, 79).

Ang pag-alaala sa Pagbabayad-sala ni Cristo sa sakramento ay naghatid ng iba pang kaloob sa aking isip. Hindi lang ako mapapatawad, kundi makakatanggap din ako ng paghilom dahil sa pinasan ni Cristo sa sarili Niya ang aking mga pasakit at paghihirap (tingnan sa Alma 7:11–12). Sa pamamagitan ng Kanyang Pagbabayad-sala at ng sakramento, natatagpuan ko ang kapayapaan at kalakasan sa Sabbath—o sa anumang araw—sa halip na stress at kalungkutan.

At natagpuan ko ang kapayapaan na iyon. Ang aking Tagapagligtas ay naririyan para sa akin sa Linggo at sa tuwina!

Magkaroon ng Matiising Pananampalataya

Hindi ito naaayos sa loob ng isang linggo. Nahirapan ako, at gumugol ng panahon. “Datapuwa't kung nagsisiasa tayo sa hindi natin nakikita, kung magkagayo'y [naghihintay tayo nang] may pagtitiis” (Mga Taga Roma 8:25). Patuloy kong sinikap na magpokus at ipinagdasal na maramdaman ang pagibig para sa Sabbath.

Kalaunan, nahanap ko din ang kapayapaan at kasiyahan sa banal na araw na iyon, ngunit hindi ako maaaring umatras dahil baka malungkot na naman ako sa araw ng Sabbath. Bawat linggo ay nangangailangan ng matiyagang pagtutuon sa Tagapagligtas at sa layunin ng Sabbath, ngunit alam ko na ang ipinangakong kapayapaan at kaligayahan ay totoo. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Utah, USA.

MGA TALA

1. Tingnan sa Exodo 20:11; Exodo 31:15; Levitico 23:32; Isaias 58:13; Doktrina at mga Tipan 59:13.
2. Tingnan sa Russell M. Nelson, “Ang Sabbath ay Kaluguran,” *Liahona,* Mayo 2015, 129–32.)

ANG ILAN SA MGA

BRACKET

AY NAGTATAGAL NANG
ISANG BUWAN,



ANG ILAN NAMAN
AY NAGTATAGAL NANG

WALANG-HANGGAN

Itong bracket ay sumasagisag sa 2014 World Cup at hindi hula ng anumang laro sa hinaharap.

BACKGROUND PHOTO, BOLA NG SOCCER, AT MGA WATAWAT MULA SA GETTY IMAGES

Maaari Kang Maging Karapat-dapat sa Templo

Ni Elder Quentin L. Cook
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Lubos naming hinahangad na mamuhay ang mga miyembro ng Simbahan upang maging marapat na magkaroon ng temple recommend. Huwag nating isipin na napakahirap o imposibleng makapasok sa templo. Katulong ang kanilang bishop, magagawa ng karamihan sa mga miyembro ang lahat ng kabutihang kailangang gawin sa loob ng maikling panahon kung determinado silang maging karapat-dapat at lubos silang magsisisi sa mga kasalanan. Kabilang dito ang kahandaang patawarin ang ating sarili at huwag ituring na mga hadlang ang ating mga kakulangan o kasalanan sa pagkamarapat nating makapasok sa isang sagradong templo.

Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay isinakatuparan para sa lahat ng anak ng Diyos. Ang Kanyang nakatutubos na sakripisyo ay tumutugon sa hinihingi ng katarungan para sa lahat ng tunay na nagsisisi. Inilarawan ito ng mga banal na kasulatan sa isang napakagandang paraan:

"Bagaman ang inyong mga kasalanan ay maging tila mapula, ay magiging mapuputi na parang niebe" (Isaias 1:18).

"At hindi ko na aalalahanin [ang mga ito]" (Jeremias 31:34).

Tinitiyak namin sa inyo na ang pamumuhay ng mababuting alituntunin ay magdudulot ng kaligayahan ng pamilya, kapanatagan, at kapayapaan sa inyo at sa inyong pamilya. Ang mga miyembro, kapwa matatanda at mga kabataan, ay pinatutunayan ang kanilang pagiging karapat-dapat kapag sinasagot nila ang mga tanong para sa temple recommend. Ang lubos na kailangan ay palakasin ang ating patotoo sa Diyos Ama, sa Kanyang Anak na si Jesucristo, at sa Panunumbalik ng Kanyang ebanghelyo at maranasan ang patnubay ng Espiritu Santo.

Dapat ninyong malaman kung gaano namin ninanais na gawin ng lahat ang mga pagbabagong kinakailangan upang maging marapat sa templo. Mapanalanging pagnilayan ang espirituwal na sitwasyon ninyo sa buhay, hingin ang patnubay ng Espiritu, at kausapin ang inyong bishop tungkol sa paghahanda ninyo para sa templo. Sabi ni Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018), "Wala nang ibang mas mahalagang mithiing dapat ninyong pagsikapan kundi ang maging karapat-dapat na makapunta sa templo."[1]

Dalangin ko na parangalan natin ang Tagapagligtas at baguhin natin ang kinakailangang baguhin upang makita ang ating sarili sa loob ng Kanyang mga sagradong templo. Sa paggawa nito, maisasakatuparan natin ang Kanyang mga banal na layunin at maihahanda ang ating sarili at ating pamilya sa lahat ng pagpapalang maipagkakaloob ng Panginoon at ng Kanyang Simbahan sa buhay na ito at sa kawalang-hanggan. ■


Mula sa isang mensahe sa pangkalahatang kumperensya noong Abril 2016.

TALA

1. Thomas S. Monson, "Ang Banal na Templo—Isang Tanglaw sa Mundo," pangkalahatang kumperensya ng Abril 2011.

MGA PAGLALARAWAN MULA SA GETTY IMAGES AT NI ANDREW ROBERTS





Ipinanganak sa
Logan, Utah
noong Setyembre 8, 1940

Mula 1960 hanggang 1962, naglingkod siya sa
British Mission,
at si Elder Jeffrey R. Holland ay isa sa kanyang mga kompanyon.



Sinang-ayunan bilang miyembro ng
Korum ng Labindalawang Apostol
noong Oktubre 6, 2007





Naglaro sa state championship games kapwa sa
basketball
at
football
sa high school


Pinakasalan si Mary Gaddie sa
Logan Utah Temple
noong Nobyembre 30, 1962



May **3 anak**
at **11 apo**



Ang Paglalakbay ni Isabelle



Ni Jessica Larsen
Batay sa tunay na buhay

Brazil, 1992

Napatingala si Isabelle sa bughaw na kalangitan. Walang mga ulap na makikita. Binasa niya ang tuyo niyang mga labi.

Tahimik na kinakausap ng kanyang mga magulang si President Santiago, ang stake president. Maingay ang motor ng bangka kaya hindi niya sila madinig. Ngunit alam niya ang pinag-uusapan nila. Wala nang maiinom na tubig.

Sinikap ni Isabelle na magpokus sa pakay ng kanilang paglalakbay. Pupunta sila sa templo para mabuklod bilang isang pamilya! Naaalala niya ang mga magulang niya na nagkukuwento noong bata pa siya tungkol sa napakagandang templo sa São Paulo. Ang pagpunta doon ay tila isang fairy tale. Kunsabagay, ang pamilya ni Isabelle ay nakatira sa Manaus, sa gitna ng kagubatan ng Amazon, at ang templo ay mahigit 2,000 milya (3,219 km) ang layo.

Kaya inihanda ni President Santiago ang anim-na-araw nilang pagpunta doon. Mahigit 100 miyembro ang nagpasiyang tumuloy. “Ito ay isang sakripisyo,” sabi ni *Mamãe* sa kanya. “Ngunit ang pagsasakripisyo ay naghahatid ng mga pagpapala.”

Noong una ay nakakasabik ang paglalakbay. Natulog sila sa mga duyan sa kubyerta ng bangka, kumanta ng mga himno, at nagbasa ng mga banal na kasulatan.

Ngunit naubos na ang inumin nila, at ang tubig sa ilog ay napakarumi para inumin.

Naramdaman ni Isabelle na hinawakan ni *Mamãe* ang kanyang braso. “Pinagtitipon tayong lahat ni President Santiago,” sabi niya. “Ipagdarasal natin na umulan.”

Sumali si Isabelle sa grupo, at nanalangin sila. Pagkatapos ng pagdarasal, nakaramdam siya ng malamig na dampi ng hangin sa kanyang leeg. Nagmadali siya papunta sa gilid ng bangka at nagulat. Mabibigat na ulap ang paparating sa kanila. Maya-maya ay nagsimulang umulan! Ngumanga siya para saluhin ang mga patak ng ulan sa kanyang dila.

“Dali!” sigaw ni *Mamãe*. “Kumuha kayo ng mga timba, kawali—kahit ano!”

Kumuha si Isabelle ng kawali at inilabas ito. Gusto niyang makasahod ng maraming tubig. Lahat ay nagtulungan, nagtatawanan at nagdidiwang. Maya-maya pa ay basang-basa na sila! Nagtagal ang ulan ng mga 15 minuto. Sapat ito upang makaipon ng kakailanganin nilang tubig. Isang himala iyon.

Kalaunan ay nakadaong ang bangka sa lupa. Ngunit may 1,500 milya (2,414 km) pa silang lalakbayin. Bawat isa ay sumakay sa bus para sa nalalabi nilang paglalakbay. Matagtag ang kanilang biyahe nang ilang araw.


Mahaba at mapanganib ang paglalakbay, ngunit ang pagpunta sa templo ay sulit naman.



WALANG KATUMBAS NA MGA PAGPAPALA

"Ang mga pagpapala ng templo ay walang katumbas."

Pangulong Thomas S. Monson (1927–2018), "Mga Pagpapala ng Templo," *Liahona*, Mayo 2015, 93.



Minsan ay matindi ang talbog nito kaya nabasag ang windshield! Minsan inabot sila sa mainit at mataong mga siyudad. Pero kahit paano hindi malubak ang kalsada!


Lahat ay nagpapasalamat sa tuwing hihinto sila sa isang nayon o bayan para kumain. Kumain sila sa mga kapilya o kasama ng mga miyembro ng Simbahan habang daan. Sa unang gabi, ginabi sila masyado kaya inakala ni Isabelle na walang mag-aabang sa kanila. "Huwag kang mag-alala," sabi ni *Mamãe* nang nakangiti kahit pagod. "Tingnan ninyo!"

Ang branch president at mga miyembro ng Simbahan ay nakapila sa tabi ng kalsada. May hawak silang karatula na nagsasabing "Ang sakripisyo ay naghahatid ng mga pagpapala." Napangiti si Isabelle. Tama si *Mamãe*!

Matapos ang tatlong matagtag na mga araw, nakarating din sila ng São Paulo. Tumayo si Isabelle sa kanyang kinauupuan para mas makakita ng tanawin habang paliko ang bus. Biglang nagsihiyawan ang lahat ng nasa bus. "*O templo! O templo!*" Nakikita nila ang mataas at manipis na tore na umaangat sa ibabaw ng niyugan. Nasisikatan ng araw ang estatwa ni anghel Moroni.

Lahat ay pagod, pero walang gustong magpahinga. Gusto na nilang mabuklod agad. Noong oras na nang pamilya ni Isabelle para mabuklod, maingat na nagbihis ng puti si Isabelle. Habang naglalakad siya papunta sa silid ng pagbubuklod, nakita niya ang kanyang tatay na nakangiti. Pumapatak ang mga luha ng kaligayahan sa mukha ni *Mamãe*. Naging mahaba at mapanganib ang paglalakbay. "Ngunit sulit naman ang pagsasakripisyo," naisip ni Isabelle. Ngumiti siya nang pumwesto na siya para mabuklod sa kanyang pamilya nang walang-hanggan. ■

Ang awtor ay naninirahan sa Texas, USA.



Noong 2012 isang templo ang itinayo sa Manaus, Brazil, kung saan lumaki si Isabelle. Sa mga panahong iyon, si Isabelle at ang ibang mga bata ay nagsilakihan na at may mga kani-kanyang pamilya na. Marami sa kanila ang pumunta para makita ang napakagandang templong ito at maalala ang kanilang sariling paglalakbay.

Ni Jenna Koford

Batay sa tunay na buhay

Butihing Lolo at Lola

Hindi nasasabik si Andrew sa paparating na Bring-a-Parent-to-School Day.

"Dito ako'y may mag-anak. Kami'y nagmamahalan" (Aklat ng mga Awit Pambata, *98*).

"Andrew! Nandito na ang bus!" pagtawag ni Nana. Nagmadali si Andrew palabas ng pinto. Nagpaalam na siya sa kanyang Nana, Papa, at nakababatang kapatid na si Amy. Si Amy ay maliit pa para pumasok sa paaralan, kaya naiwan siya sa bahay kasama nina Nana at Papa.

Gusto ni Andrew sa paaralan. Gusto niyang makipaglaro sa mga kaibigan niya tuwing recess. Gusto niya ang kanyang guro na si Bb. Kimball.

Pagkatapos ng recess sa umaga, sinabi ni Bb. Kimball, "Sa susunod na linggo ay magkakaroon ng Bring-a-Parent-to-School Day. Pagdating ng mga magulang ninyo, dapat ay may maipakita silang anumang bagay na galing sa kanilang trabaho. Sabik kaming marinig sila!"

PAGLALARAWAN NI GUY FRANCIS

Nag-init ang mukha ni Andrew. Wala siyang masabi tungkol sa kanyang mga magulang. Wala siya masyadong alam tungkol sa nanay niya. Umalis siya noong maliit pa lamang siya. At hindi man lang kilala ni Andrew ang kanyang ama.


Naririnig ni Andrew ang ibang mga bata na nagkukuwentuhan tungkol sa kanilang mga magulang. Bumbero ang nanay ni Tony, at nagtatrabaho sa zoo ang tatay ni Jessica. Umasa sila na magdadala ng unggoy o sloth sa klase ang tatay niya!

"Ano naman ang mga magulang mo?" tanong ni Tony kay Andrew.

Tumingin sa kanyang mga paa si Andrew. Nagkibit-balikat siya. "Nakatira ako sa lolo at lola ko."

Mahal ni Andrew ang kanyang Nana at Papa, pero wala silang mga tanyag na trabaho. Nagtitinda si Nana ng mga kumot at mga damit pambata. Nagmamaneho si Papa ng trak ng mga pagkain. Hindi nasasabik si Andrew sa paparating na Bring-a-Parent-to-School Day.

Noong gabing iyon, nabasa ni Andrew ang unang kabanata sa Aklat ni Mormon: "Ako, si Nephi, na isinilang sa butihing mga magulang . . ." (1 Nephi 1:1).



"Hindi ako nakatira sa mga magulang ko," naisip ni Andrew. "Kasama ko lang sina Nana at Papa."

Nang biglang pumasok si Amy sa loob ng kuwarto ni Andrew, yakap-yakap ang isang mabalahibong kumot. Inangat niya ito para makita ni Andrew. "Gawa ni Nana!"

"Oo, gawa ni Nana 'yan para sa iyo." Medyo napangiti si Andrew.

Naalala niya ang magagandang ginawa ni Nana para sa kanya—paghahanda ng almusal bago pumasok sa paaralan, pagtulong sa kanyang mga takdang-aralin, pakikipaglaro sa kanya at kay Amy. Parang nanay na rin si Nana.

Tapos ay naalala niya si Papa. Binasahan ni Papa si Andrew ng mga kuwento gabi-gabi. Tumulong din siya sa mga takdang-aralin. Tinuruan din niya si Andrew kung paano magbisikleta. Parang tatay na rin niya si Papa.

Lalong napangiti si Andrew. Pinasasalamatan talaga niya sina Nana at Papa. Kinakabahan pa rin siya sa pagdadala ng lolo o lola sa paaralan. Ngunit magiging maayos din iyon. "Maaaring wala akong butihing mga magulang," naisip niya, "ngunit may mga butihing lolo at lola ako, at napaka-espesyal niyon."

Sa Bring-a-Parent-to-School Day, umupo si Andrew sa tabi ni Papa sa likuran ng klase at nakinig sa mga magulang ng ibang mga bata. Nagdala ang nanay ni Tony ng kasuotan ng bumbero. Pinasubok niya ang lahat na isuot ang kanyang helmet. Nagdala ang tatay ni Jessica ng pagong mula sa zoo.


"Ikaw naman, Andrew," sabi ni Bb. Kimball.

Naglakad papunta sa harapan si Andrew kasama si Papa. Huminga siya nang malalim at nagsabing, "Nagmamaneho ang Papa ko ng malaking trak at naghahatid ng mga pagkain. Marami siyang nakikilalang mga tao, at napakasipag niya."

Tumingala si Andrew at nakita niya si Papa na nakangiti. Tapos ay nagkuwento si Papa tungkol sa pagmamaneho ng trak. May dala din siyang mga pagkain mula sa kanyang trabaho para sa lahat! Maraming tanong ang mga kaklase ni Andrew kay Papa tungkol sa kanyang trabaho.

Masaya si Andrew na kasama niya si Papa. Siya at si Papa at si Nana at si Amy ay isang pamilya—at masasabi na butihin sila. ■

Ang awtor ay nakatira sa Utah, USA


At Naging
Walang-
Hanggang
Pamilya

Ni Jane McBride


Batay sa tunay na buhay

“Lahat ng mga bagay na inyong talian sa lupa ay tatalian sa langit” (Helaman 10:7).

Ano ang kahulugan ng ‘Ang mga Pamilya ay Walang-Hanggan’? tanong ni Mia. Ginalaw niya ang kanyang piyesa sa chess board. Siya at ang kanyang matalik na kaibigan, si Zoey, ay naglalaro sa sala nina Zoey. Sa dingding ay may maliit na karatula na nagsasabing, “Ang mga pamilya ay walang-hanggan.” Gusto ni Mia ang narinig niya.

“Ibig sabihin kahit matapos mamatay, isang pamilya pa rin kayo,” paliwanag ni Zoey. Naglapag siya ng isang card at ginalaw ang kanyang piyesa.

Tumingin sa paligid ng kuwarto si Mia. Mukhang karaniwan ito. May mga sopa, mesa, unan, at TV. Ngunit iba sa pakiramdam ang bahay nina Zoey kaysa sa kanila. “Walang-hanggang pamilya din ba kayo?” tanong ni Mia.



Tumingala si Zoey mula sa laro nang nakangiti. “Oo! “Ikinasal ang mga magulang ko sa templo. Kaya magsasama-sama kami nang walang-hanggan.”

“Kaya ba kakaiba ang bahay ninyo?” tanong ni Mia.

Mukhang naguluhan si Zoey. “Kakaiba?”

Hindi maipaliwanag ni Mia ang pakiramdam sa bahay nina Zoey. Masaya doon at may magiliw na pakiramdam. Ngunit nakakaasiwang sabihin iyon. “Hayaan mo na,” sabi niya. “Maglaro na lang tayo.”

Noong gabing iyon hindi matigil si Mia sa kakaisip sa sinabi ni Zoey tungkol sa walang-hanggang pamilya. Gustung-gusto niya ang pakiramdam sa bahay nila Zoey. Lilipat sa Ontario, Canada ang pamilya ni Mia sa loob ng ilang araw. Inisip niya kung ano ang mararamdaman niya sa bago nilang bahay.

“Nay, ang saya sa pakiramdam doon sa bahay nina Zoey,” sabi ni Mia habang kinukumutan na siya. “Gusto kong ganun din ang ating bahay.” Inisip ni Mia kung gaano niya kamahal ang kanyang Nanay, Tatay, at mga nakababatang kapatid. “Gusto ko rin na walang-hanggang pamilya tayo.”

Nakinig nang husto si Nanay. Sumagot siya, “Gusto ko rin.”

Kinabukasan, tumawag si Nanay sa nanay ni Zoey. Nalaman niya na ang pamilya nina Zoey ay dumadalo sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

“Gusto kong magsimba diyan,” sabi ni Mia sa mga magulang niya habang nag-iimpake sila. Mababakante na ang kanilang bahay.

“Sabi ng nanay ni Zoey matutulungan niya tayong makahanap ng pagsisimbahan,” sabi ni Tatay habang nilalagyan ng teyp ang kahon.

Ngumiti si Mia at nakaramdam ng matinding kasabikan. Maaaring ang bago nilang bahay ay kasing-sigla at kasing-saya ng kina Zoey!

Nang matapos silang maglipat-bahay, nagsimulang magsimba ang pamilya ni Mia. Napakabait ng mga tao doon. Lahat ay nagtatawagan doon ng “Brother” at “Sister.” Dumalo si Mia sa primary kasama ng kanyang mga nakababatang kapatid. Gustung-gusto niyang kumanta at magbasa ng mga banal na kasulatan.

Kalaunan ay may dalawang kabataang babae na pumunta sa bahay nina Mia. Ang pangalan nila ay Sister Justin at Sister Ramos, at sila ay mga missionary. Ibinahagi nila sa pamilya ni Mia ang tungkol sa Ama sa Langit, kay Jesus, at sa Aklat ni Mormon. Gustung-gusto ni Mia na marinig ang tungkol sa ebanghelyo. Kahit ang mga nakababata niyang kapatid ay matahimik na nakinig.

Sinabi ni Mia kina Sister Ramos at Sister Justin ang tungkol sa bahay nina Zoey. “Gusto ko ng walang-hanggang pamilya kagaya ng kina Zoey.”

“Gusto ng Ama sa Langit na lahat tayo ay may walang-hanggang pamilya,” sabi ni Sister Ramos nang nakangiti. “Gusto Niya tayong maging masaya.”

Hindi nagtagal nagpasiyang magpabinyag ang pamilya ni Mia.

Naglakbay ang pamilya ni Zoey papuntang Ontario para sa binyag nila. Makalipas ang isang taon, bumalik sila ulit. Ngayon naman ay dahil ibubuklod na ang pamilya ni Mia sa templo!

Sa araw ng kanilang pagbubuklod, tumayo si Mia kasama ng pamilya niya sa labas ng templo, na nakasuot ng puting damit. Napakalaki ng kanilang mga ngiti. Nakaramdam si Mia ng sigla at kapayapaan. “Walang-hanggang pamilya na tayo ngayon!” sinabi niya nang masaya.

“Tama iyan,” sabi ni Itay. “Walang-hanggang pamilya na tayo.” ■

Ang awtor ay naninirahan sa Colorado, USA.

PAGLALARAWAN NI BRYAN BEACH

Isang Kaibigan at Isang Missionary

Hi!
Ako si Juan Bautista, at ako ay taga Argentina.

Pinaniningning ko ang aking ilaw sa pamamagitan ng pagbabahagi ng ebanghelyo.



Matalik na Magkaibigan
Ako at ang matalik kong kaibigan na si Facundo ay magkakilala mula noong limang taong gulang pa lang kami. Mahilig kami pareho sa football! Niyaya ko siya sa maraming akitibidad sa Simbahan.



2

Unang Tanong ni Facundo

Minsang kasama namin si Facundo sa hapunan, nagtanong siya, “Bakit laging nagdarasal ang pamilya ninyo?” Sinabi ko na dahil pinagpapala tayo ng Ama sa Langit, at sa ganitong paraan natin Siya napapasalamatan. Namangha siya!



3

Family Home Evening

Dumalo sa family home evening namin si Facundo noong naghahanda ang kapatid ko na si Benjamin para sa binyag. Naramdaman ni Facundo ang Espiritu, at nagtanong kung maaari din ba siyang magpabinyag! Kinausap ng tatay ko ang mga magulang ni Facundo.

Tinuruan ng mga missionary ang pamilya ni Facundo. Tapos ay nabinyagan si Facundo at ang kapatid niyang si Augustine! Nagsisimba ang kanyang mga magulang, pero hindi pa sila nabibinyagan.



4



Pangalawang Tanong ni Facundo

Tinanong ni Facundo ang aking nanay kung magiging pareho kami ng kaalaman tungkol sa Diyos. Ngumiti siya at sinabi na kung pag-aaralan niya ang mga banal na kasulatan at magdarasal, mas higit pa ang malalaman niya!


PAANO KAYO MAGNINGNING?

- Anyayahan ang isang kaibigan sa isang aktibidad sa simbahan o sa family home evening.
- Maging mabuting halimbawa ng kabaitan at pagmamahal.
- Magdasal para sa tulong at inspirasyon.

PADALHAN KAMI NG ISANG BITUIN!

Hiniling sa atin ni Jesus na “dapat ninyong paliwanagin ang inyong ilaw sa harap ng mga tao” (Mateo 5:16). Paano mo pinaniningning ang iyong ilaw? Gumupit ng isang bituin at isulat ang inyong kuwento rito. Magpatulong sa magulang na i-email ang larawan ng iyong bituin, kasama ng kanilang pahintulot, sa liahona@ldschurch.org.

MGA LARAWANG KUHA NI ALEJANDRO GUTIÉRREZ. MGA LARAWAN SA BINYAG, MULA SA PAMILYA NI FACUNDO.



MGA PAGLALARAWAN NI BEN SIMONSEN, BATAY SA MGA HARDIN NG PARIS FRANCE TEMPLE



"Mayroon akong pananampalataya at patotoo kay Jesucristo at sa Kanyang papel bilang ating Tagapagligtas at Manunubos."


Ni Elder Gary E. Stevenson
Ng Korum ng Labindalawang Apostol

Mula sa "A Gospel Perspective" (Brigham Young University–Hawaii devotional, Set. 19, 2017), devotional.byuh.edu.

Samahan ng mga Nagbabasa
ng Aklat ni Mormon

SUMALI SA PAMAMAGITAN NG PAGBABASA NG AKLAT NI MORMON!

Maaari kang magbasang mag-isa, kasama ang pamilya mo, o ang isang kaibigan. Pagkatapos ay ipadala sa amin ang larawan na nagbabasa ka ng Aklat ni Mormon at magsabi sa amin ng iyong natutunan o ng iyong paboritong kuwento mula sa Aklat ni Mormon. Ipadala ito sa liahona.lds.org (iklik ang "Submit an Article").



Ang Banal na Kasulatan sa Buwang Ito:

Helaman 5:12

"Tandaan, tandaan na sa bato na ating Manunubos, na si Cristo, ang Anak ng Diyos, ninyo kailangang itayo ang inyong saligan."



Binabasa ng aking pamilya ang Aklat ni Mormon. Minsan isinasadula namin ang mga kuwento. Nakakatuwa ito. Natututo ako ng mga bagong salita at bagay araw-araw. Ang paggawa ng mga bagay na ito ay nakakatulong sa akin na manatiling nakatuon sa sacrament meeting at sa Primary. Tinutulungan din ako nito na mas mapalapit sa aking pamilya.

Amaron I., edad 7, Phnom Penh, Cambodia



Gustung-gusto kong basahin ang Aklat ni Mormon simula pa noong ibinahagi ito sa amin ng mga missionary. Ang paborito kong kuwento ay nasa aklat ni Mosias, kung saan si Haring Benjamin ay nanungkulan gamit ang kanyang pananampalataya. Gusto kong maging tapat at masunurin sa mga ipapagawa sa akin ng aking mga magulang.

Janice S., edad 10, Iloilo, Philippines

ANG ATING PAHINA



“Unang Pangitain,” ni Alana L., edad 7, São Paulo, Brazil



Marco Z., edad 9, Lima, Peru



Masayang-masaya akong mabinyagan sa totoong Simbahan ni Jesucristo. Alam ko na ang Aklat ni Mormon ay totoo, at gustung-gusto ko itong basahin araw-araw. Dahil dito nagiging mas responsableng kuya ako sa aking mga kapatid.

Andrei L., edad 10, Iloilo, Philippines



Harada K., edad 8, Yokohama, Japan

Si Ruth ay Isang Tapat na Kaibigan

Isang babae na nagngangalang Noemi ang nakatirang kasama ng kanyang dalawang anak na lalaki at mga manugang. Noong parehong namatay na ang kanyang mga anak, sinabihan ni Noemi ang kanyang mga manugang na makakabalik na sila sa kanilang mga pamilya. Ngunit isa sa mga manugang, si Ruth, ay napakatapat. Pinili niyang manatili at alagaan si Noemi. Pumunta si Ruth sa kalapit na bukid para mamulot ng mga uhay. Narinig ng may-ari ng bukid ang tungkol sa magandang pagkatao ni Ruth. Mabait siya kay Ruth. Nagpasiya si Ruth na magpakasal sa kanya. Nanatiling mabuting magkaibigan sina Ruth at Noemi, at tumulong si Noemi sa pag-aalaga sa anak ni Ruth. Makalipas ang maraming taon, si Jesus ay isinilang mula sa kanilang lahi. Ibig sabihin, si Ruth ay isa sa mga ninuno ni Jesus!

Basahin ang tungkol kay Ruth sa Ruth 1–4.



"Si Ruth ay mabait at mapagmahal," ni Kylee Q., edad 8, Virginia, USA

PAGLALARAWAN NI DILLEEN MARSH



Pinili ni Ruth na maging tapat na kaibigan, at kaya ko rin!

- ☐ Kabisaduhin ang Ruth 1:16.
- ☐ Ang pagiging tapat ay nangangahulugan ng pagsuporta sa iba kahit na mahirap. Sumulat sa iyong journal tungkol sa isang beses na may naging tapat sa iyo.
- ☐ Magkaroon ng bagong kaibigan sa linggong ito. Alamin ang tatlong nakakatuwang bagay tungkol sa kanila!
- ☐ Maaari akong maging mabuting kaibigan sa pagiging . . .


_____

_____

Ana at Samuel

Ni Kim Webb Reid

Napakalungkot ni Ana na wala siyang anak. Nanalangin siya sa templo. Nangako siya na kung magkakaroon siya ng anak na lalaki, palalakihin niya ito para maglingkod sa Diyos.





Nagkaroon nga ng anak si Ana at ang asawa niya! Pinangalanan niya ito na Samuel. Alam niya na sinagot ng Diyos ang kanyang panalangin.

MGA PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Habang lumalaki si Samuel, tinupad ni Ana ang kanyang pangako. Hiniling niya kay Eli, ang saserdote sa templo, na turuan si Samuel kung paano maglingkod sa Diyos. Tumulong si Eli sa pag-aalaga kay Samuel.

Isang gabi habang nakahiga si Samuel, nakarinig siya ng isang tinig. Tinanong niya si Eli kung tinawag ba niya siya. Sinabi ni Eli na ang Diyos ang nakikipag-usap kay Samuel. Nang sumunod na narinig ni Samuel ang tinig, nakinig siya. At nangusap ang Diyos kay Samuel. Nakinig si Samuel sa Diyos at sumunod sa Kanya.






Kaya kong matuto tungkol sa Diyos at sumunod sa Kanyang mga utos! ■

Mula sa 1 Samuel 1–3.

Kaya Kong Magbahagi sa Iba



PAGLALARAWAN NI APRYL STOTT



Ni Pangulong Ezra Taft Benson (1899–1994)

ANG AKLAT NI MORMON AY NAGHAHATID NG KASAGANAAN

May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat.



Hindi ba't may nadarama tayo sa kaibuturan ng ating mga puso na naghahangad na mapalapit sa Diyos, na maging higit na katulad Niya sa ating buhay sa araw-araw, na madama sa tuwina ang Kanyang presensya? Kung gayon, ang Aklat ni Mormon ang tutulong sa atin upang magawa ito nang higit pa sa alinmang aklat.

Hindi lamang dahil itinuturo sa atin ng Aklat ni Mormon ang katotohanan, bagama't ito nga ang ginagawa nito. Hindi lamang dahil nagpapatotoo ang Aklat ni Mormon tungkol kay Cristo, bagama't ito nga rin ang ginagawa nito. Mayroon pang iba. May kapangyarihan sa aklat na iyon na magsisimulang dumaloy sa inyong buhay sa sandaling simulan ninyong dibdibang pag-aralan ang aklat. Magkakaroon kayo ng karagdagang lakas para labanan ang tukso. Magkakaroon kayo ng kapangyarihang iwasan ang panlilinlang. Magkakaroon kayo ng lakas na manatili sa makipot at makitid na landas. Ang mga banal na kasulatan ay tinatawag na "mga salita ng buhay" (D at T 84:85), at wala nang iba pang aklat na higit na totoo kaysa sa Aklat ni Mormon. Kapag nagsimula kayong magutom at mauhaw sa mga salitang iyon, makikita ninyo na lubos na sasagana ang buhay. . . .

Ang mga pangakong ito—ibayong pagmamahal at pagkakasundo sa tahanan, malaking paggalang sa pagitan ng magulang at anak, mas malakas na espirituwalidad at kabutihan—ay hindi mga pangako na walang-kabuluhan, kundi ito ang siyang talagang ibig sabihin ni Propetang Joseph Smith nang sabihin niyang tutulungan tayo ng Aklat ni Mormon na mas mapalapit sa Diyos.

Mahigit sampung taon na ang nakaraan nang ipahayag ko ang sumusunod hinggil sa Aklat ni Mormon:

"Nakabatay ba ang walang-hanggang ibubunga sa ginagawa natin sa aklat na ito? Oo, maaaring sa ating ikapagpapala o sa ating kapahamakan.

"Dapat pag-aralan ng bawat Banal sa mga Huling Araw ang aklat na ito nang habambuhay. Kung hindi ay ipinapahamak niya ang kanyang kaluluwa at kinaliligtaan yaong bagay na mapagkakasundo ang espirituwal at intelektuwal na aspeto sa kanyang buong buhay. May pagkakaiba sa pagitan ng miyembrong nakasalig sa bato ni Cristo sa pamamagitan ng Aklat ni Mormon at nananatiling nakahawak sa gabay na bakal na iyan, at sa taong hindi."

"Huwag tayong manatili sa ilalim ng kaparusahan . . . sa pamamagitan ng pagbabalewala sa napakaganda at kahanga-hangang kaloob na ito na ibinigay sa atin ng Panginoon. Sa halip, kamtin natin ang mga pangakong kaakibat ng pagpapahalaga nito sa ating mga puso. ■

Mula sa "The Book of Mormon—Keystone of Our Religion," Ensign, *Nob. 1986, 4–7.*

PAGLALARAWAN NI BJORN THORKELSON



PATUNGONG KANLURAN,
NI DAVID MEIKLE

Mula 1856 hanggang 1860, 10 grupo ng mga handcart company na binubuo ng 3,000 mga Banal sa mga Huling Araw na lumikas mula sa England, Wales, Scotland, at Scandinavia ang naglakad ng 1,300 milya (2,090 km) upang sumama sa iba pang mga Banal sa Sion. Dinala ng mga pioneer na ito ang lahat ng kanilang mga pag-aari papunta sa kapatagan ng Amerika lulan ng mga 3′ x 5′ (1 x 1.5 m) na karitong kahoy.



MGA YOUNG ADULT

PAKIRAMDAM MO BA AY NAWAWALAN KA NG KONEKSYON?

Nabubuhay tayo sa panahon ng nakakagambalang pamumuhay at walang paghihintay. Ngunit para tunay na makaugnay sa Diyos, kailangan nating magdahan-dahan at magsitigil sandali.

48

MGA KABATAAN

NAHIHIRAPAN SA ISANG TANONG? HETO ANG TULONG.

50

SACRAMENT MEETING

7 PAYO SA PAGBIBIGAY NG MENSAHE

56

MGA BATA

SUMALI SA AMING SAMAHAN NG MGA NAGBABASA NG AKLAT NI MORMON!

82

4 02147 98893 5
TAGALOG

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW